# *Ang Katangkaran Ng Isang Taong Sakdal*

Salamat, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Panginoon. Kay inam na makabalik muli sa tabernakulo ngayong umaga. Isang mabiyayang "magandang umaga," sa inyong lahat. At umaasa akong magiging isang magandang umaga ito para sa ating lahat, sa—sa Presensya ng ating Panginoon. At ngayon may aralin ako ngayong umaga. Gusto kong dumako kaagad sa araling ito, dahil ito'y isang. . .sa tingin ko'y mahalaga ito. At ito'y isang. . .At para hindi na maaburido nang labis ang madla, alam n'yo, na kinakailangang manatili nang matagal, haya't maraming nakatayo. Dadako na ako nang diretso mismo sa aralin.

2 At ngayon, mamayang gabi, gusto kong mangusap sa paksa ukol sa *Ang Patnubay Ng Aking Buhay*. At umaasa ako na marami, hangga't maaari, ang makadadalo mamaya, mamayang gabi. Pero, kung may sarili kayong simbahan, kami'y. . . mangyari nga, nais namin na nasa—nasa inyong simbahan kayo. Tungkulin n'yo na naroon kayo, sa dako ng katungkulan n'yo, para pagliwanagin ang inyong ilaw.

3 Ngayon, patuloy kaming umaasa, na sa bawat pagbalik n'yo, magkakaroon tayo ng mas maluwag-luwag na dako rito. Pero nahihirapan kami ukol diyan, oh, sa kung saan-saang tanggapan. Haya't trinatrabaho ito nang husto ng lupon ng mga katiwala. At magpapasa sila sa isang tanggapan, aaprubahan ito dun; pagkatapos ipapasa sa isa uling tanggapan, tapos di nila aaprubahan. At ipapasa pabalik, at aaprubahan nila sa tanggapan *dito*, at ibabalik. Oh, talagang pinapahirapan kami! Pero, alam n'yo, palaging nilalabanan ni Satanas ang tama. Tandaan n'yo, palagi kayong tama tungkol. . .

4 Iniisip ko kung nasaan ka, Anthony. Nakikita kong nagkita na kayo ng tatay mo. At tumingin ako, diyan sa mga tagapakinig. Sabi niya nakaupo ka raw riyan. Masaya kaming makapunta ka rito at ang tatay mo para makasama namin, si Kapatid na Milano na nanggaling pa ng New York. Sana, sa pagpunta ko sa ibang bansa sa pagkakataong ito, sana makalipad man lang ako, mula sa New York, doon sa kung saang lugar, kung loloobin ng Panginoon.

5 At mangyari po na masayang-masaya kami para sa bawat isa sa inyo. Sadyang—sadyang mabuti na nandito kayo.

6 At nagkaroon tayo ng kaaya-ayang panahon kagabi, o kahit ako nga. Nagkaroon ako ng isang. . . [Sinasabi ng kongregasyon,

"Amen."—Pat.] "At si Isaias sa templo." At kaya inyong. . .

7 At ngayong umaga, gusto nating mangusap sa paksa, o magturo, pala, kung magagawa natin, "Pagtatayo ng buhay na Tabernakulo; pagtatayo ng—pagtatayo ng buhay na Tabernakulo ng tahanan ng buhay na Diyos, ang Taong sakdal; ang buhay na Tabernakulo ng buhay na Diyos, kung saan Siya tumatahan." At kung. . .

8 Sa pagkakaalam ko'y nagkaroon sila ng ilang magagandang pag-aawitan dito. Hindi ko nga lang ito napapakinggan. At mamayang gabi, sisikapin kong makapunta rito. Sinabi sa akin ng maybahay ko ang tungkol sa isang Kapatid na Ungren, sa palagay ko 'yun ang pangalan niya, na taga-roon sa—sa Tennessee. Ngayon, narito siya kagabi. Hindi ko siya nakikita ngayong umaga, pero sa palagay ko'y narito siya sa kung saang banda. At gusto ko siyang mapakinggang kumanta mamayang gabi, kung magagawa ko, siyanga, kahit alin sa *Down From His Glory*, o *How Great Thou Art*. Gusto kong marinig 'yun. Ilan ang nais marinig si Kapatid na Ungren? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, gusto ko—gustong-gusto ko talaga ng magandang pag-aawitan. At ang sabi ni Meda'y ang boses daw niya'y parang baritono. At naaalala ko tuloy ang ating Kapatid na Baxter; isa siyang mang-aawit, din, gaya nga ng nalalaman nating lahat. At *Down From His Glory,* o *How Great Thou Art*. Sa palagay ko'y nahanap ko na siya, diyan. . .Ayos lang po ba, Kapatid na Ungren, mamayang gabi, kung maaari, kung nandito ka pa? Nandito ka pa ba, o marahil sisikapin na makapanatili pa para sa panggabing gawain? Buweno, ako—ako. . .Buweno, huwag. . .sasabihin ko po, paano kung ganito na lang, kung ating. . .ayaw kong magdulot ng pagkaligalig kaninuman. Pero bakit hindi na lang, kung ganoon, kung magagawa natin, sa iskedyul nung *Ang Pitong Tatak*, kapag ipinangaral natin 'yun, marahil kung pupunta ka. Gusto ko itong i-teyp, kita mo, para marekord 'yun, *How Great Thou Art*, at, maging, 'yung, *Down From His Glory,* sa panahon na 'yan.

9 Oh, hindi ba't kay sarap na maglingkod sa Panginoon? Hindi ko alam kung anong gagawin ko kung hindi ako Cristiano!. . .?. . .Talaga ngang napakasarap maging isang Cristiano. Parang gusto kong magtatalon at magsisigaw, sa abot ng makakaya ng tinig ko. Ang maging Cristiano, isipin n'yo, na nakaangkla nang buong-buo kay Cristo!

10 Alam kong nagkakamali ako sa pagbanggit ng pangalan ng lalaking ito sa tuwina. Alinman kasi 'yun sa S.T. o T.S., o parang ganoon. Sumners, Kapatid na Sumner. Siya. . .Gusto ko siyang pasalamatan at ang kanyang pinakamamahal na munting maybahay. Sa palagay ko'y gumugol yata siya, para bang, halos anim na buwan, sa pagmamakinilya nitong *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. At ngayon mayroon na tayo nito rito, nakamakinilya na, handa na para sa pagwawasto, at

pagsasaaklat, *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. Kapatid na babaing Sumner, nasaan ka man, tunay na papayagan mo kaming bayaran ka para dun. Yun, masyadong matrabaho kasi 'yun. Aba'y, *ganoon* po itong kakapal. Aabutin ako ng mga anim na buwan para basahin lang ito, 'yun pa kayang kailangan mo itong isalin mula sa teyp, at pagkatapos ay transpormahin 'yun at alisin 'yung mga dumudoble-doble, at isaaklat ito. Ihahanda na namin ito't ipadadala na sa palimbagan sa lalong madaling panahon, dahil sa tingin namin ito'y isang bagay na dapat magkaroon ang mga tao ngayon, at maaari n'yo itong pag-aralan. At ipinapakita nga ito sa akin ni Billy, pagpasok ko roon sa likod, mga ilang minuto pa lang kanina, na—na—na ito'y—ito'y handa na ngayon na ipadala sa limbagan. Kaya naman, kapatid, babayaran ka ng tabernakulo para dun. Hindi ako umaasa na gagawin mo 'yun nang walang anuman. At—at o alinman sa aming . . . Kapag nakuha na namin 'yung aklat at kailangan nang presyuhan 'yun, o kung ano, maglalagay kami ng presyo kung saan may makukuha ka sa tuwing mabebenta nila ito, basta alinman dun. Makipag-usap ka lamang sa lupon, sa lupon ng mga katiwala, o sa ilan sa kanila roon, at sila na ang bahala rito para sa iyo. Pagpalain ka nang lubos ng Panginoon.

11 Sina munting matandang Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Kidd ay nakaupo rito, nasa halos sandaan na ang edad, o kaunti na lang. At nasalubong ko ang kapatid na babae kanina, at sabi niya, "Buweno, ito na marahil ang huling pagkakataon ko na makita ka, Kapatid na Billy." Sabi, "Tumatanda na ako."

12 Sabi ko, "Oh, naku! Ayaw kitang marinig na sinasabi 'yan. Kayo'y para nang isang kalugud-lugod na matandang nanay at tatay ko." Mahal natin sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Kidd. Tayo, bawat isa, ay minamahal sila. At sadya ngang . . .

13 Naaantig ako rito kapag nakikita ko silang naglalakad papasok ng simbahan, at isang munting matandang mag-asawa na ganoon. At sadyang naiisip ko, nangangaral na sila ng Ebanghelyo bago pa man ako ipinanganak. At matanda na ako. Oo, isipin n'yo na lang, nangangaral na sila bago pa ako ipinanganak. At heto na ako ngayon, naiisip kong tumatanda na ako. Naiisip kong halos handa na akong sumuko. Kapag makikita ko sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Kidd na pumapasok, "Luwalhati sa Diyos! Hallelujah!" nasasabi ko, "Hindi, maayos pala ang pakiramdam ko." Siyanga, po. Ang makita sila, kung papaano nila, papaanong nakapagbibigay talaga sila sa iyo ng inspirasyon!

14 Pagkatapos ay mapagtatanto mo na, halos sa edad ko, muli, at tapos patuloy pa rin sa paghayo. Pumunta ngayong umaga at humingi ng mga aklat, na kung maaari raw silang makakuha ng mga aklat at ibenta ang mga 'yun. Humingi ng mga teyp, para makahayo sila, makaakay ng mga kaluluwa

sa pamamagitan ng pagpaparinig ng mga teyp na ito, sa edad na halos sandaang taon. Ngayon nasaan na ang inyong "dalawang pakpak" na pinag-usapan natin kagabi? Siyanga. Unti-unti ko ngang naiisip, "Nasaan kaya 'yung akin?" noong sinabi niya 'yun—'yun kahapon. Ilang taon ka na, Kapatid na babaing Kidd? [Sinasabi ni Kapatid na babaing Kidd, "Walumpu't isa na ako."—Pat.] Walumpu't isa. Ilang taon ka na, Kapatid na Tom? [Sinasabi ni Kapatid na lalaking Kidd, "Walumpu't dalawa."] Walumpu't isa at walumpu't dalawang taong gulang, at ginagamit pa rin ang mga pakpak nila, sa paggawa, nagpapatuloy pa rin.

15 Anumang bagay ang maging problema sa Ohio, na malalaman ni Kapatid na babaing Kidd, mag-riring kaagad ang telepono sa bahay. Noong isang araw, tumawag siya, at isang munting sanggol, isang munting sanggol na babae, sa paniwala ko, ang isinilang, at nasa labas ang bituka nito. [Sinasabi ni Kapatid na babaing Kidd, "Pantog."—Pat.] Pantog, sa labas nung sanggol. At hindi alam ng doktor kung anong gagawin tungkol dito, at takot 'yung doktor na magsagawa ng pag-oopera. Nanalangin kami. ["Inoperahan, Kapatid na Branham, at ibinalik nila, dahil, sabi nila, 'Hindi ito mabubuhay.' At basta ibinalik na lang nila sa loob 'yung mga bituka nito."] Ibinalik sa loob 'yung mga bituka, sa isang pag-oopera, at inisip nila na hindi na ito mabubuhay. At nabuhay naman. ["Walang daanan."] Walang daanan dati para sa—para sa... mula sa tumbong, para makadaan 'yung pagkain. At tumawag ulit si Kapatid na Babaing Kidd. Muli kaming naghandog ng panalangin, at ngayon mayroon na itong normal na daanan. At heto siya, isang saksi; ang doktor, din. Kita n'yo? Isa itong saksi na ang Panginoong Jesus, ang dakilang Lumikha! Nakita n'yo ang sinubukang gawin ni Satanas? Putulin ang buhay nung sanggol. At pagkatapos, kita n'yo, pagkatapos sa paniwala ko'y dumulog na 'yung ginang sa Panginoon. ["Bumalik siya sa Panginoon, doon mismo sa bahay ko."] Bumalik sa Panginoon. Inakay siya pabalik ni Kapatid na babaing Kidd kay Cristo, pagkatapos na mangyari nung dakilang himalang ito para sa kanyang sanggol.

16 Nagkaroon ako ng tawag mula sa California, kahapon, isang munting kapatid na ministro roon, na kasama ko noong unang pagpunta ko sa California, ilang taon na ang nakalipas. Ang maliit niyang apo'y isinilang na may—may apat...tatlong balbula na nakasara sa puso nito. At sinabi ko sa kanya ang tungkol sa kasong 'yun. Sabi ko, "Ang Diyos na kayang lumikha rito sa isa at iayos ito, ay tiyak na kayang pagalingin ang apo mo." Sabihin mo lang sa binata na magpakalakas ng loob.

17 At naroon sa pagtitipon 'yung binata noong unang beses ko sa California, mga labing-walong taon na ang nakalipas, labing-anim na taon na ang nakalipas, hayan nga. At naroon

ako sa California. At siya nga-. . .Lubhang naimpluwensyahan ng pagtitipon ang binatang 'yun. . .Noong nagkaroon sila ng sanggol, at naipanganak ito, at nakita nilang may diperensya, asul ang kulay ng sanggol, at sinubukan nilang magbomba ng oxygen dito, at iba pa. At para bang hindi ito mabubuhay, at kaya sinuri ng mga doktor, at nalaman na tatlong balbula ang nakasara sa puso nito. Walang lagusan man lang, kita n'yo, basta—basta isang balbula lang ang nagbobomba. At tinawagan niya ang tatay niya, at sinabi, "Tatay, tawagan mo si Kapatid na Branham, agad-agad. Pakisabi mo sa kanya na ang lahat. . . 'Hilingin lamang kay Cristo. Gagawin Niya 'yun.'" Ganoon na nga. Oh, grabe! Ang impluwensyang 'yun, kung anong nakikita nila, kita n'yo, na ipinapangusap natin, kagabi. Ang tamang bagay sa tamang oras.

18 Buweno, kung magpapatuloy tayo sa pagkukuwento, hindi na tayo makakadako sa aralin, di po ba? Para itong pulot sa isang malamig na umaga, talagang napakalapot nito, alam n'yo, at ang lahat ay dikit-dikit. At masayang-masaya tayo na magkaroon ng ganoong pagsasama-sama. Siyanga, po.

19 Kaya ngayon ay pataimtimin lamang natin ang ating mga sarili, ngayon, at dumako na tayo sa aralin ngayon. Dadako siguro. . .hindi ko alam kung nakikita n'yo 'yan o hindi, sa pisara. Marahil kung itataas ko 'yan nang *paganyan*, pansumandali, haya't, magagawa natin, ngayon, ang ilan sa inyo, sa. . . [Sinasabi ni Kapatid na Edgar "Doc" Branham, "Gusto mo ba ng puwesto para rito?"—Pat.] Ano raw? ["Gusto mo ba ng puwesto para rito?"] Hindi, hindi muna sa tingin ko, sa ngayon, Doc. Baka maya-maya na lang. ["Dito sa sahig mismo, maaari ko itong ipuwesto."] Buweno, gawin natin—gawin natin 'yan kapag nakakuha ako ng ilang. . .May puwesto ba rito? Buweno. Ibaling na lang natin ito rito. Nakikita n'yo ba riyan sa likod? Nakikita n'yo? Kung nakikita n'yo, itaas n'yo ang kamay n'yo, kung nakikita n'yo ang pisarang 'yan, basahin n'yo 'yung nandoon. Hindi. Sige. Ipuwesto n'yo na. Ngayon, habang naghahanda sila para dun. . .

20 Atrasado na 'yung pagsisimula ko ngayong umaga; o, hindi, hindi, mga labinlimang minutong maaga pala. At kaya nga, kung ganoon, gugulin lamang natin ang ating oras ngayon, dahil ayaw nating magmadali. Kapag nagmamadali ka, ay baka masira mo lang ang mga bagay na sasabihin mo. Ngayon, pinakikinggan ko ang isang teyp, noong isang araw, gaya ng sinabi ko sa inyo, at nahiya ako sa sarili ko; hindi dahil sa sinasabi ko, kundi dahil sa pagkakasabi ko rito nang masyadong mabilis, at para ngang ang tono'y ninenerbyos. Kaya parang gusto kong maghintay. Ito. . .

21 Nakita ko—nakita ko lang noong isang araw kung saan sila magtatayo ng isang malaking zoo, dito sa gitna ng Louisville. At si G. Brown, sa paniwala ko, sa dako roon, ay nag-alok ng isang milyong dolyar para sa zoo. Buweno, kung mayroon akong

ganoong pera, maaaring ibigay ko 'yun sa kanila para pakawalan 'yung mga hayop dun. Hindi ako—hindi ako pabor sa paglalagay ng anuman sa hawla na gaya nun. Ako nga'y. . .Pumupunta ako sa zoo at nakikita ang mga kawawang hayop, mga oso, at mga leon, at mga ganoon, na naglalakad nang pabalik-balik, habambuhay na nakakulong, kita n'yo. Nakakalungkot. Kung iisipin nga naman, nahuli sila sa pamamagitan ng katalinuhan ng tao na mas matalino kaysa sa kanila. Kita n'yo? At hinuhuli sila ng mga tao at binibihag sila.

22 At naiisip ko: ginagawa ng diyablo ang ganoon. Hinuhuli niya ang kalugud-lugod na mga tao na dapat sana'y lumilibot sa mga kamangha-manghang lugar ng Diyos, at mga bukirin, at—at sa mga ganoong lugar, pagkatapos inilalagay niya ang tao sa isang bilangguan ng kung anong denominasyon, at kung anong kredo, o kung anong bagay, at iginagapos siya roon. At kakila-kilabot na bagay nga ito.

23 At ayaw ko ng mga zoo. Pero nakakaramdam ako ng parang kagaya ng isa sa mga hayop doon, kapag nakakulong ka't sadyang sinusubukan na kumawala, alam n'yo, para—para makalabas para gumawa ng isang bagay.

24 Ngayon, bago tayo dumako sa Salita, lumapit muna tayo sa May-akda ng Salita, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ngayon sa panalangin.

25 Mapagbiyaya naming Ama sa Langit, nagtitipon kaming muli ngayong umaga sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Iyong sinisintang Anak. Ang Diyos, na nagkatawang-tao, ay dumating sa lupa, para sa katubusan ng aming mga kasalanan, at namatay, ang Matuwid; upang kami, sa pamamagitan ng Kanyang katuwiran, kami bilang mga di-matuwid, ay maging sakdal sa Kanya. Lumalapit po kami na umaamin na di kami karapat-dapat, Panginoon. Walang anumang mabuti sa amin. At nasa isang malaking bilangguan kaming lahat. Kahit pa saang sulok kami tumayo, nasa bilangguan pa rin kaming lahat. Hindi matulungan ng isa ang isa pa. Subalit, ang Diyos, sa walang hanggan Niyang awa, ay bumaba't binuksan ang mga pintuan ng bilangguan, para palayain kami. Hindi na kami ngayon nakakulong. Wala na kami sa kulungang zoo ng mundo, kundi ngayon ay malaya na kami. Nasa labas na kami.

26 Oh, labis namin Siyang minamahal at sinasamba Siya! Talagang makakalakad na kami sa mga kamangha-manghang bukirin ng Kanyang pangako, at makita ang mga ito na mahayag sa aming harapan! At sa pamamagitan ng sarili naming mga mata, makita ang dakilang Diyos ng Walang Hanggan na inihahayag ang Kanyang Sarili sa aming harapan, at gawing realidad ang Sarili Niya, gaya ng ginawa Niya sa mga propeta ng sinaunang panahon. Nalalaman ito, na nagpapahinga silang may katiyakan, na balang araw ay ipapanumbalik kaming muli,

pagkatapos ng buhay na ito, sa pagkabuhay na mag-uli, patungo sa isang Buhay na Walang Hanggan na hindi na kailanman mapaparam. Hindi na tatanda ang aming mga katawan. At hindi na kami mamamatay. At hindi na kami magugutom. At hindi na kami mangangailangan. Kundi lalakad kami kasama Niya. Ibig namin Siyang marinig na sabihin, "Pumasok ka sa kagalakan ng Panginoon, na inihanda para sa iyo mula nang maitatag ang mundo." Noong bago pa pumasok ang kasalanan, kung paano Niya ginawa ang ganoong paghahanda, gaya ng para kina Adan at Eba, na hindi na nila kailanman kailangang magkasakit o magkaroon ng problema. At ngayon ay inihanda Niya ito para sa amin, at alam na Niya bago pa man kami darating. Gumawa ng malaking hambalang ang kasalanan, at inalis na ngayon ang kasalanan, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus. Ngayon, papunta na kami sa Lupang pangako, sa pamamagitan ng pangako ng Diyos, na Walang Hanggan.

27 Pagpalain Mo po kami ngayon, Ama, habang pinag-aaralan namin ang Iyong Salita. Ibig naming malaman kung anong uri ng mga tao dapat kami, para makadako Roon. Tulungan Mo po kami ngayon sa paaralang ito, na makasama namin ang dakilang Guro, ang Espiritu Santo, na bababa't ihahayag ang Kanyang Sarili sa amin, sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan at para sa Kanyang ikaluluwalhati. Amen.

28 Ngayon, una, ibig kong samahan n'yo ako sa pagbuklat sa Ikalawang Pedro, sa unang kabanata. Nais kong basahin ang isang bahagi ng Kasulatang ito, Ikalawang Pedro, sa unang kabanata. At ngayon sa inyo na may hawak na lapis at papel . . .

29 At sa palagay ko nabanggit sa akin kaninang umaga na—na kung minsan, kapag naipapaling ko palayo ang ulo ko mula rito, lumalabo 'yung sagap ng teyp. Hindi ko po sinasadyang gawin 'yun. At naniniwala akong, sa ibang araw, kung maisipan nating bumili ng isang—isang web mike, at isasabit 'yun sa kisame rito, siyanga't kahit saan ka pa pumaling, masasagap ka nang maayos, magiging pulido, lahat ng anggulo mismo, isang mikropono lang na nakasabit sa kisame.

30 At ngayon, habang nagsasalita ako; at kung kayo, pagkatapos ng gawain, o kung nais n'yo, maaari n'yong kopyahin 'yung dibuho na ito rito. Mangyari rin na ipinamakinilya ko na rin ito rito. Kukuha ako ng thumbtack at ipapaskil ito sa harap dito, kung gusto n'yo itong kopyahin kung kailan. Dumating lang kayo nang medyo maaga-aga mamayang hapon, para maunawaan natin.

31 Ngayon ay papadako na tayo sa *Ang Pitong Tatak*. Katatapos lang natin sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. At isa itong Mensahe ng pagtuturo, na nag-uugnay sa tao, na tutubusin ng Dugo ng Panginoong Jesus, at nakalakip po ito roon sa

kapanahunan ng Iglesya na ’yun, sa kapanahunan ng Iglesya na Walang Hanggan sa dulo ng mga Tatak. Ngayon alam natin na mayroon tayong Pitong Trumpeta, Pitong Salot, Mangkok, at iba pa, na matatalakay natin, sa pagtugaygay natin. Pero naghihintay pa tayo ng mas maluwag-luwag na dako para makaupo ang mga tao.

32 Ngayon, at iniisip ko na uugnay ito dun sa dako mismo na inaasahan ko. Hindi ko inaasahang maiguhit ang dibuho na ito, pero noong isang araw kasama ko ang ilang kalugud-lugod na mga kaibigan ko, ang mga Cox, doon sa Kentucky. Nagpunta ako, inisip na marahil makaabot pa ako maski isang araw para makapangaso ng squirrel bago matapos ang panahon ng pangangaso. At naroon ako sa kakahuyan kasama ang kaibigan ko, si Charlie, na nakatayo roon, at si Rodney, na kanyang kapatid. At wala man lang akong nasumpungang squirrel. Sa tingin ko’y natakot ko silang lahat, noong nagsimula akong magsisigaw sa kakahuyan. Ito po kasi ’yung dumating sa akin, mga kasamahang lalaki, at—at Kapatid na Nellie at Margie, at noong banggitin ko ’yun sa inyo na sasabihin ko sa inyo nang Linggo kapag dumako na ako rito. Yun po ang dumating sa akin noon, tungkol po ’yun sa isang Mensahe na ipapangusap ko. At kung papaanong naguugnay-ugnay ang iba pa nito rito mismo! At, oh, gustong-gusto ko ang ganoon. Dumating sa akin tuloy ang isang—isang tunay—tunay na espiritu ng pagsigaw, doon sa kakahuyan.

33 Kaya ngayon, sige’t basahin na natin ngayon, ang Unang Pedro, o. . .Ikalawang Pedro, pala, sa unang kabanata, bahagi lang Nito.

> *Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesus Cristo, sa nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Dios at Tagapagligtas na si Jesus Cristo:*

34 Gusto ko ’yung pagkakasaad nun doon mismo, dahil ang buong paksa ko ngayong umaga ay nakabatay sa pananampalataya. Kita n’yo? Hayaan n’yong ulitin ko lang ang pagbasa dun. Makinig po nang mabuti.

> *Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesus Cristo, sa* nagkamit*—nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya. . .sa katuwiran ng Dios. . .ating Tagapagligtas* at *si Jesus Cristo:*

35 Pansinin, sinasabi niya, na, “nakamit ko ang pananampalatayang ito, at sinasabi ko ito sa kanila na nagkamit ng ganoon ding mahalagang pananampalataya.” Ibig kong. . . Hindi po ito para sa mundo sa labas. Ito’y para sa Iglesya, kita n’yo, doon sa mga nakay Cristo na.

> *Biyaya at kapayapaan ang sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Dios, at* (sa pamamagitan) *kay Jesus* Cristo *na Panginoon natin,*
>
> *Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan* ang *lahat ng mga bagay*. . . *ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay* ngayon na *nauukol sa kabuhayan*. . .*sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya* na *tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian at kagalingan:*
>
> *Na dahil dito* sa atin *ay ipinagkaloob*. . . *ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito* (ng mga pangakong ito) tayo *ay makabahagi sa kabanalang mula sa Dios,* . . .

36 Hayaan n'yong tumimo nang talagang malalim 'yan ngayon. Hindi ako mangangaral ngayong umaga; atin lamang ituturo ang araling ito. "Kabanalang mula sa Diyos." Hayaan n'yong basahin ko ang ika-4 na talatang 'yun muli ngayon, para hindi n'yo mapalampas ito. "Na dahil dito ay ipinagkaloob sa atin . . . "

> *Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito* (ng mga pangakong ito) tayo *ay makabahagi sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita*.

37 Kita n'yo, "ang sanlibutan," nakatakas na tayo dun ngayon. Sinasabi niya ito sa Iglesya. Kaya nandito tayo ngayong umaga, ay para alamin kung ano ang daan, kung ano ang hinihingi ng Diyos. Wala ni isa mang tao rito, na umiibig sa Diyos, na anupa't ang ibig niya'y—ang ibig niya'y maging kawangis pa ni Cristo. Ngayon inilatag na ito rito. Bawat Cristiano! Isa na akong matandang beterano. Tingnan n'yo sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Kidd dito, sila marahil ang pinakamatanda sa loob ng gusali. Pero kung tatanungin ko sila, "Ano ang minimithi ng puso n'yo?" Siyanga't, "Ang mas mapalapit pa sa Diyos." Kapag malaman mo ang tungkol kay Cristo, may bagay sa Kanya na talagang napakamaibigin, na talagang sisikapin mong mapalapit sa Kanya.

38 Ipagpaumanhin n'yo ang pangungusap. Sinabi ko sa aking maybahay, dito di pa katagalan, siya. . .pareho kaming tumatanda na, at sinabi ko sa kanya, sabi ko, "Mahal mo pa ba ako gaya ng dati?"

Sabi niya, "Oo naman."

39 At sabi ko, "Alam mo, mahal na mahal kita hanggang sa gusto kitang kunin at hilahin sa loob ko, para tayo'y maging, talagang, isa na, lalo."

40 Ngayon, 'yung ganoon, paramihin mo 'yun nang makasandaang milyon, at saka mo malalaman na ganoon na ganoon 'yun sa mananampalataya, na umiibig nang lubos kay Cristo, na gustong pumaloob sa Kanya, dahil ito'y isang pag-ibig. At dito'y ipapakita Niya sa atin kung papaanong, sa pamamagitan ng mga pangakong ito, maaari tayong maging kabahagi sa Banal na kalikasan ni Cristo. Na sa mga ito, mortal na katawan, ay kung papaano nga tayo maaaring maging kabahagi.

41 May sasabihin lang po ako rito. Ang dahilan kung bakit naniniwala akong. . . Ngayon, may isa pong nagkamali ng pagkaunawa sa akin di pa katagalan. Nakatanggap ako ng liham galing sa asosasyon ng mga ministro, na sinabing naniniwala raw akong may . . . "Tayo raw ay may katambal-ng-kaluluwa. At kailangan daw nating iwan ang mga kabiyak natin kung hindi natin sila katambal-ng-kaluluwa, para mag-asawa ng iba na 'yun ang katambal-ng-kaluluwa natin." Oh, naku!

42 Sinabi ko, "Wala akong kinalaman sa ganyang hidwang paniniwala." Noon pa ma'y laban na ako riyan. Hindi ako—hindi ako naniniwala sa ganoon. Tunay na hindi. Naniniwala akong pinagkakalooban tayo ng Diyos ng kabiyak. Yan ang totoo. At pagkatapos ay nagiging bahagi tayo ng isa't isa. Siyanga. At bago mag-asawa ang isang lalaki, dapat niyang pag-isipan ang mga bagay na ito, pag-aralan ito.

43 Tinanong ako ng isang binata noong isang araw, sabi, "Sa tingin mo po ba maaari kaya ako, nararapat nang mag-asawa, Kapatid na Branham, kay *ganito-at-ganoong* babae?"

Sabi ko, "Gaano mo ba siyang iniisip?"

Sabi niya, "Oh, grabe, talagang mahal na mahal ko siya."

Sabi ko, "Buweno, kung hindi ka mabubuhay nang wala siya, mas mabuti pang pakasalan mo siya kung ganoon. Pero kung kaya mong mabuhay nang wala siya, maiging huwag na. Kaya, kung ikamamatay mo, mas mabuting—mas mabuting sige't magpakasal ka," sabi ko. At ganito nga ang sinisikap kong iparating sa kanya, ganito, na, kung mahal na mahal mo siya!

44 Ngayon, ngayon mismo, bago kayo ikasal, ang lahat ay sadyang matiwasay at mainam. Pero pagkatapos n'yong ikasal, saka magdadagsaan ang mga paghihirap at mga pagsubok ng buhay. Doon kayo dapat na maging lubos na nag-iibigan na nauunawaan n'yo ang isa't isa. Kapag nagtampo ka sa kanya, tapos nagtampo siya sa'yo, nauunawaan n'yo pa rin ang isa't isa.

45 Ganoon din kay Cristo. Kita n'yo? Dapat lubos tayo mismong umiibig sa Kanya, hanggang umabot sa punto na may hinihiling tayo, at hindi Niya ito ipinagkakaloob sa atin, siyanga't hindi tayo matitinag nun maski katiting. Kita n'yo? Kita n'yo? Bakit? At ang tanging paraan na magagawa n'yo 'yun, ay ang maging kabahagi ng Kanyang Banal na kalikasan, na pagkatapos ay

mauunawaan n'yo ang dahilan kung bakit di Niya ito maaaring ibigay sa inyo. "Mga kabahagi ng Kanyang Banal na kalikasan."

46 At tingnan n'yo rito, "Nakatakas na kayo sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masamang pita." Natakasan na ito! Nakita n'yo ba kung para kanino ito? Para ito sa Iglesya, sila na nakay Cristo, itinaas na sa mga bagay na ito. Hindi itinaas ang kanyang sarili, kundi itinaas siya ni Cristo.

47 Sa itim kong mga kapatid na lalaki't babae na narito ngayong umaga, di ko po intensyong sabihin ito na may hatid na pamamahiya. Pero, nasa isang pagtitipon ako kamakailan, hindi ko alam kung nabanggit ko na ito sa tabernakulo. Nabanggit ko na ito sa maraming lugar. May isang itim na kapatid na babae na nagsabi, "Maaari ba akong magbigay ng patotoo, o magpatotoo?"

"Oo naman, kapatid, sige lang."

48 Sabi niya, "Gusto kong ipatotoo ito para sa ikaluluwalhati ng Diyos." Sabi niya, "Alam n'yo, hindi pa ako—hindi pa ako ganoon sa kung ano dapat ako," tapos sabi niya, "hindi pa ako—hindi pa ako ganoon sa kung anong ibig ko sanang maging ako, pero," sabi niya, "isang bagay ang tiyak ako, hindi na ako ganoon sa kung ano ako dati." Kita n'yo? Nanggaling siya sa kung saang dako. Hinango siya.

49 At sa ganoong paraan natin malalaman na lumipat na tayo mula kamatayan patungong Buhay. Lumilingon tayo sa hukay na pinaghanguan sa atin. Kita n'yo? Hindi pa tayo ganoon sa kung anong ibig sana natin na maging ganoon tayo; hindi pa rin tayo ganoon sa kung ano dapat tayo; pero isang bagay ang ipinagpapasalamat natin, hindi na tayo ganoon sa kung ano tayo dati. Siyanga. Papunta na tayo roon.

50 "At nakatakas na sa kabulukan ng sanlibutan." Nakatakas na roon, sa masamang pita't kabulukan ng sanlibutan, nasa ibabaw na kayo nun. Ngayon ganoon—ngayon ganoon ang uri ng tao na kausap Niya, tao na nakatakas na mula sa mga bagay na ito, kita n'yo, sa kabulukan ng sanlibutan.

> *At* dahil *dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay idagdag ninyo* sa *inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman;*
>
> *At sa kaalaman ay ang pagpipigil;. . .sa pagpipigil ay ang pagtitiis;. . .sa pagtitiis ay ang kabanalan;*
>
> *At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig.*

51 Ngayon nagkaloob Siya sa atin ng balangkas dito kung ano ang gagawin, para malaman kung paano ito gawin. Ngayon, gaya ng sinabi ko, nagsusumikap tayong lahat na mapalapit sa Diyos. Kaya ko pinili ang mensaheng ito ngayong umaga, para sa iglesya, ay dahil alam ko na magbibiyahe pa ang mga

tao. Dahil kagabi, sabi ko, "Ilan sa mga narito, ang taga-labas ng bayan?" Halos siyamnapu't walong porsiyento ng mga tao, ay taga-labas ng bayan. "Ilan sa mga narito ang mula sandaang milya pa?" Aba, lumampas mismo, sa palagay ko, nang walumpung porsiyento. "Ilan sa mga narito ang mula higit limang-daang milya?" At halos isang—sankatlong bahagi ng mga taong naparito ang mula higit sandaan, limang-daang milya ang layo. Isipin n'yo 'yun, ang mga tao na bumibiyahe pa. Buweno, hindi nagpupunta ang mga taong 'yun sa simbahan para lamang makita. Wala namang. . .gaya ng makikita ng sanlibutan sa labas na anumang kagandahan sa paligid ng lugar dito. Lahat sila'y mga karaniwang tao, mahihirap, nakadamit nang pangkaraniwan. Walang nagtatayugang antema mula sa kung anong kunwa'y mala-Anghel na koro, mga pipe organ, at ilang makukulay na salaming-bintana. Nahihirapan pa nga kayong makakuha ng mauupuan at kinakailangan pang tumayo sa paligid diyan sa pader. Ang mga taong ito'y hindi pumupunta para sa ganoon. Kundi nagpupunta sila dahil sa kaibuturan nila'y may bagay na nakakakita ng kagandahan na hindi nakikita ng matang natural. Isang matang espirituwal ang nakakakita sa kagandahan ni Cristo. Kaya sila pumupunta.

52 Kaya, sa loob ng maraming araw bago tayo magdaos ng gawain, walang humpay akong nananalangin. Nagtutungo ako sa kakahuyan, dala ang bag ko. . .Sinasabi ko sa maybahay ko, "Mangangaso ako ng squirrel ngayong umaga." At nagbabaon ako ng lapis at pad ng papel sa bag ko. Sa sandaling medyo nagliliwanag na't nakikita na ang paligid, nakaupo na ako't nakasandal sa isang puno sa kung saan, na nakataas ang mga kamay sa ere, at sinasabi, "Panginoon, ano pong magagawa ko sa araw na ito? Ano pong ibibigay Mo sa akin para sa Iyong mga anak?"

53 Pagkatapos kapag nahagip ko ang isang bagay na para bang nag-aalab, na dumarating na parang ganito. Kapag lumalapit ang Kanyang Presensya, unti-unti akong nakakarinig ng isang bagay na parang naroon sa malayo, na parang gumaganito. "Dalawang tigalawa ay katumbas ng apat." Papalapit, "Dalawang tigalawa ay katumbas ng apat. Dalawang tigalawa ay katumbas ng apat. Dalawang tigalawa ay katumbas ng apat." Paulit-ulit, paulit-ulit, paulit-ulit, na parang ganoon. Ang Presensya Niya 'yun na papalapit nang papalapit.

54 Isusuko mo ang sarili mo, at pagkatapos nang ilang saglit ay hihiwalay ka na sa sarili mo. May darating nang pangitain, "Pumunta ka sa *ganito-at-ganoong* lugar, at *ganito-at-ganoong* bagay." Kita n'yo? Nagsisimula, sa pagninilay-nilay ukol sa Diyos, lalayo sa mundo, na malayo sa mundo, doon sa ilang, nang mag-isa.

55 At unti-unti Itong dumarating, "Isa, isa. . ." Naghahalimbawa lang po ako, ng kung anong numero,

o anuman, na unti-unti't mahina lang sa umpisa, halos mauulinigan mo lang na lumalapit. Pagkatapos pabilis na, nang pabilis. Dapat kang maupo lang dun at itaas ang iyong mga kamay, huwag kang magsasalita, basta panatilihin mo lang ang mga kamay mo sa ere. Malalaman mo na lang, inagaw na palayo ang buo mong katauhan. Pagkatapos makikita mo na ang mga bagay na ibig Niyang malaman mo, ipinapakita na sa iyo ang mga bagay na darating.

56 Kung minsan dumadako sa isang punto, hanggang sa isang punto, at pagkatapos titigil. Hindi tumutuloy sa isang pangitain. Mangyari nga na Mga Kasulatan ang bumubuhos nang bumubuhos. Dadamputin ko ang lapis ko, para di ko 'yun makalimutan, at isusulat 'yun, isusulat 'yun.

57 At uuwi ako't titingnan 'yun, at pag-aaralan 'yun. At kung minsan parang walang katuturan ang dating sa akin kapag tinitingnan ko 'yun. At pagkatapos, pagkaraan ng ilang saglit, heto na! Dumarating 'yun, tapos lalayo muli. Pagkatapos ay kukuha ako ng maliit na kuwaderno na gaya *nito*, tapos basta sisimulan ko mismong gumuhit, sa abot ng makakaya ko, kung ano ang sinasabi Niya sa akin. Iniisip ko, "Panginoon, pupunta po ako roon sa tabernakulo at ipapangusap sa kanila. Ako. . . 'Pupunta.' May bagay na akong ipangungusap para sa kanila." Buweno, sa ganoong paraan ito dumarating. Ganoon mismo. Maliban na, unang-una'y, ibigay Niya muna ito sa akin, hindi ko ito maibibigay.

58 Kaya, heto po, sa maliliit na mga ginuhit-guhit na ito na nakikita n'yong tinitingnan ko. At ito, noong una, nung sinisimulan ko, hindi ko pa nauunawaan ang parteng ito rito hanggang noong mga isa o dalawang araw ang nakakaraan, doon sa kakahuyan.

59 Ngayon, ang mga tao na ito ay—ay. . .Sinasabi ni Pedro, dito, kung papaanong dapat tayong maging mga kabahagi ng Kanyang Banal na kalikasan. Ngayon, sinisikap ng bawat isa sa atin na tumubo patungo sa katangkaran ng Diyos.

60 Ngayon, kapag natapos na tayo sa pagtatalakay ng Pitong Tatak, pagkatapos nun, sa panahon nung pagpapatunog ng Ikapitong Tatak, o pagkakalag mismo. . .Mangyari nga, alam natin kung ano ang isang tatak, 'yan po'y para kalagan ang pagmiministeryo, kalagan ang Pitong Tatak. At makikita natin 'yan mismo sa tsart. Yang pagkakalag ng isang Mensahe, ng isang bagay na nakaselyo.

61 Noong nakaraang gabi ng Linggo, nangaral ako tungkol sa, "Ang Susi." At ang susi ay pananampalataya. Ang pananampalataya ang may hawak ng susi, at ang susi ay ang Kasulatan. At si Cristo ang Pintuan. Kita n'yo? Kaya kinukuha ng pananampalataya ang maliliit na bisagra ng Kasulatan at binubuksan ang mga kaluwalhatian at kabutihan ng Diyos,

papunta sa Kanyang bayan. Kita n'yo? Kaya, mangyaring, hawak ng pananampalataya ang susi na nagbubukas kay Cristo sa mga tao; binubuksan ito, inihahayag ito.

62 Kaya, ngayon, sisikapin nating gamitin ang siya ring susi, para buksan ang daan sa pagiging isang banal na Cristiano sa katangkaran ng Diyos, hayan nga, at para maging isang buhay na Tabernakulo para panahanan ng buhay na Diyos.

63 Tandaan n'yo, inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa tatlong paraan. Unang beses, inihayag Niya noon ang Kanyang Sarili sa Haliging Apoy, na tinawag na pagka-Ama. Pagkatapos ang siya ring Diyos, ay nahayag kay Jesus Cristo, na bumuo Siya ng isang katawan, gumawa ng katawan na ito. Ikatlo, sa pamamagitan ng kamatayan ng katawang 'yun, binanal Niya ang isang Iglesya na Kanyang mapapanahanan. Ito ang Diyos na nasa itaas natin; ang Diyos na kasama natin; ang Diyos na nasa atin; iisang Diyos.

64 Yan ang dahilan kung bakit tinawag itong Ama, Anak, Espiritu Santo. Hindi tatlong Diyos; tatlong katungkulan ng iisang Diyos. Kung naisip lamang sana nila 'yun sa Konseho ng Nicea, hindi sana tayo nagulo, hindi ba? Siyanga. Hindi tatlong diyos. Hindi maunawaan ng mga tao kung papaanong nakipag-usap si Jesus sa Ama, at Siya at ang Ama ay Iisa. Buweno, hayun ang buong bagay. Siyanga, sadyang ipinapaliwanag ito. Tunay. Kita n'yo? Hindi ito tatlong Diyos. Tatlong katungkulan! Tatlong ka-. . .

65 Ano ito? Ang Diyos na bumababa sa Kanyang nilikha. Nais Niyang masamba. Ang ibig sabihin ng salitang *Diyos* ay "pinag-uukulan ng pagsamba." At sinisikap ng Diyos na ilagay ang Kanyang bayan sa kalagayan na 'yun, para makuha Niya mula sa kanila ang kadahilanan kung bakit nilikha Niya sila. Hindi Niya kayo nilikha para maging iba maliban sa pagiging isang anak na lalaki't anak na babae ng Diyos. Kung mapapalampas n'yong maunawaan 'yun, ang pagiging anak na lalaki't anak na babae ng Diyos, namintis kayo rito.

66 At ang "pagmintis," ang ibig sabihin ng *k-a-s-a-l-a-n-a-n* ay "magmintis," magmintis. Mangyari nga, na kapag pinupunterya ko ang isang tudlaan, na ibabaon ko ang isang pako sa layong limampung yarda, at babaril ako; kukunin ko ang baril ko't babaril, at magmintis ako rito, nang apat o limang pulgada, anong nangyari? Kailangang ayusin ang baril ko. May diperensya. At kung magmintis ako sa pananampalataya sa Diyos, kung magmintis ako sa pagiging Cristiano. . . Siyanga't inilagay kayo ng Diyos dito para maging Cristiano. Kung nakalihis kayo sa isang panig, bumalik kayo at magpaayos. At may isang bagay lang na makapagsasaayos sa inyo, 'yun ang Kasulatan. At ang Espiritu Santo na sa Kasulatan, ay isasaayos kayo, ibabalik kayo muli nang direkta sa punterya. Siyanga.

67 Ngayon, pag-aaralan natin ang Kanyang Salita. Sinabi ni Esteban, sa Mga Gawa 7, at ganoon din sa. . .Sige't basahin lamang natin. (Yamang pinag-uusapan ngayon, pinag-uusapan natin ang tungkol sa isang Tabernakulo ng Diyos.) Ngayon, sinabi ni Esteban. . .(Dahil, ito'y magiging isang buhay na Tabernakulo ng buhay na Diyos.) Sinabi ni Esteban, sa ika-7 kabanata ng Mga Gawa, at sa palagay ko'y ating. . .sa Mga Gawa 7, simulan natin sa bandang ika-44 na talata:

> *Sumaating mga magulang sa ilang ang tabernakulo ng patotoo, ayon sa kaniya* ngang *itinakda, ng nagsalita kay Moises, na kaniyang gawin yaon alinsunod sa anyong kaniyang nakita.*
>
> *Na yao'y ang ating mga magulang* ay nagkaroon, ang ating mga magulang *nang sila'y* magsipasok na *matapos na ipinasok. . .si Jesus* tungo sa *inaari ng mga bansa,* na *ang Dios* ay pinalayas *sa harapan ng ating magulang, hanggang sa* araw *ni David;*
>
> *Na nakasumpong ng biyaya sa paningin ng Dios, at huminging makasumpong ng isang tahanang ukol sa Dios ni Jacob.*
>
> *Datapuwa't iginawa siya ni Solomon ng* isang *bahay.*
>
> *Bagama't ang Kataastaasa'y hindi tumatahan sa mga bahay na gawa ng mga kamay; gaya ng sinasabi ng propeta,*
>
> *Ang langit ay ang aking luklukan, at ang lupa ang tungtungan ng aking mga paa: Anong anyo ng bahay ang itatayo* ninyo *sa akin? sabi ng Panginoon: o anong dako ang aking pahingahan?*

68 Ngayon sa. . .Ngayon, "tabernakulo," haya't, isa nga mismong, lugar kung saan tayo pumupunta para magpahinga, siyanga't, mapanariwa, at iba pa, gaya ng pagpapahinga sa pagtulog, o kung ano pa. Ngayon, Mga Hebreo 10, at sa ika-5 talata, ganito ang pagkakalatag ni Pablo.

> *Kaya't pagpasok niya sa sanglibutan, ay sinasabi, Hain. . .*(Iyon si Cristo.)*. . .Hain at handog ay hindi mo ibig, nguni't isang katawan ang sa akin ay inihanda mo:*

69 Ano ngayon ang Tabernakulo? Isang Katawan, nagtabernakulo ang Diyos sa isang Katawan.

70 Ang Diyos dati, sa kaitaasan, noong bumaba Siya sa bundok, na maski isang—isang toro o isang baka na mapunta lang sa bundok, kinakailangan itong patayin. Ang Diyos ay banal.

71 Kagabi, noong tinakpan ng mga Anghel na 'yun ang Kanilang mga mukha. Mga banal na Serapin na may mga banal na mukha, na wala man lang kamalay-malay kung ano ang ibig sabihin ng kasalanan haya't kinakailangan Nilang takpan ang

Kanilang mukha, sa Presensya ng Diyos; takpan ang Kanilang mga paa, sa pagpapakumbaba.

72 Ngayon, hindi maaaring palampasin ng Diyos ang kasalanan, kaya walang makahihipo sa bundok kung saan naroon ang Diyos.

73 Pagkatapos ang Diyos ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin, sa anyo ni Jesus Cristo, ang Kanyang Anak, ang Kanyang nilikha. Pagkatapos ay ibinigay ng Anak na 'yun ang Kanyang buhay, at ang Selyulang Dugo ng Diyos ay hinapak, para lumabas ang Buhay mula sa Dugong 'yun, tungo sa atin.

74 Sa pamamagitan ng Dugong 'yun ay nalinis tayo. At ngayon ang ating dugo, ang ating buhay, na nagmula sa pamumuhay sa pamamagitan ng pagnanasang seksuwal, ang nagdala ng ating buhay sa mundo. Nililinis tayo ng Dugo ni Jesus Cristo, binabago ang kalikasan natin, sa pamamagitan ng pagpapadala sa atin ng Espiritu Santo; pagkatapos tayo'y naging Banal na kalikasan na ng Diyos, pagkatapos ay naging tahanan na tayo para sa Diyos. Sinabi ni Jesus, "Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin; Ako sa inyo, at kayo sa Akin." Kita n'yo?

75 Nalalaman kung papaanong ang Diyos ay nasa Kanyang Iglesya. Mangyari ngang dapat sana ngayon ay humahalili na sa lugar ni Cristo ang Iglesya, ipinagpapatuloy ang Kanyang pagmiministeryo. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; gayunma'y makikita ninyo Ako, sapagkat sasamahan Ko kayo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng mundo." Kita n'yo? Hayan nga, ipinagpapatuloy ang Kanyang gawa.

76 Ngayon, ang Diyos, o sinabi ito ng Biblia, riyan. Nagsaysay si Esteban tungkol sa pagtatayo ni Solomon ng isang templo, "At ang Kataas-taasan ay hindi tumatahan sa mga templong gawa ng mga kamay. 'Sapagkat ang Langit ang Aking Luklukan, at ang lupa ang tungtungan ng Aking mga paa. At saang dako ang Aking pahingahan?' 'Ngunit ipinaghanda Mo Ako ng isang Katawan.'" Amen. Hayan nga.

77 "Ipinaghanda Mo Ako ng isang Katawan." Tumatahan ang Diyos sa pangangatawan ng isang tao, isinasalamin ang Kanyang Sarili sa Katauhang 'yun. Sakdal na pagsamba! Ang Diyos na nasa atin, bilang Kanyang Tabernakulo, ang Diyos na inihahayag. Oh, gaanong makakapaglumagi tayo riyan hanggang halos di na kayo makahinga rito, sa init. Pansinin, hayan nga, ang Diyos noon pa man, sa tuwina, ay isinalamin ang Kanyang Sarili sa tao.

78 Ang Diyos 'yun na nakay Moises. Tingnan n'yo siya, ipinanganak na tagapamuno; Cristo. Sa panahong ipinanganak siya ay nagkaroon ng pag-uusig sa mga bata, pilit siyang

hinahagilap; pareho kay Cristo. At siya ay—siya ay naligtas noong panahong 'yun; ganoon din si Cristo. Tagapagbigay siya ng kautusan; ganoon din si Cristo. Umakyat si Moises, nang apatnapung araw, at kinuha ang mga kautusan, at bumaba. Nagtungo si Cristo sa ilang, apatnapung araw, at saka bumalik, na sinasabi, "Narinig ninyo na sinabi nila noong una, 'Huwag kang mangangalunya.' Subalit, sinasabi Ko sa inyo, ang sinumang tumingin sa isang babae, na may pagnanasa, ay nagkasala na ng pangangalunya kasama ang babae." Kita n'yo? Ang lahat ng iba't ibang bagay na ito, na, isinasalamin ng Diyos ang Kanyang Sarili.

79 Tingnan n'yo si Joseph, ipinanganak na batang espirituwal sa gitna ng isang—isang lupon ng magkakapatid. Mabubuting tao silang lahat, lahat sila'y mga patriyarka. Pero, noong ipinanganak si Joseph, iba siya. Nakakakita siya ng mga pangitain, nakapagpapaliwanag ng mga panaginip, at kinamuhian siya ng kanyang mga kapatid dahil dun. Sa kadahilanan mismo ng gawaing inilagay siya ng Diyos sa lupa para gawin, kinamuhian siya ng mga kapatid niya dahil dito. Kita n'yo? At tumuturo ang lahat ng 'yun sa krus. At, tingnan n'yo, ipinagbili siya sa halagang halos tatlumpung pirasong pilak, ng kanyang mga kapatid. Itinapon sa hukay, para mamatay, ng kanyang mga kapatid. Hinango mula sa hukay, at napunta at naupo sa kanan ng Faraon. At walang makalalapit sa Faraon, na may pamamahala sa mundo noong panahong 'yun, walang makalalapit sa Faraon, kundi sa pamamagitan lamang ni Joseph. Walang makalalapit sa Diyos, kundi sa pamamagitan lamang ni Cristo. At kapag umaalis si Joseph sa palasyo, bago siya umalis, may trumpetang pinapatunog, at ang mga mananakbo sa unahan niya, ay sumisigaw, "Lumuhod kayo! Parating si Joseph!" Kahit nasaan ka, o kung anuman ang ginagawa mo, gaano mang kaimportante 'yang trabaho mo; kinakailangan mong lumuhod hanggang sa makarating si Joseph.

80 At kapag tumunog na ang trumpeta, isa sa mga araw na ito, bawat tuhod ay luluhod at bawat dila'y magpapahayag. Kapag si Cristo, ang ating Joseph, ay iiwan ang Kaluwalhatian at darating, sa panahong 'yan ay di importante ang trabaho n'yo. Bawat tuhod ay luluhod, at ihahayag na Siya ang Anak ng Diyos. Siyanga.

81 Oh, kitang-kita rin natin Siya kay David! Kung papaanong si David, isang haring tinanggihan, pinalayas mula sa sarili niyang luklukan, ng kanyang mga kapatid, sarili niyang anak, ay naupo roon sa Bundok ng mga Olibo, na habang umaakyat siya, sa taluktok ng Bundok ng mga Olibo, lumingon siya sa Jerusalem at umiyak; dahil sa dakong 'yun ang sarili niyang bayan, na pinaglingkuran niya sila't tinuruan sila ng ukol sa Diyos, haya't pinalayas siya ng sarili niyang bayan at binato siya ng mga

bagay-bagay, dinuraan siya at nilibak, noong bumaling siya para akyatin ang burol at siya'y tinaggihan noon. Oh, saktong-sakto mismo sa Anak ng Diyos, walong-daang taon pagkatapos nun; isang Haring tinanggihan, sa gitna ng Sarili Niyang bayan, naupo sa bundok at iniyakan ang Jerusalem, bilang isang Haring tinanggihan.

82 Ano ito? Ang Diyos na sinasalamin ang Kanyang Sarili sa mga propetang 'yun, sinasalamin si Cristo.

83 Pagkatapos ay dumating ang Isa na siyang kasakdalan ng Diyos. Ito'y ang Diyos na nasa kalagitnaan natin.

84 At magmula nung oras na 'yun, sinasalamin na Niya ang Kanyang Sarili sa Kanyang Iglesya, sa panig na ito ng Kalbaryo. Kaya, nakita n'yo, nagsusumikap tayong lahat na makarating sa tahanang ito, ng Tabernakulo ng buhay na Diyos. Ngayon may ilang tao. . .

85 Napansin natin dito, sabi niya, "Una ay mayroon tayong pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabutihan o kabanalan, at pagmamahal sa kapatid." Buweno. Mabuting kalooban sa kapatid, at pagkatapos ay idagdag ang pag-ibig. Hayaan n'yong basahin ko itong, lahat, muli, para makatiyak kayong maunawaan n'yo ito ngayon. Ngayon simulan natin sa ika-5 talata.

> *At* dahil din *dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay idagdag ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman;*
>
> *At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan;*
>
> *At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig,* na itinuturing na pagmamahal.
>
> . . .*kung nasa inyo ang mga bagay na ito, at sumasagana, ay hindi kayo pababayaang maging mga tamad* o *mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesus Cristo.*

86 Ngayon, may ibinabalangkas si Pedro rito para sa atin, tungkol sa kung papaano makakarating dun.

87 Ngayon gusto kong sabihin ito, na, may ilang tao na may bahagi ng kagalingang ito, ng kaalaman, ng karunungan, ng pagtitiis, at ng iba pa, na mga di naman nag-aangkin na Cristiano. Ngayon tayo lamang. . .tayo'y nagtuturo ng Sunday school. At totoo po 'yun. May ilang tao na may bahagi nito, na mga di nagpapanggap na Cristiano. Pero hindi 'yun. . .Hindi 'yun uubra. Para itong itim na ibon na nagsusubok maglagay ng mga balahibo ng pabo, para maging pabo raw siya. Nagdudulot lang siya ng kahihiyan sa sarili niya. Mas maigi pang manatili

na lang siya sa pagiging isang itim na ibon. Kita n'yo? Kapag sinusubukan niyang ganapin ang mga bagay na ito nang hindi siya Cristiano, mangyari ngang wala siya talaga sa lugar.

88 Para itong punongkahoy ng sikomoro na sinusubukang magbunga ng mga mansanas. Hindi nito magagawa, kita n'yo, gayong isa itong punongkahoy. Hindi nito magagawang makapagbunga ng mga mansanas.

89 Para itong mola na sumusubok maglabas ng lana, nagpupumilit na maging isang tupa gayong isa siyang lana, o, isa siyang mola pala. Nakita n'yo, hindi niya kayang gumawa ng lana. Hindi niya magagawa ito. Ang lana ay kaloob sa isang tupa, hindi sa isang mola. Subukan man niyang umakto na parang isang tupa, pero mola at mola pa rin siya. Kita n'yo? Mangyari nga, sasabihin niya, "Buweno, kaya kong kumain na parang isang tupa. Kaya kong gawin *ito* na parang isang tupa." At kahit ano pa ang kaya n'yong gawin, kinakailangan n'yong maging tupa para makapaglabas ng lana.

90 At hayaan n'yong huminto ako rito pansumandali. Hindi gumagawa-gawa ng lana ang tupa. Mayroon siyang lana dahil isa nga siyang tupa. Maraming tao ang nagsusubok magsabi, "Buweno, sisikapin kong maging mabuti. Sisikapin kong gawin ang *ganito*." Huwag kang gumawa-gawa ng anuman. Hindi't, hindi n'yo magagawa. Ang isang tupa nga'y hindi, hindi kailangang obligahin pa, hindi pinipilit na gumawa-gawa ng lana. Naglalabas siya ng lana, at ginagawa nito 'yun dahil isa itong tupa.

91 At kapag isa kang Cristiano, basta ipinamumunga mo lang ang bunga ng Espiritu. Hindi mo—hindi mo ito maibubunsod na gawa-gawa lang. Hindi mo ito masusubukang gawin-gawin. Na susubukan mong. . .Huwag mong pipilitin ang sarili mo sa isang bagay na hindi naman ikaw. Pangatawanan mo mismo kung ano ka talaga, at pagkatapos kusa na nitong aasikasuhin ang sarili nito. Narinig n'yo na bang sinasabi ng mga tao, "Buweno, sinasabi ko nga. Ako'y. . .Ako'y umanib na sa simbahan. Ako'y—ako'y talagang titigil na sa pagsisinungaling na ito"? Sinusubukan n'yo lang gumawa-gawa ng isang bagay uli, hayan nga. Hindi n'yo magagawa, kaya di na kailangan pang magpumilit, kagaya nga ng isang—ng isang—isang mola na di nito maibubunsod ang sarili maglabas ng lana. Hindi niya ito magagawa.

92 O, isang buwitre na sumusubok kumain kasalo ang isang kalapati, isang buwitreng nagpupumilit—isang buwitreng nagpupumilit maging isang kalapati. Maiisip n'yo ba ang isang buwitre roon sa labas, na magsasabi, "Alam mo, isa akong kalapati," at bibihisan ang sarili ng ilang balahibo, sasabihin, "Kita mo, mukha na akong. . ." Kita n'yo? Wala nga siya sa tamang itsura. Ganyan na ganyan ang isang—isang tao na nag-

aangkin ng isang bagay gayong hindi naman siya talaga ganoon. Kita n'yo, hindi n'yo magagawa.

93 Hindi n'yo maaaring sabihin, "Ngayon tingnan n'yo, kailangan mayroon akong kagalingan, kaya naman magkakaroon ako ng kagalingan. Dapat kong ipamuhay ang kabanalan, kaya ako nga'y magkakaroon at magkakaroon nito." Aba, sinusubukan mo lang magbihis-bihis ng mga balahibo. Gayong abot-kamay mo, pero di mo maaaring bihisan ng mga balahibo ang maling ibon. Kita n'yo? Sadyang hindi ito uubra. At ipinapakita lamang nito kung gaanong kaipokrito ang ibon na 'yun. Kita n'yo? Maiisip n'yo ba ang isang matandang buwitre na nagpupumilit na magkaroon ng ilang balahibo ng kalapati, haya't magsasabi, "Tumingin kayo rito, kita n'yo, isa akong kalapati"? Kita n'yo? Aba, alam nating lahat na isa siyang buwitre. Kita n'yo? Kita n'yo? Ganoon 'yun. Di tayo malilinlang na isa siyang buwitre.

94 Buweno, ngayon ganoon ang nangyayari, pinagpipilitan na—na gawin-gawin ang pagka-Cristiano. Hindi n'yo magagawa. Ang unang bagay na dapat n'yong gawin, ay ang maipanganak na muli. Kinakailangan n'yong mabago. Kita n'yo? At kapag nabago na kayo, magiging bagong nilalang na kayo. Ngayon umaayos na kayo, ngayon. Kita n'yo? Hindi n'yo kailangang mag-alala tungkol sa mga balahibo, kusa na ito, kapag—kapag naipanganak na kayong muli. Siyanga, po.

95 Tulad nga ng lagi kong sinasabi. Kumuha ka ng isang—isang baboy, kuskusin mo siya at suotan mo siya ng tuxsailor, o tuxedong terno, pala, bihisan siya, at pakawalan mo siya dun sa labas; didiretso't didiretso siya sa isang putikan at maglulublob. Dahil, kita n'yo, walang maidudulot na mabuti. Isa siyang baboy. Kalikasan niya 'yun. Kalikasan niya ang maglulublob-lublob. Kinakailangan n'yong baguhin ang kalikasan niya, at (siya) ang iba pa nito'y kusang susunod.

96 Ngayon, pansinin n'yo. Kinakailangan n'yong maipanganak na muli, ibig sabihin nga'y, mabago. Kinakailangan na may pagbabago.

97 Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, kilala ko itong isang babae rito, aba, wala siyang ginawang anumang pagkakamali kahit kailan. Isa siyang mabuting babae. O, itong si *ganito-at-ganoong* lalaki, mabuti siyang lalaki. Walang siyang ginagawang anuman. Alam mong hindi siya nananakit ng sinuman." Wala ngang kinalaman 'yan maski isang bagay. Maaaring isa siyang mabuting kapitbahay, pero hindi siya isang Cristiano hangga't maipanganak muna siyang muli.

98 Sinabi ni Jesus, "Maliban na ang isang tao'y maipanganak na muli," San Juan 3, sabi, "ay hindi niya makikita ang Kaharian." Ngayon, ang ibig sabihin nung, *makita*, ang ibig sabihin nun ay "maunawaan."

99 Titingnan n'yo ang anumang bagay, sasabihin, "Talagang di ko ito makita-kita." Ang ibig mong sabihin nun ay di mo ito maunawaan.

100 Hindi maunawaan ng isang tao kung bakit sumisigaw ang mga tao. Hindi maunawaan ng isang tao kung bakit mag-iiba ang wika ng isang tao't magsasalita siya ng iba't ibang wika. Hindi makita ng taong natural kung papaanong dumarating ang isang kaluwalhatian ng Diyos sa mga mata ng isang tao, at makakakita siya ng pangitain at magsasaysay sa tao ng mga partikular na bagay, at kung anong gagawin; sasaysayin 'yung mga bagay na nakatakdang mangyari, at ihahanda ang mga bagay na mangyayari, katulad ng ginawa ng Panginoon para sa atin dito kagabi, lalo na. Kita n'yo? Kita n'yo? Sinusubukan itong unawain ng—ng natural na isipan. "Buweno, anong ginawa niya? O, ano kayang klaseng pandaraya ang ginagamit niya? Ano kayang pakana ang mayroon siya?" Ang makita ang isang tao na nagsasalita ng iba't ibang wika, sasabihin nila. . . at may magpapaliwanag at magsasaysay nang eksakto sa isang miyembro ng Katawan kung anong ginawa nila, at kung ano ang di nila dapat gawin. Kita n'yo? Kita n'yo? Iniisip nilang ito'y isang uri ng pandaraya. "May lihim na usapan siguro sa pagitan nila."

101 Hindi nila ito mauunawaan hangga't ang taong 'yun ay maipanganak na muli. Pagkatapos kapag naipanganak na siyang muli, mangyari nga na siya'y nasa hanay na ng pakikisama, dahil isa na siyang bagong nilalang. Ang dating mapaghinala't, mapagdudang pag-uugali niya dati, ay patay na. Ngayon, isa na siyang bagong nilalang. Kaya, nakita n'yo, hindi na niya kailangang magdagdag ng anuman sa kanya, ngayon, dahil kusa na itong maidaragdag.

102 Pansinin n'yo, kailangan n'yong maipanganak na muli. At kapag ipapanganak kayong muli, hindi kayo maaaring maipanganak na muli nang walang pananampalataya. Siyanga. Kaya, nakita n'yo, sa tsart ko, inilagay ko rito sa pinaka pundasyon, ang pananampalataya ay ang pundasyon ng lahat ng ito. "Sapagkat kung walang pananampalataya ay hindi maaaring malugod ang Diyos. Ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang Diyos nga Siya, at Tagapagbigay-Gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya." Kita n'yo? Ganoon nga Siya. At kapag isa kang may pagdududa sa Biblia, kapag duda ka na ang Salita'y tama, mas mabuting manatili ka na lang diyan sa likod hanggang sa masampalatayanan mo muna ito.

103 Ano ang kasalanan? Kawalan ng pananampalataya. May dalawang elemento lamang na kumukontrol sa tao. Alinman 'yun sa pag-aalinlangan o pananampalataya, ang isa o 'yung isa pa. Pinaghaharian ka ng isa na nangingibabaw sa buhay mo. Nakadepende lamang kung gaanong pananampalataya ang mayroon ka, gaanong kataas ang kaya mong abutin.

104 Pero, 'yung una, kinakailangan nga na pananampalataya muna. Hayaan n'yo pong manatili ako sa pundasyong 'yan pansumandali. Ngayon, ang pananampalataya ay kung ano ang pinaniniwalaan mo. Ang pananampalataya ay kung ano... "Ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan." Ito'y, kamit mo na kapag mayroon kang pananampalataya, dahil nahahayag ito sa pananampalataya. "Ang pananampalataya ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan," Mga Hebreo 11, kita n'yo, "ang katunayan." Ano ito? Anong klaseng katunayan? Isang banal na katunayan.

105 Samakatwid, kapag sinabi mo, "Kapatid na Branham, nananampalataya ako na ang Diyos ay Tagapagpagaling." Buweno, kung sinasampalatayanan mo 'yun, at pagkatapos ay tinatanggap mo Siya bilang Tagapagpagaling mo, at hindi nagsisinungaling, kundi talagang sumasampalataya na sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling ka na, wala na ngang makakapagpabaling sa inyo palayo rito. Ito'y isang bagay na tapos na. Ngayon maaaring mayroon kang pag-asa, na tuluy-tuloy ka lang sa pag-iwas *dito* at pag-iwas *doon*. Pero kung may kamit kang pananampalataya, alam mo mismo ito, dahil ito ang katunayan. Kamit mo na mismo. Ako nga'y...

106 Ilan po, kung mayroon dito, ang nakapakinig kay Oral Roberts kaninang umaga, noong nangangaral siya kaninang umaga, si Oral Roberts? Napakinggan ko—napakinggan ko na may sinabi siya o kung ano tungkol sa mayroon daw pananampalataya, na para sa pagliligtas, mananalangin ng panalanging may kalakip na pananampalataya, para sa pagliligtas. Sabi niya, "Umugnay kayo sa pamamagitan ng paghipo sa radyo, umugnay kayo sa pamamagitan ng paghawak sa isang bagay, para..." Ginagawa niya 'yun, para makapagpresenta sa mga tao ng isang bagay na maaari nilang mahawakan. Isang bagay mismo, na masasabi n'yo, "Nakamit ko na ito ngayon, dahil sinabi niya sa akin na hawakan ko raw ang radyo ko. Nakamit ko na." Kita n'yo? Ngayon, ayos naman 'yun. Pero, mangyari nga, na ang totoong tunay na pananampalataya ay di nangangailangan ng paghawak sa anumang bagay. Ngayon, hindi ko kinokondena si Kapatid na Oral, hindi nga. Mahusay ang gawaing ginagawa niya, at isang taong banal mismo, at ako—ako nga'y tunay na humahanga kay Oral Roberts. Nakakalungkot na wala tayong mas marami pang tulad nila.

107 Pero ang sinisikap kong sabihin, ay—ay, di kailangan ng pananampalataya ng anumang bagay. Kita n'yo? Pinaniniwalaan ng pananampalataya ang Salita ng Diyos. Dahil ang pananampalataya ay nanggagaling ba sa pamamagitan ng "paghawak"? Hindi. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at pakikinig sa Salita ng Diyos." Yun ang umaangkla rito. Naroon nga ito. Kita n'yo? At ang pananampalataya,

gaya ng pagkakasabi rito, ay walang distansya. Ang pananampalataya ay ngayon na mismo. Ang pananampalataya ay narito mismo. Ngayon kagaya nga ng kung may isang tao. . .

108 Yung munting sanggol na 'yun, noong isang araw. Yung nanay na ikinuwento ni Kapatid na babaing Kidd at ng iba pa, na anak nun 'yung munting sanggol na nakalabas ang mga bituka, na walang labasan sa tumbong, para daanan ng pagkain. Ngayon, ang ginang na ito, sa pakikinig kay Kapatid na babaing Kidd at sa iba pa na nagpatotoo, siya'y nanampalatayang kung magagawa niyang makipag-ugnay, at maipanalangin ko 'yung sanggol na 'yun. Ngayon, kita n'yo, binibigyan tayo ng Diyos ng mga tao. . .

109 Ang ilan sa atin ay may mga karanasan na sa Diyos, ganoon na lamang—ganoon na lamang katotoo na ang Diyos ay para bang madalas dito, parang ganoon, at nakikipag-usap kay Kapatid na Neville o sa isang tao na kakilala n'yo. At hinihiling natin kung minsan sa mga taong 'yun na ipanalangin tayo. Ganoon nga ang dapat nating gawin. Pagkatapos kung mayroon tayong kamit na pananampalataya na ang lalaki o babaing 'yun, kung sino man ang nananalangin para sa atin, ay nakikipag-usap sa Diyos, mangyari nga na nakaangkla na ang ating pananampalataya. Nakakapit na ito. Tapos na mismo.

110 Heto. Yung Romanong lumabas para salubungin si Jesus. At ang sabi niya, "Hindi ako—Hindi ako karapat-dapat para Ika'y sumilong sa ilalim ng aking bubungan. Hindi ako—hindi ako. Hindi ako—hindi ako karapat-dapat. At hindi ko—hindi ko. . . hindi ko—hindi ko ibinibilang ang sarili ko na ganoon. Pero," sabi, "malubha ang sakit ng aking anak. At sabihin Mo lang ang Salita, hayan nga, at mabubuhay ang aking anak."

111 Ano ito? Hindi mahalaga ang distansya. Kita n'yo? Dahil, ang Diyos ay nasa lahat ng dako. Ang Diyos ay pinaka makapangyarihan sa lahat. At saan man naroroon ang Diyos, naroroon ang walang hanggang kapangyarihan. At ang Diyos, dahil sa pagiging nasa lahat ng dako, ibig sabihin ang Diyos ay nasa lahat ng lugar, saan man. Kita n'yo? Ang Diyos ay kasing dakila sa Alemanya, sa Switzerland, at doon sa Aprika, sa mismong minuto na ito, kung papaanong Siya ay dakila rito mismo. Oh! Hayan nga.

112 Kaya ngayon ang sabi niya, "Hindi ako karapat-dapat na Ikaw ay sumilong sa aking bubungan. Bigkasin Mo lamang ang Salita." Ano 'yun? Pananampalataya 'yun ng Romanong 'yun. Sinampalatayanan niya ito.

At sinabi ni Jesus, "Humayo ka sa iyong lakad. Mabubuhay ang iyong anak."

113 At umuwi na siya, dalawang araw na paglalakbay. At kinabukasan, bago pa siya makarating sa tahanan niya,

nakasalubong niya ang ilan sa mga alipin niya na paparating. At ang sabi nila, “Buhay ang iyong anak.”

114 At tuwang-tuwa ’yung Romano, hanggang sa matanong niya, “Anong oras ng araw siya nagsimulang gumaling? Mga bandang anong oras?”

Sabi nung alipin, “Bandang ikalabing-isang oras, nagsimula na siyang umigi.”

115 At naalala nung Romano na ’yun ang mismong oras na binigkas ni Jesus, “Mabubuhay ang iyong anak,” at nanampalataya siya. Amen.

116 Makapangyarihan sa lahat, nasa lahat ng dako, nakakaalam ng lahat ng bagay, walang hanggan, ’yan ang Diyos. Kaya naman, kapag tumawag sila sa telepono’t magsabi, “Manalangin!” Yang pakikipag-ugnayan na ’yan! At ang pananampalataya n’yo ang nagdadala sa Diyos. Ito ang bagay na nagdadala sa panalangin at sa Diyos, pareho, sa eksena. Panalangin! Binababago ng pananampalataya mula *rito* patungo *rito*. Dinadala ito na magkalakip.

117 “Bigkasin Mo ang Salita. Ang tanging ibig kong gawin Mo ay bigkasin ang Salita, at ang lahat ay magiging mabuti na.” Kita n’yo, hindi Niya kinailangang pumunta pa roon. “Bigkasin Mo lamang ang Salita.” Bakit? Ang Diyos ay nasa lahat ng dako. Siya’y makapangyarihan sa lahat. Siya’y kasing makapangyarihan sa ilalim ng mundo kung papaanong makapangyarihan Siya sa ibabaw ng mundo, o sa magkabilang panig man. Siya’y Diyos. “At ang tanging bagay na kailangan Mong gawin ay sabihin lamang ang Salita,” sabi niya.

118 At, ngayon, ang pananampalataya na ang kikilos para sa iba pa nito. Inaasikaso ng pananampalataya ang iba pa. Kaya dapat magkaroon kayo ng pananampalataya bilang pundasyon. Ang sangka-Cristianuhan, ang lahat ng kung ano kayo, lahat ng kung anong magiging kayo, ay nakabatay sa pananampalataya sa Salita. Yan ang dahilan kung bakit naniniwala ako sa Salita. Kita n’yo?

119 Hindi ko maaaring ilagay ang pananampalataya ko sa iba pang bagay. Kung ilalagay ko ito sa iglesya, sa aling iglesya ko naman ito ilalagay: Katoliko, Lutheran, Methodist, Baptist, mga Pentecostal ba? Saan ko ito ilalagay? Hindi ko alam. Lipos sila ng kalituhan at lahat na ng iba pa, binabaluktot ang mga talata, at lahat na ng iba pa.

120 Pero kapag inilalagay ko ang pananampalataya ko sa Kanyang Salita, ito nga’y nakaangkla. Walang ibang puwedeng magpaliwanag Nito. Heto mismo Ito, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kaya naman sasampalatayanan ko Yun. Nariyan na ang batayan.

121 May isang mabuting doktor dito sa bayan, kaibigan ko, si Doktor Sam Adair. Magkasama na kami mula pa pagkabata. Kilala n'yong lahat si Sam. At nabanggit niya sa akin, sabi niya, "Bill . . ." Matapos dumating nung pangitain na 'yun, sinaysay ko sa kanya kung saan niya itatayo ang tanggapan niya, kung paano ang magiging itsura nito. Ngayon bumisita kayo roon, tanungin n'yo siya minsan kung hindi ba't totoo 'yun. Dalawa o tatlong taon bago 'yun mangyari, sinaysay ko na sa kanya kung saan 'yun matatayo. Sabi ko, "Halos makukuha mo ang buong bloke na 'yun ng siyudad." At wala nga't ni isang bagay ang humadlang sa kanya at sa bagay na 'yun, at 'yun 'yung gusali ng rehabilitasyon. Nakuha na ni Doctor Adair ang iba pa nun, at 'yung parmasya. Ganoon mismo. Binuo mismo ni Doktor Adair nang eksakto, 'yung pangitaing 'yun. Mangyari nga, na isang lugar 'yun na sinabi niya, "Ni hindi 'yun maaaring pakialaman sa loob ng dalawampu't limang taon. Nasa korte kasi ito."

122 Sabi ko, "Doktor, ibinibigay ito ng Panginoon sa iyo, dahil sa iyong kababaang-loob."

Sabi niya, "Hindi nga ako karapat-dapat."

123 Sabi ko, "Isa kang pagong. Mayroon kang talukab sa labas, isang panlabas na 'yun ang nakikita ng mga kaibigan mo rito, pero sa panloob ay isa kang totoong tao. Lumabas ka sa talukab na 'yan." Sabi ko, "Ibinibigay ito ng Diyos sa iyo."

124 Sabi niya, "Hindi kita pinagdudahan kailanman, Billy, pero ako nga'y duda sa bagay na 'yan."

Sabi ko, "Pumunta ka na sa iyong opisina." At kaya lumabas na siya.

125 Kinaumagahan, tinawagan niya ako, sabi, "Mamamatay na ako sa lamig."

126 Sabi ko, "Anong nangyari?" Bandang Hulyo 'yun noon. Sabi ko, "Anong nangyari, Dok?"

127 Sabi, "Binili ko na 'yung lugar, Billy. Nagpulong sila kagabi sa Boston, at binili ko na 'yung lugar kaninang umaga."

Sabi, "Sinabi ko mismo sa'yo."

128 Naroon ako noong isang araw, nakikipag-usap sa kanya, noong sumabog 'yung baril sa mukha ko. Sabi niya, "Sa tingin ko naikuwento ko na ang tungkol dun sa sanlibong tao na bumisita rito, parang ganoon." Ano 'yun? Ngayon, kapag magwiwika ang Diyos ng anuman, tiyak na mangyayari 'yun.

129 Kagabi dumating ang ilang kaibigan. Narinig nila na 'yung pangitain tungkol sa usang caribou na may apatnapu't dalawang pulgadang sungay, at 'yung osong silver-tip grizzly. Hindi ko alam kung ilang tao ang bumisita noon sa bahay, na gustong makita 'yun. Sabi ko, "Heto ang panukat. Ilapat mo sa sungay." Narinig niya na sinabi ko na 'yun bago nangyari. Kita

n'yo? Bakit? Kapag may sinabing anuman ang Diyos, tiyak na mangyayari ito. Yun ang dahilan, ito'y nakabatay mismo.

130 Ngayon, *heto* ang plano ng kaligtasan. At mangyari nga na kung ang Kanyang pangitain ay nangyayari nang ganap, na eksakto sa paraan ng pagkakasabi ng mga ito na mangyayari, at alam ng iglesyang ito rito na tama 'yun, kung ganoon paano pa kaya sa Kanyang Salita? Kita n'yo? Mas tiyak 'yun kaysa sa pangitain. Kung hindi nagsaysay ang pangitain na kalakip ang Salita, kung ganoon ay mali ang pangitain. Anupa't ang Salita, ang una, dahil ang Salita ay ang Diyos. Kita n'yo? Kaya naman, Siya'y nasa lahat ng dako. Sinaysay Niya 'yun dito, at pinangyari sa Canada. Amen. Kita n'yo, Siya ay nasa lahat ng dako. Buweno.

131 Una, kailangan mong maipanganak na muli. At pagkatapos kapag naipanganak ka nang muli, mayroon ka nang pananampalataya; sinasampalatayanan mo ang Salita. Hanggang sa maipanganak ka munang muli, makikipagtalo't makikipagtalo ka laban Dito. Kung makarelihiyon ka lang, at—at mayroon kang kaunting—kaunting—kaunting munting kaalamang pantao na dapat kang gumawa ng tama, hindi ka kailanman makasasang-ayon sa Salita ng Diyos. Hindi mo magagawa. Kinakailangan mong maipanganak na muli. At, ang maipanganak na muli, siyanga't magbubunga ito ng pananampalataya. Buweno. Pagkatapos, matapos mong magkaroon ng pananampalataya, ito *rito,* p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a, pananampalataya, pagkatapos nga'y nasa posisyon ka na mismo ng paglago.

132 Ngayon, maraming tao ang nagpupunta sa may altar, at nananalangin, at nagsasabi, "Panginoon, patawarin Mo po ako." At isang dakilang karanasan ng pagpapabanal ang dumarating sa kanila, at ganoong mga bagay. Pagkatapos magkakaroon ka ng maluwalhating panahon, pupunta ka sa may altar, na sumisigaw. Babalik, sasabihin, "Purihin ang Diyos, nakamit ko na." Hindi, kasisimula mo pa lang sa isang dako kung saan maaari kang lumago. Wala ka pang kahit na ano. Kita n'yo? Ang tanging bagay na ginawa mo pa lang ay ang mailatag ang pundasyon.

133 Ngayon magtatayo ka ng isang bahay, at magbubuhos ka ng pundasyon, sasabihin, "Grabe, kamit ko na." Kita n'yo? Mayroon ka nang pundasyon na mapagtatayuan ng bahay mo. Ngayon kailangan mo pang itayo 'yung bahay.

134 Ngayon doon papasok 'yung bagay, sa umagang ito, na pag-uusapan natin ngayon. Buweno. Isang bahay, ang pundasyong ito ang una. Ano ang pundasyon ng Cristianismo? Pananampalataya sa Salita ng Diyos. Yun ang pundasyon n'yo. Pagkatapos ay magsisimula ka nang lumago. Pagkatapos magsisimula ka na, magsisimula ka nang magdagdag sa pundasyong ito.

135 Ngayon, sa pagtatayo ng bahay, inilalagy mo ang mga poste mo't lahat ng iba pa. Si Kapatid na Wood, at ilan sa mga karpintero't kontratista rito haya't masasabi nila sa atin kung paano mo maitatayo ang bahay mo. Kita n'yo? Pero sasabihin ko sa inyo kung papaano n'yo maitatayo ang espirituwal n'yong bahay, kung saan makakapanahan ang Diyos. Ibig Niyang manahan sa inyo. Ibig Niyang gawin kayo na katulad ng Kanyang Sarili. Ibig Niyang sumalamin ka, o sinasalamin, ang ibig kong sabihin, ang Kanyang Katauhan.

136 Alam n'yo, noong unang panahon 'yung paraan nila ng paggawa ng ginto dati, bago sila nagkaroon ng aparatong pantunaw para paglingasin ito, pinupukpok nila 'yung ginto dati, pinupukpok 'yung dumi para humiwalay, 'yung bakal at tanso at mga ganoong bagay, para humiwalay, at tuluy-tuloy lang sa pagpukpok, tapos babaligtarin, tapos pupukpukin. Ganyan ang ginagawa ng mga Indian ngayon, pinupukpok 'yung ginto, at pinupukpok nila ito. Alam n'yo ba kung paano nila masasabi na naalis na ang lahat ng bakal mula rito, at lahat ng dumi't mga bagay-bagay, at pati latak mula rito? Kapag naaaninag na nung pumupukpok 'yung sarili niya, na parang salamin, dito. Malinis na ito't sapat ang linaw na nasasalamin na nito 'yung pumupukpok.

137 Ganoon ang ginagawa ng Diyos. Kinukuha Niya ang gintong natagpuan Niya sa lupa, at Kanyang pupukpukin ito, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, babaligtarin 'yun, at babaligtarin, at babaligtarin, at pupukpukin hanggang sa (matanggap Niya) makita Niya ang Kanyang aninag. [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang ilang beses—Pat.]

138 At ganoon ang dapat nating gawin, masalamin ang Anak ng Diyos. At ngayon dapat nating gawin ang Kanyang gawa. Sabi Niya, "Ang sumasampalataya sa Akin . . . " San Juan 14:7, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Nagsisimula ka nang maaninag ang mga gawa ni Cristo.

139 Pero napakarami sa atin ang nagtatangkang gawin ang mga gawa ni Cristo bago masalamin sa atin si Cristo. Ngayon nandiyan ang problema. Nakikita natin ang mga bagay na 'yan na nangyayari. Alam n'yo ito. Alam ko ito. Nakikita natin ang mga katitisuran na ito sa daan. Nakikita natin ang bunton ng patapong-basura na mga ministro, na mga Cristiano, na nakatambak sa daan, dahil hindi sila pumasok dun nang tama.

140 At kaya narito ako ngayong umaga, para sikaping turuan ang munting iglesyang ito, at ang sarili ko, kung papaano tayo magiging dakong panahanan ng buhay na Diyos. Ilan ang gusto na maging ganoon? Ang dakong panahanan ng buhay na Diyos!

141 Ngayon ganito ang gawin natin. Ano ang unang bagay? Manampalataya at maipanganak na muli. Ganoon ang paglalatag ng pundasyon.

142 Pagkatapos, kapag nailatag na natin ang pundasyon, pangalawang kasunod ay magdagdag kayo sa inyong pundasyon. "Idagdag sa inyong pananampalataya," sabi ni Pedro rito. Idagdag sa inyong. . . Una ay magkaroon kayo ng pananampalataya, pagkatapos ay idagdag n'yo ang kagalingan sa inyong pananampalataya. Ito ang kasunod na hanay. Una, ibuhos n'yo ang inyong pundasyon, pananampalataya. Pagkatapos, sa inyong pananampalataya, idagdag n'yo ang kagalingan.

143 Ngayon, diyan bumabagsak ang marami sa atin. Siyanga, po. Siyanga. "Idagdag ang kagalingan sa inyong pananampalataya." Hindi lang ang ibig sabihin n'yan ay mamuhay ng isang birhen na pamumuhay, alam n'yo, gaya ng babae o isang lalaki, at kung ano pa. Walang anumang kinalaman 'yun doon.

144 Sinabi ng Biblia, mababasa natin dito sa Aklat ni Lucas, kung saan sinabi Dito, "Lumabas ang kagalingang bisa mula sa Kanya." Tama ba? Kung magiging katulad natin Siya, kinakailangan na magkaroon tayo ng kagalingan, kung ganoon. Kinakailangan nating magkaroon nito, para maging katulad Niya. Haya't ang unang awitin na nagustuhan ko kailanman, sa—sa mga himno, isa sa pinaka maganda, ay, *To Be Like Jesus*. Buweno, kung magiging katulad ako ni Jesus, kinakailangan na magkaroon ako ng kagalingan, at isang daanan para makadaan ito mula sa akin papunta sa mga tao. Dahil, "Lumabas ang kagalingang bisa mula sa Kanya papunta sa mga tao." Kagalingan! At bago mo ito mailabas, kinakailangan munang mayroon ka nito. Kung wala ka nito, hindi ito lalabas. Walang anuman dito para lumabas.

145 Paano kung may isang tao na nagtangkang humugot ng kagalingan mula sa atin, at tatalbog 'yung tseke't "walang sapat na pondo"? Kita n'yo? Hindi, hindi, walang pondo na mailalabas, kaya tumalbog ang tseke. May taong tumitingala sa iyo bilang isang Cristiano, at bukas ay makikita kang narito sa labas na ang asal ay gaya sa isang makasalanan, walang kagalingan nga ang mailalabas mula roon. Kita n'yo? Ganoon nga.

146 Nasa loob dapat natin ang kagalingan. At hangga't magkamit tayo ng kagalingan. . . Pagkatapos nga na magkaroon tayo ng kagalingan, maaari na natin itong idagdag sa pananampalataya natin. Yun ang kasunod na pader ng pundasyon. Ngayon, una nga'y kinakailangan mong magkaroon ng pananampalataya. Hindi uubra ang pananampalataya lang. Kinakailangan mong. . . sabi ni Pedro, "Pagkatapos ay idagdag mo ang kagalingan sa iyong pananampalataya." Kinakailangan

mong magkaroon ng kagalingan, para maidagdag ito sa pananampalataya mo.

147 Ngayon, mangyari nga, na baka, ang dahilan kung bakit wala ka nito, ay dahil maraming iglesya sa panahong ito ang nagtuturo sa inyo na hindi n'yo raw kailangang magkaroon nito, o lipas na ang mga araw nito. "Hindi nila kailangang magkaroon nito. Ang tanging bagay na kailangan mong gawin ay makianib lang sa iglesya. Oo, lipas nang panahon 'yan."

148 Kagalingan, alam ng kahit sino kung ano ang ibig sabihin ng salitang kagalingan, kita n'yo, at kailangan nating magkaroon nito. Kung lumabas ang kagalingang bisa mula sa Kanya, para pagalingin ang babaing may sakit, inaasahan Niya ang ganoon ding kagalingan sa Kanyang Iglesya, dahil Siya ang ating huwaran. At kung mayroon Siyang kagalingan para ibigay sa mga tao, inaasahan Niya tayo na magkaroon ng kagalingan para ibigay sa mga tao. At ano ba ang kagalingan? Ang kagalingan ay lakas, kapangyarihan.

149 Ang ilan nga sa kanila'y ni hindi naniniwala sa kapangyarihan ng Diyos. Sinasabi nila, "Yan—'yan—'yan nga'y lipas na. Ang tanging bagay na kailangan mong gawin ay ilagay ang pangalan mo sa aklat ng pagdalo, at mawisikan, o mabuhusan, o mabautismuhan, o sa kung ano pa. At 'yun lang ang kailangan mong gawin."

150 Pero sinabi ni Pedro dito, "Idagdag mo ang kagalingan." Ngayon, ang sinasaysay rito ni Pedro'y pagtatayo ng Bahay ng Diyos, kita n'yo, ang Templo ng Diyos, na ipinipirmi ito sa isang lugar. At pagkatapos mong magkaroon ng kagalingan, kailangan mong magkaroon ng . . . Pagkatapos mong magkaroon ng pananampalataya, kinakailangan mong magkaroon ng kagalingan na kalakip dito. Siyanga. Magkaroon ng kagalingan para sa buong mundo.

151 Ipinangaral ko ang isang pangangaral mga dalawampung taon na ang nakalipas, sa palagay ko, tungkol kay Rev. G. Lily. Lily, na pastor. Hinango ko ito mula sa teksto kung saan sinabi ni Jesus, "Pansinin ninyo ang mga liryo, kung papaanong hindi sila gumagawa o humahabi man. Gayunma'y sinasabi Ko sa inyo, si Solomon sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapaggayak nang tulad ng isa nito."

152 Tingnan n'yo ang liryo. Nanggagaling ito mula pa roon sa ibabang-ibaba mismo sa putik. At bawat minuto araw-araw ay kinakailangan nitong sumipsip mula sa lupa. Kita n'yo? At anong ginagawa nito sa kagalingang 'yun na sinisipsip nito? Ipinamimigay niya ito. Gumagawa ito ng magandang tanawin para sa dumaraang tagahanga. Pinamumukadkad nito ang kanyang sarili para 'yung pulot, para 'yung bubuyog ay dumapo't kunin ang kanyang bahagi. Hindi nagrereklamo. Mayroon nga siya nito, para ipamigay. Paano kung pumunta

roon ang bubuyog; tapos walang sapat na pondo, walang pulot? Mapapakamot ng ulo ang munting bubuyog na 'yun at sasabihin, "Ano namang klaseng liryo 'yan?"

153 Paano na kaya kung may taong mapapadaan, na nagsusumikap makasumpong ng kaligtasan, tapos mapapadpad siya sa isang iglesyang naniniwalang tapos na ang panahon ng mga himala?

154 Katulad ng sinabi minsan ni Jack Coe. Papasok sa isang restawran, at may malawak na malaking menu; isa-isa itong babasahin, may T-bone steak at kung anu-ano pa. Sasabihin, "Isang T-bone sa akin."

"Naku, noong nakaraang araw pa 'yan. Wala na kami nito."

155 Mas mabuti ngang ilapag mo na lang 'yung menu't lumabas na lang, kita n'yo, ganoon nga, dahil wala naman silang makakain, man lang. Kaya mas mabuti pang pumunta ka na lang sa isang restawran na mayroon silang maisisilbing makakain.

156 At ang taong espirituwal, na lumalaki, kinakailangan niya ng makakain. Ang Salita nga ng Diyos. Sinasampalatayanan ko ang bawat Salita Nito.

> Ang Diyos ay may hapag na inihain kung saan
> ang mga banal ng Diyos ay pinakakain,
> Mga hinirang Niya'y Kanyang
> ipinamamanhik, "Halina kayo at kumain."
> Sa Kanyang Manna Kanya silang pinakakain,
> Kanyang tinutustusan ang bawat
> kakailanganin,
> Oh, sadya ngang kaysarap kasalong kasama si
> Jesus sa tuwina!

157 Tama 'yun. Siyanga, po. Mayroon siya Nito. Mayroon ang Iglesya Nito, ang Iglesya ng buhay na Diyos, na itinayo sa sakdal na taong ito, ng kaalaman ni Cristo. Ngayon, ngayon kailangan n'yong magkaroon ng kagalingan.

158 Sinabi ko pagkatapos, malalaman mo na lang, may isa roon na gustong-gustong samyuin 'yung halimuyak. Hindi siya makasarili. Mayroon siyang halimuyak. Bago siya makapagbigay ng halimuyak, kinakailangan munang mayroon siya nito. Bago siya makapagbigay ng pulot, kinakailangan munang mayroon siya nito. Bago siya makapagbigay ng kagandahan, kinakailangan munang mayroon siya nito.

159 Bago ka makapagbigay ng kagalingan, kinakailangan munang mayroon ka nito. Kaya, idagdag n'yo sa inyong pananampalataya, ang kagalingan. Amen. Nauunawaan na ba? Maaari tayong maglumagi dun, pero baka maubusan tayo ng oras. Idagdag ang kagalingan sa inyong pananampalataya. Ngayon, ang una ay pananampalataya, pagkatapos ay kagalingan.

160 At pagkatapos, ang pangatlo, idagdag n'yo ang kaalaman. Kaalaman, ngayon, hindi ibig sabihin nun ay makamundong kaalaman, dahil kamangmangan 'yun sa Diyos; kundi kaalaman para humatol, humatol (ng ano?) ng tama sa mali. Paano n'yo hahatulan ito, kung ganoon, kung mayroon na kayong Cristianong kaalaman na kalakip ng iyong kagalingan at pananampalataya? Hahatulan mo kung ang Salita'y tama o mali. At kung maisasantabi mo na ang lahat ng mga kredo mo, at lahat ng kawalan mo ng pananampalataya, lahat ng inaangkin mong nagawa mo, kung ganoon ay mayroon ka nang kaalaman para sampalatayanan na di maaaring magsinungaling ang Diyos. "Ang salita ng bawat tayo'y maging kasinungalingan, datapwat ang sa Akin ay totoo." Kita n'yo? Ngayon nagkakaroon ka na ng kaalaman. Yan nga'y pinakamataas na kaalaman. Hindi n'yo kailangang magkaroon ng apat na digri sa kung saang kolehiyo, o bagay na parang ganoon, para magkamit nito, dahil ang lahat ng mga katangiang ito ay ibinibigay sa inyo ng Diyos, para ipatong sa pundasyon ng inyong pananampalataya, para dumating kayo sa ganap na katangkaran ng isang tunay, na buhay na tao ng Diyos. Siyanga, po.

161 Idagdag, idagdag ang kaalaman, dahil, kaalaman ng Kanyang Salita. Kailangan n'yo itong sampalatayanan sa ganitong paraan. Kagaya na lang ng, dapat n'yong paniwalaan ngayon na ang. . .at tanggapin ito, na ang mga araw ng mga himala'y hindi lipas. Kaalaman sa kung ano man ang sinabi ng Diyos, ay may kakayahan ang Diyos na isagawa.

162 Pinaniwalaan 'yun ni Abraham. At noong sandaang taong gulang na siya, hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng kawalan ng pananampalataya. Tingnan n'yo kung gaanong tila kakatwa ang Salitang 'yun. Narito ang isang lalaki, sandaang taong gulang na, na naghihintay na maisilang ang isang sanggol sa kanyang tahanan, sa pamamagitan ng isang siyamnapung taong gulang na babae. Kita n'yo? Halos limampung taon na lampas na sa pagdadalan-tao, namuhay kasama niya magmula noong ang babaing ito'y isa—isa pa lamang bata, o dalagita. At heto na siya, patay na ang daluyan niya ng buhay. At patay na ang sinapupunan ni Sarah. At wala nang kapaga-pagasa, kung pag-asa lang ang pagbabatayan. Pero, sa kabila nun, taliwas man sa pag-asa, naniwala siya sa pag-asa, dahil mayroon siyang kaalaman na kayang tuparin ng Diyos ang lahat ng ipinangako Niya.

163 Ngayon, kapag mayroon ka na nito na tulad nun, kung ganoon ay idagdag mo 'yun sa iyong pananampalataya. Kapag mayroon ka nang tunay na kagalingan, idagdag mo 'yun sa iyong pananampalataya. Sa paglalakad mo sa labas dito sa lansangan, mamuhay ka na gaya ng isang Cristiano, kumilos ka na gaya ng isang Cristiano, maging isa kang Cristiano, idagdag mo 'yun sa iyong pananampalataya. Kapag mayroon kang kaalaman. . .

164 Sinasabi n'yo, "Buweno, hindi ko alam ngayon kung ang Kasulatan bang *ito'y* tama talaga. Ngayon heto ang Mga Gawa 2:38, hindi ko alam kung papaano ito maiuugnay sa Mga Gawa 28:19, hindi ko alam." Buweno. Wala kang—wala kang maidadagdag na anuman, dahil wala ka pa Nito. Kita n'yo? Anong gagawin mo? Dahil, wala ka pang sapat na kaalaman para malaman ang tungkol sa Diyos, wala pa, na di sinasalungat ng Biblia ang Sarili Nito. Pabayaan mo ito. Huwag ka nang magsalita pa tungkol dito. Kita n'yo? Pabayaan n'yo.

165 Pero kapag nakikita n'yo nang hindi salungat ang Kasulatan, na masasabi n'yo na 'yun; at nakikita na mismo, na, sa pamamagitan ng kapahayagan ng Diyos, ang buong Biblia'y isinulat sa mga hiwaga, at tanging ang kaalaman lang ng Diyos ang makapaghahayag Nito; kung ganoon kapag nakuha mo na't nasasabi mo na, na sinasang-ayunan mo na nang may diin ang bawat Salita ng Diyos ng "amen," kung ganoon ay idagdag mo 'yun sa iyong pananampalataya.

166 Oh, nagiging ganap na tao ka na ngayon. Kita n'yo? Lumalago ka na, kita n'yo. Sa pamamagitan ng ano? Sa pananampalataya, pagkatapos sa kagalingan, pagkatapos kaalaman. Nakikita n'yo kung papaano nito binubuo ang taong ito? Nakikita n'yo na walang—walang paraan para matakasan ito. Ito ang paraan para humantong sa ganap na katangkaran ni Cristo. Siyanga, po.

167 Ang humatol, humatol nang tama. Ang paghatol kung ito'y tama o mali, ay ang paniwalaan ang Salita ng Diyos. Paghatol kung ito'y tama o mali, kung dapat ba akong maglingkod sa isang kredo o maglingkod sa Diyos. Paghatol kung ito ba'y tama o mali, kung dapat ba akong maipanganak na muli o sumali sa isang iglesya. Kapag ganyan ay nagsisimula na kayo. Humatol nang tama, kapag sinasabi ng mangangaral, "Ang araw ng mga himala'y lipas na." Sinabi ng Biblia, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ngayon alin ang paniniwalaan n'yo?

168 Kapag sinabi n'yo, "Pipiliin ko ang Diyos." Ngayon, hindi mo dapat sabihin 'yan para may sabihin lang, "Buweno, akin—akin itong tinatanggap," na mula sa puso n'yo lang. Kundi, may bagay sa kaibuturan n'yo, na tumutulak palabas doon ang inyong pananampalataya. Hayan nga. Sinasabi ng pananampalataya n'yo, "Alam kong Siya'y siya pa rin. Amen. Nasaksihan kong Siya pa rin. Walang makakaalis nito sa akin. Alam kong tunay Siya." Amen. Kung ganoon ay idagdag n'yo 'yun sa inyong pananampalataya. Ipatong n'yo ito sa pundasyon. Papataas ka na ngayon, papataas na mismo patungo sa Kaharian. Nakarating ka na sa isang dako ngayon. Buweno.

169 Ngayon, ang kasunod na bagay, sasabihin sa inyo ng mangangaral, at sasabi-sabihin ng maraming tao, "Yang. . .

Yang mga bagay na ’yan na nababasa n’yo sa Biblia, para ’yan sa nakalipas na panahon. Ngayon, sasabihin ko sa inyo kung bakit. Dahil di na natin kailangan ang mga bagay na ’yan sa panahong ito. Hindi na natin ’yan kailangan. Kita mo? Hindi na dapat. Hindi na natin dapat isagawa ’yang mga ganyang bagay, ’yang Makalangit na pagpapagaling. Hindi na namin ginagawa ang pagsasalita ng iba’t ibang wika, sa simbahan, para—para panatilihing matuwid ang simbahan namin. At hindi na namin ginagawa ang *ganito*.”

170 Dadako tayo roon. May Kasulatan ako na naisulat dito tungkol diyan, kita n’yo, kung dapat pa ba nating gawin ito o hindi na, ngayon.

171 Pero dito sasabi-sabihin nung tao, “Di ko lang alam. Hindi na natin dapat gawin ’yan ngayon. Ang tanging bagay na sa palagay ko’y dapat nating gawin, ay dapat tayong matutong magsalita nang wasto sa harapan ng mga tao. Dapat tayong kumonsulta’t ipasuri sa isang saykayatrista ang pag-iisip natin, para tingnan kung kaya nating maiharap ang ating sarili, kung ang IQ ba natin ay mataas-taas para gawin ang bagay na ito, at—at kung anu-ano pang tulad nun. Sa tingin ko. . . At hawak namin ang pinaka malalaking kongregasyon. Nagtayo kami ng organisasyon namin.”

172 Hindi tayo nagtatayo ng isang organisasyon. Hindi ako naparito ngayong umaga para magtayo ng isang organisasyon. Hindi ako ipinadala ni Cristo para magtayo ng organisasyon. Ipinadala ako ni Cristo para magtayo ng mga indibiduwal sa katangkaran ni Jesus Cristo, para sila ang maging bahay ng kapangyarihan at dakong panahanan ng Espiritu, sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sa pamamagitan ng Kanyang Salita, kita n’yo, na itinatayo ang indibiduwal sa ganoong kalagayan. Hindi magtayo ng isang organisasyon tungo sa isang mas malaking denominasyon, kundi itayo ang isang indibiduwal tungo sa pagiging mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos. Ganoon ang kaisipan. Kita n’yo? Idagdag sa inyong pananampalataya, ang kagalingan; sa inyong kagalingan, ay idagdag naman ang kaalaman. Buweno, ngayon papunta na kayo sa isang dako uli.

173 Ngayon kapag sinimulan nilang sabihin, “Buweno, hindi namin kailangang tanggapin ’yun sa panahong ito. . . ” Aba’y kailangan n’yo. Dapat tanggapin n’yo.

174 Hindi maaaring magsinungaling ang mga Kasulatan. “At ang Mga Ito’y hindi sa pansariling pagpapaliwanag,” sabi ng Biblia. Sampalatayanan n’yo lamang Ito kung papaano Ito nakasulat Doon. Kita n’yo? Kinakailangan ngang kamit n’yo ang mga bagay na ito. At ang tanging paraan na magkakamit kayo ng mga ito, ay sa pagkakaroon ng kaalamang mula-sa-Langit.

At pagtitibayin ng kaalamang mula-sa-Langit ang Salita. Kita n'yo?

175 Kinakailangan n'yo mismong manampalataya, hindi kunwang nananampalataya lang. Walang mga kunwa-kunwang pagsampalataya rito, kita n'yo, na kung pipilitin n'yong sabihin, "Nasa akin na ito." Huwag kayong maging itim na ibon na binibihisan ang sarili ng balahibo ng pabo, kita n'yo, dahil malalaglag din ang mga 'yan. Hindi kasi likas na tumubo ang mga 'yan diyan. Nakadikit lang ang mga 'yan.

176 Naiisip ko 'yung dako kung saan sinabi ni David noon, Mga Awit 1, "Siya'y magiging parang isang punongkahoy na itinanim sa tabi ng agos ng tubig." Alam n'yo, may pagkakaiba sa itinanim at itinusok lang, inilagay lang. Gaya ng matandang puno ng encina, na itinanim, haya't nagugat-ugat 'yun at kumakapit nang mabuti. Yung maliit na lumang patpat na itinusok lang doon, hindi mo alam kung anong mangyayari rito. Walang mga ugat. Wala itong pundasyon. Kita n'yo?

177 Para 'yang ilang mga tao na galing ng seminaryo o kung ano, kita n'yo. Walang. . . "Buweno, itinalaga ako ni Doktor *Ganito-at-ganoon* sa pagmiministeryo." Wala akong pag-aalintana kung ano man 'yun.

178 Ipinanganak kayo ni Cristo papasok rito, kita n'yo, kita n'yo, sa pamamagitan ng pananampalataya n'yo. Kita n'yo? Binago ang buhay n'yo at ipinanganak dito. At pagkatapos n'yong maipanganak dito, ito ang mga bagay na inaasahan Niyang idaragdag n'yo. Ituloy-tuloy mo lang ang pagdaragdag ng mga ito. Ngayon umuusad na tayo.

179 Ngayon may isa pang bagay ukol sa kaalamang ito, na maaari nating pag-usapan, maka-Diyos na kaalaman. Kita n'yo? "Naiwaglit na ba ng Biblia ang katuturan Nito sa panahong ito?" Kita n'yo, sila, maraming tao ang nagsasabi sa inyo nun, na hindi na raw ganoon ang ibig sabihin ng Biblia. Kung binabantayan ako ng Diyos, at itinutuwid ako sa aking kasalanan, at kung anak ako ng Diyos, ginagawa Niya 'yun. Ganoon ang ginagawa Niya sa inyo, mga anak na lalaki't [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] mga anak na babae. Kapag makagagawa kayo ng anumang pagkakamali, itinutuwid Niya kayo. Kung ganoon kapartikular ang Diyos sa inyo, na nakaantabay Siya sa inyo at itinutuwid kayo, gaano pa kaya sa Salita Niya, na siyang huwaran n'yo, na Siya Yun Mismo!

> *Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios.*
>
> *At. . .nagkatawang-tao, at tumahan sa gitna natin,. . .*

180 Ang Salita'y ang kapahayagan ni Jesus Cristo, ganoon ang sinabi ng Biblia, si Cristo na nahahayag sa Kanyang Salita. At kung nakaantabay Siya sa inyo noong nilalabag n'yo ang mga

kautusang ito, na sinasaway Niya kayo dahil dito, gaano pa kayang nakaantabay Siya sa Kanyang kautusan na sumasaway sa inyo! Amen.

181 Sige lang, iho, huwag mong sabihin sa akin ang ganyang bagay!

182 Naniniwala ako sa tunay, na kaalaman ng Espiritu Santo. Ang kaalaman ng Espiritu Santo'y laging sasang-ayon sa Salita nang may diin na "amen." Kapag napapadako kayo sa mga bagay na ito na para bang nagsasalungatan, sa Biblia, maupo kayo at pag-aralan ito, at magbabad sa panalangin gaya nun. At malalaman mo na lang, unti-unti nang kikilos ang Espiritu Santo. Matapos ang ilang saglit ay makikita mo na ito na dumudugtong na nang magkalakip, at hayan nga na nakukuha mo na ito. Kita n'yo? Ganoon ang kaalaman.

183 Ang ilan sa kanila'y magsasabi, "Buweno, ngayon, sinabi ng Biblia na Siya'y siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman."

184 At sasabihin naman ng iglesya, "Sa isang banda, Siya'y siya pa rin." Huh-uh! Huh-uh! Binuksan mo tuloy ang puwang, diyan mismo. Kita n'yo? Siyanga, po. Hindi, po. Siya'y siya pa rin. Siyanga, po.

185 "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Hindi Siya nagbago, ano't anuman. Nabubuhay Siya sa Kanyang Iglesya, ginagawa ang siya pa ring bagay. "Kaunti pang panahon," gaya ng binanggit ko kanina, "kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunman ay makikita ninyo Ako." Dahil, ang sabi Niya, "Sasamahan Ko kayo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng mundo." Muli, sinabi Niya, "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Muli, sinabi Niya, "Ako ang magiging Puno ng Ubas. Kayo'y magiging mga sanga." At nabubuhay lamang ang sanga sa pamamagitan ng Buhay ng Puno. Kung ano man ang nasa Puno ay lumalabas 'yun sa sanga. Maluwalhati! Kung ganoon, "Si Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ibinubunga nito ang Buhay ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

186 Kaalaman; hindi makamundo (ito kasi'y nangangatwiran). Anumang makamundong kaalaman ay nangangatwiran. Kita n'yo? Pero ang pananampalataya ay walang pangangatwiran. Ihahayag sa inyo ng Diyos ang *ganito-at-ganoong* bagay na mangyayari, tapos sasabihin sa iyo ng bawat siyentipiko sa mundo, "Taliwas 'yan. Hindi 'yan maaaring mangyari." Sasampalatayanan mo pa rin, ano't anuman. Kita n'yo? Siyanga, po. Hindi ito nangangatwiran. Sinabi ng Biblia, "Tanggihan natin ang bawat pangangatwiran." Hindi ka nangangatwiran sa pananampalataya. Walang pangangatwiran ang pananampalataya. Alam ng pananampalataya kung nasaan ito. Kumikilos ang pananampalataya. Nanghahawakan

ang pananampalataya. Hindi ito maaaring matinag. Walang makakatinag sa pananampalataya. Wala akong pakialam kung ano man ang nagsasabi ng *ganito*, *ganoon*, *iba pa*. Hindi ito natitinag, kahit kaunti. Nananatili ito roon mismo, naghihintay, naghihintay, naghihintay, naghihintay. Walang alintana. Nananatili ito roon mismo.

187 Sinabi ng Diyos kay Noe na mangyayari ang mga bagay na ito. Sinampalatayanan niya ito. Kita n'yo? Sinabi ng Diyos kay Moises na mangyayari ang mga bagay na ito. Sinampalatayanan niya ito. Sinabi ng Diyos sa mga alagad na mangyayari ang partikular na mga bagay, "Pumunta kayo roon sa Pentecostes at maghintay." Nanatili sila roon mismo. Siyanga, po. Buweno.

188 Ngayon, kaalaman, ngayon, hindi makamundong kaalaman, kundi Makalangit na kaalaman. At ang Makalangit na kaalaman, gayong ang Diyos ang bukal ng lahat ng kaalaman, at ang Diyos ang Salita, kung ganoon, kung mayroon kang Makalangit na kaalaman, sinasampalatayanan mo ang Salita, at pinagpapasyahan ang anumang bagay sa pamamagitan ng Salita.

189 At itong kaso ukol sa pagbubuwis na pinagdaanan ng iglesya, o napagdaanan ko. Isa sa mga kalalakihan dun isang beses, sa isang munting pagdinig, ang sabi sa akin. Sabi, sabi ko . . . "Wala silang makitang mali." At kaya sinimulan nilang . . .

190 Sabi ko, "Buweno, kung ganoon, kung walang mali, bakit hindi n'yo ako tantanan?" Kita n'yo? Kita n'yo? At nagpatuloy ako, nagsaysay ako sa kanya tungkol sa mga Kasulatan.

191 Sabi niya, nitong napakalaking lalaki na may ipit na sigarilyo sa kanyang kamay, sabi niya, "G. Branham, isa akong mag-aaral ng Biblia."

Sabi ko, "Natutuwa akong marinig 'yan."

192 Sabi niya, "Ngayon gusto kong malaman 'yang tungkol sa pamahiin na 'yan, kung sumisingil ka ba para sa mga panyong 'yan na ipinapadala mo, diyan sa munting pamahiin na 'yan ng pananalangin sa mga panyo tapos ipinapadala mo ang mga 'yun, 'yang mga 'pinahirang tela,' ang tawag mo sa mga 'yun, 'tela.'" Sabi niya, "Mangyari nga na naniningil ka para sa mga 'yun."

Sabi ko, "Hindi, po. Walang sinisingil dito."

At sabi niya, "Buweno, sa pamahiing 'yan."

193 Sabi ko, "Tinatawag mo itong pamahiin, ginoo. Ang sabi mo kanina isa kang mag-aaral ng Biblia."

Sabi niya, "Ako nga."

194 Sabi ko, "Sipiin mo sa akin ang Mga Gawa 19:11." Kaalaman! Hinulog niya ang sarili niya mismo sa bitag, na sinubukang ibahin ang usapan. Sabi ko, "Sige sipiin mo sa akin ang Juan 5:14." Hindi niya magawa. Sabi ko, "Tapos Santiago

5:14." Hindi niya magawa. Sabi ko, "Alam mo ba ang Juan 3:16?" Kita n'yo? Kaalaman, katalinuhan, ng mundo! Pero noong . . .

195 Sabi niya, "Pero, G. Branham, sinusubukan mo kasing litisin ang kasong ito sa pamamagitan ng Biblia. Nililitis namin ito sa pamamagitan ng mga batas ng lupain."

196 Sabi ko, "Ginoo, hindi ba't nakabatay ang mga batas ng lupain sa Biblia? Kung ganoon ito'y katarungan." Amen! Tunay.

197 Kaalaman; na hindi makamundo. Espirituwal na kaalaman sa Salita, pagkaalam sa sinabi ng Diyos, na gawin kung anong sinabi ng Diyos, na tama. Mangyari nga na kapag kamit n'yo na ito at kaya n'yo nang sampalatayanan ang lahat ng mga bagay na ito, na Siya'y siya pa rin, at ang lahat ng mga bagay na ito na sinasabi ng Salita ay totoo, sasang-ayunan mo nang may diin ang bawat isa nun ng "amen." Na mabuti ang lahat ng ito. Idagdag mo 'yun sa iyong pananampalataya. Mabuti ang lahat ng ito. Oo.

198 Kung may susubok sabihin sa inyo, na, "Nawaglit na ng Biblia ang kapangyarihan Nito. Walang ganyang bagay na gaya ng bautismo ng Espiritu Santo." Huh-uh. Huwag n'yong idagdag 'yun. Hindi uubra. Babagsak ito. Para bang nagpatong kayo ng luwad sa isang bato, hindi makatatayo. Guguho ito.

199 Tapos sasabi-sabihin sa inyo ng mga tao, "Hindi na maaaring pagkatiwalaan ang Biblia ngayon. Mag-iingat ka. Huwag kang maniwala roon. Hindi na ito maaaring pag- . . . " Naririnig n'yo 'yan lagi. Munting sabi-sabi, "Hindi ka maaaring magtiwala sa Biblia." Buweno, kung—kung nasa isipan mo ang ganyan, huwag mo—huwag mo nang tangkaing idagdag ito, dahil hindi 'yan uubra. Guguho ang buong gusali mismo.

200 Kinakailangan nitong madikdik ng Espiritu Santo. Ang ibig kong sabihin ay masiksik, ng pandikdik na nagseselyo nito. At 'yung siya ring bagay na nagseselyo nito . . . Alam n'yo kung paano . . .

201 Ang isang binulkanisang goma ay mas tumatagal kaysa sa isang lumang gulong na tinapalan lang. Kaunting init lang na madikit dun sa lumang pantapal sa isang gulong, mabibigla ka na lang, uminit lang nang kaunti 'yung gulong na 'yun, tapos bilisan mo nang kaunti ang patakbo, haya't malulusaw ito. Siyanga, po. Kita n'yo?

202 At ganoon ang problema sa maraming tao sa panahong ito. Pinagpipilitan nilang idikit ang kanilang kaalaman sa isang makamundong kaalaman, sa pamamagitan ng kaunting makamundong pandikit, at, kapag dumating ang mga pagsubok, "Naku, marahil mali ako." Kita n'yo? At mawawalan na ng hangin, iimpis ka sa loob ng ilang minuto. Ang lahat ng pagsisigaw mo at pagtalon-talon ay walang magandang naidulot sa'yo. Makikita ka ng mga tao na muling bumabalik sa dating putikan uli. Kita n'yo? Siyanga.

203 Pero kung mananatili ka roon na may sapat na init ng Espiritu Santo, hanggang sa maging isa ka at ’yung goma. Ganoon nga. Ikaw at ’yung goma’y magiging isa na. Kung mananatili ka riyan hanggang sa ikaw at ang bawat pangako ng Diyos ay magiging isa, saka mo ’yun idagdag sa iyong pananampalataya. Kung hindi, huwag mo na itong idadagdag.

Na sasabihin mo, “Hindi mapagkakatiwalaan ang Salita.” Huwag na huwag mong tatangkain na idagdag ’yun.

204 Sasabihin mo, “Ang mga pangako rito, ng bautismo ng Espiritu Santo, ay para lang sa labindalawang alagad,” katulad ng sinasabi ng ilang mga iglesya sa panahong ito, huwag na huwag n’yong susubukang idagdag ’yun. Nasa ganoon ang pundasyon nila, haya’t guhong-guho. Kita n’yo? Gaya ni Uzzia, kagabi, noong makita ng propeta ang pundasyon ng taong ito na pinagkakatiwalaan niya, ay gumuho, hinaplit ng ketong, hindi nga umubra. Ngayon, “Para lamang ’yun sa labindalawang alagad, tanging sa labindalawang alagad lang.”

205 Naroon ako noon kina Kapatid na Wright. . . Sa palagay ko nandiyan sila sa likod kung saan man. Isang gabi, may isang ministro roon, nagsasalita ako, apat o limang mangangaral ang magkakasama. Tumayo ang ministrong ito at ang sabi, “Ngayon, may gusto akong sabihin sa inyo mga minamahal. Oh, sa tingin ko kayo’y mabubuting tao.”

206 Sinabi ko, may sinabihan ako, sabi ko, “Yang—’yang isa na ’yan na nakaupo roon. Matyagan mo.”

207 Mangyari nga, na si Junior Jackson, doon, katatapos lang niyang magsalita. At sabi niya. . . nangangaral siya tungkol sa biyaya ng Diyos. Oh, naku!

208 Nag-iinit siya, sa paghihintay. Tumayo siya roon at pilit niyang inuunawa. “Ngayon, gusto kong sabihin na si G. Branham dito, sinasabi ko sa inyo, siya’y isang anticristo.” At ganoon ang panimula niya, hanggang umabot magdamag.

209 Ang ilan sa mga mangangaral ay akmang. . . Sabi ko, “Sandali lang. Ngayon, huwag n’yong bulyawan, mga kapatid. Mag-isa lang siya at isang grupo tayo.” Sabi ko, “Pabayaan n’yo lang siya ngayon. Ako man ay pagdiskitahan niya.” Ako man ay gustong-gusto ko na sana, mismo, gustong-gusto ko na’t, hindi ko alam kung anong gagawin ko. Kita n’yo?

210 Kaya, sabi niya, “Si G. Branham ay isang anticristo,” at patuloy siya sa pagsasabi ng lahat na gaya nun, alam n’yo, tungkol sa. . . Sabi niya, “Sinabi niya roon, ‘Isang bautismo ng Espiritu Santo.’” Sabi, “Sinabi ng Biblia na mayroon lamang labindalawa na nagkaroon ng bautismo ng Espiritu Santo.” Pinapatungkulan niya ’yung Makalangit na pagpapagaling, “Ang labindalawang apostol lamang ang nagkaroon ng Makalangit na pagpapagaling.” Sabi niya, “Magsalita lamang tayo sa kung saan nagsasalita ang Biblia, at

tahimik dapat tayo sa kung saan tahimik ang Biblia." Naghintay ako hanggang sa natapos na siya sa kakangawa roon sa loob ng mga kahalating oras.

211 Sabi ko, "Sandali lang. Napakarami kong naisulat dito," Sabi ko, "bigyan mo ako ng pagkakataon para sagutin ang ilan." At pagtayo ko, sabi ko, "Ang ginoo, sinabi niyang siya raw ay 'nagsasalita lamang sa kung saan nagsasalita ang Biblia,' ang iglesya raw niya, 'at tahimik sa kung saan Ito tahimik.' Kayong lahat ay saksi. 'Oo.'" Sabi ko, "Ngayon, sinabi niya 'Mayroon lamang labindalawa na nakatanggap ng Espiritu Santo.' Sinasabi ng Biblia ko na may sandaan at dalawampu, sa unang pagkakataon." Amen! Ibasura n'yo ang ganoong klaseng kaalaman, nakita n'yo, na tinatangka niya.

212 Sabi ko, "Kung ganoon pala hindi natanggap ni Pablo ang Espiritu Santo gayong sinabi niyang natanggap niya." Kita n'yo?

213 Sabi ko, "Doon sa . . . Noong nagpunta si Felipe at nangaral sa mga Samaritano. Nabautismuhan sila sa Pangalan ni Jesus. Pero, hindi pa dumating ang Espiritu Santo sa kanila noon. At nagpapunta sila't ang ginawa nina Pedro at Juan, nagpunta roon at pinatungan sila ng mga kamay, at bumaba sa kanila ang Espiritu Santo. Akala ko ba labindalawa lang?"

214 Sabi ko, "Sa Mga Gawa 10:49, noong nasa itaas ng bahay si Pedro, at nakita niya ang pangitain na pinapupunta sila kina Cornelio. Samantalang nagsasalita pa si Pedro nung mga pahayag na 'yun, ay bumaba ang Espiritu Santo sa kanila na mga nakikinig ng Salita." Sabi ko, "Nagsasalita pa rin ukol sa bagay na 'yan ang Biblia. Sige't nasaan dun ang iglesya mo?" Nandiyan nga sa mga pala-palagay. Siyanga. Kita n'yo?

215 Sabi ko, "Ang Makalangit na pagpapagaling, sabi mo, 'Ang labindalawang alagad lamang ang nagkaroon ng Makalangit na pagpapagaling.' Sinabi ng Biblia na nagpunta si Esteban sa Samaria't nagpalayas ng mga diyablo't nagpagaling ng mga maysakit, at nagkaroon ng malaking kagalakan sa bayan. At hindi siya isa sa labindalawa. Hindi siya isang alagad. Isa siyang diyakono." Amen. Amen.

216 Sabi ko, "At hindi isa si Pablo sa labindalawa na nasa silid sa itaas, at mayroon siyang kaloob ng pagpapagaling."

217 Sabi ko, "Tingnan mo na lamang ang mga kaloob ng pagpapagaling! Hayan nga't nagpatuloy, tatlumpung taon ang dumaan, nandun pa rin sa Mga Taga-Corinto, na itinatalaga ang kaloob ng pagpapagaling sa Katawan ni Cristo." Oh, grabe!

218 Ngayon, 'yang ganyang klase ng kaalaman na natututunan n'yo sa kung anong aklat, mabuti ngang itapon n'yo 'yan sa basurahan. Pumunta kayo sa kaalaman na ito. Kapag sinabi ng Diyos, "Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," sabihin n'yo, "Amen." Siyanga, po. Siyanga, po. Hindi lang sa labindalawa; para sa lahat ito. Kapag nagkaroon ka ng ganoong

uri ng isang—isang pananampalataya, kapag sumasang-ayon ang pananampalataya mo rito nang may diin, sa bawat katiting, ng "amen," tapos sasabihin mo, "Tamang lahat," idagdag mo 'yun dito.

219 Pang-apat. Kinakailangan na nating magmadali, dahil ako'y may ano na lang. . . Hayan nga't talagang napakasarap na tumayo rito at pag-usapan ito. Amen. [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Nagagalak kami rito."—Pat.] Opo. Pang-apat. . . Salamat.

220 Idagdag ang "pagpipigil." Oh, naku! Nakarating na tayo sa pagpipigil. Ngayon, nagkaroon na kayo ng pananampalataya, una; kinakailangan nga na magkaroon nun, bilang panimula. Pagkatapos idagdag n'yo ang kagalingan sa inyong pananampalataya, kung ito'y tamang uri ng kagalingan. Pagkatapos idagdag n'yo ang kaalaman, kung ito'y tamang uri ng kaalaman. Ngayon idadagdag n'yo ang pagpipigil.

221 Ang pagpipigil ay hindi nangangahulugang, "paghinto sa pag-inom ng alkohol," dito, hayan nga. Hindi, hindi. Hindi ibig sabihin nung pagpipigil dito'y lunas sa alkohol, hindi sa kasong ito. Ito po'y pagpipigil ayon sa Biblia, pagpipigil ng Espiritu Santo. Isa lamang 'yun sa mga pita ng laman, pero ang pinag-uusapan natin dito'y ang pagpipigil ng Espiritu Santo. Ang ibig sabihin nun, ay kung papaano pipigilan ang inyong dila, para hindi maging madaldal; kung papaano pigilin ang init ng inyong ulo, na hindi kayo mawawalan ng pagtitimpi sa tuwing may magbabato ng salita laban sa iyo. Oh, grabe!

222 Ngayon, marami na sa atin ang malalaglag bago pa man tayo magsimula, hindi ba? Kita n'yo? Pagkatapos nagtataka tayo kung bakit wala ang Diyos sa Kanyang Iglesya, na nagpapamalas ng mga himala't mga bagay-bagay na ginagawa nila noong una. Siyanga, po. Kita n'yo?

223 Idagdag n'yo ang mga bagay na ito. Idagdag n'yo rito ang pagpipigil. Oh, pagpipigil, kung paano tumugon nang may kabaitan kapag binato ka ng galit na pananalita. May magsasabi, "Kayong grupo ng mga holy-roller diyan!" Huwag na huwag kang lulundag at ililislis ang mga manggas mo agad. Kita n'yo? Huwag ganoon. Kundi makipag-usap nang may banal na pag-ibig, pagpipigil, kabaitan. Ganyan ba ang nais n'yo na maging kayo? Na kapag ginagalit ka, hindi ka gaganti ng galit. Ibunsod n'yo nga Siya na maging ehemplo n'yo.

224 Noong sabihin nila, "Kung Anak Ka ng Diyos, gawin Mo ngang tinapay ang mga batong ito," Magagawa Niya 'yun kung tutuusin, at maipapakitang Siya talaga ang Diyos. Pero mayroon Siyang pagpipigil. Noong binansagan nila Siyang, "Beelzebub," ang sabi Niya, "Patatawarin Ko kayo rito." Tama ba? Hinaltak nila ang sandakot na balbas sa Kanyang mukha, at dinuraan ang Kanyang mukha, at sinabihan, "Bumaba Ka riyan sa krus!"

225 Sinabi Niya, “Ama, patawarin Mo sila. Hindi nila alam kung anong ginagawa nila.”

226 Gayong, mayroon Siyang kaloob, alam Niya ang lahat ng bagay, dahil nasa Kanya nananahan ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan. Nakita nila Siya na nagpapamalas ng mga himala, sa pamamagitan ng pagsasaysay sa mga tao kung anong diperensya sa kanila, at iba pang tulad nun. Nagtaklob sila ng basahan sa Kanyang ulo nang paganoon, sa palibot ng Kanyang mga mata, at hinambalos Siya sa ulo gamit ang isang pamalo, at ang sabi, “Maghayag Ka sa amin, sabihin Mo sa amin kung sinong humambalos sa Iyo. Paniniwalaan Ka namin.” Kita n’yo? Mayroon Siyang pagpipigil.

227 Ngayon, kung mayroon kayong ganito na tulad nun, idagdag n’yo ito sa inyong pananampalataya. Kung sumasabog ka pa rin sa galit at nagdadabog, at nakikipagbangayan, at nakikipagtalo, at nagpapatuloy sa ganoon, huh-uh, wala ka pang. . .Hindi mo maaaring idagdag ’yun, dahil hindi ’yun maaaring idagdag. Kita n’yo? Hindi ’yun mabubulkanisa. Hindi mo puwedeng kunin ang isang piraso ng goma, alam n’yo, at ibulkanisa ito sa isang pirasong bakal. Hindi nga ’yun uubra. Hindi, kinakailangan na nababanat ’yun, na parang ’yung goma. Kita n’yo? At kapag ang pananampalataya n’yo at ang pagpipigil n’yo ay naging parehong uri ng pagpipigil ng Espiritu Santo na mayroon Siya, kung ganoon mabubulkanisa ito sa Kanya. Naidagdag ka na rito.

Kapag ang kagalingan mo ay tulad ng Kanyang kagalingan, kung ganoon nga’y maidaragdag ito rito.

228 Kapag ang kaalaman mo ay tulad ng Kanyang kaalaman, “Ako’y lumalapit upang gawin ang Iyong kalooban, Oh Diyos.” Kita n’yo? Sa pamamagitan ng Salita ng Ama, ginapi Niya ang bawat diyablo. Ang langit at ang lupa’y lilipas, datapwat ang Salita’y di kailanman lilipas. Kita n’yo? Kapag kamit n’yo ang ganoong uri ng kaalaman, ito’y maibubulkanisa sa inyong pananampalataya.

229 Kapag mayroon kayong tamang uri ng pagpipigil, gaya ng mayroon Siya, mabubulkanisa ito. Kung wala kayo, isa lamang gawang-tao’t di-buong, itinubog lang na paniniwala, o pagpipigil, “Oh, dapat ko siyang sampalin, pero—pero mas mabuting hindi ko na lang gagawin, dahil baka ilathala nila ang pangalan ko sa diyaryo dahil dun.” Hindi ganoon ang klase ng pagpipigil na sinasabi Niya. Huwag n’yong tangkaing idagdag ’yun. Hindi ’yun uubra. Pero kapag talagang kaya mo, na may katamisang nagmumula sa iyong puso, na patawarin ang bawat tao, magpigil, palampasin na lang, kita n’yo, kung ganoon mabubulkanisa ito. Maaari mong idagdag ito sa iyong pananampalataya. Whew!

230 Hindi na nakapagtatakang kulang sa tangkad ang iglesya. Hindi ba’t ganoon nga? Hindi nakapagtataka. Sasabihin ko,

"Magsisi kayo at magpabautismo, sinabi ng Biblia, sa Pangalan ni Jesus Cristo." At hindi 'yun paniniwalaan ng isang saradong Trinitarian, sasabihin, "Ang matandang anticristo na 'yan. Isa siyang Jesus Name. Isa siyang Jesus Only." Mag-ingat ka, iho, wala akong masabi diyan sa pagpipigil mong ganyan ngayon. Kita n'yo? Bakit hindi ka lumapit, sabihin, "Pag-usapan natin ito nang may kainaman, Kapatid na Branham. Ibig kong mapakinggan ang pagpapaliwanag ukol Dito"? Kita n'yo? Pagkatapos pumunta ka't pakinggan Ito. At pagkatapos na Ito'y mailatag na sa harapan mo, at pagkatapos nga'y makalalakad ka na nang mahinahon; dadako tayo—dadako tayo riyan sa ilang minuto, sa "kabanalan," kita n'yo. Pero kapag kayo'y—kapag kayo'y mawawalan ng pagtitimpi, na gusto mong bumanat sa bawat pagpapatibay, huh-uh, hindi 'yan—hindi 'yan 'yun. Kita n'yo? Wala ka pang pagpipigil ng Biblia kapag ginagawa mo pa 'yan; pagdating sa kung papaano sasagot. Tapos kung kamit mo na ang lahat ng ito, maaari mo na itong idagdag sa iyong pananampalataya.

231 Tapos, pagkatapos nun, pang-apat, nais mong idagdag ang pagtitiis sa iyong pananampalataya. Kung mayroon kang pananampalataya, "nagbubunga ito ng pagtitiis," sabi ng Biblia. Kita n'yo? Kaya, *ito* ay pagtitiis. Ngayon, 'yan ang susunod na bagay para maitayo ang pangangatawang ito. Alam n'yo, ang Diyos ay may tunay na materyales sa Kanyang Gusali.

232 Nakita n'yo na kung gaano tayong kulang sa tangkad, kapatid na lalaki, kapatid na babae? Kita n'yo? Nakikita n'yo ba kung bakit, kung nasaan na tayo? Siyanga, po. Kita n'yo? May pagluluwalhati tayo, may mga pagsigaw at mga bagay-bagay, dahil mayroon tayong pananampalataya. Pero pagsapit natin sa mga bagay na ito *rito*, hindi tayo maitayo ng Diyos tungo sa ganoong sukat. Kita n'yo? Hindi Niya magawa. Hindi Niya magawa na makarating tayo sa ganoong uri ng kalagayan. Nasa atin pa rin kasi itong lahat ng iba pang mga bagay. Bumabagsak tayo, dumadausdos dahil dito. Kita n'yo? Hindi Niya maitayo-tayo ang Kanyang Iglesya.

233 Pagtitiis sa ano? Anong uri ng pagtitiis? Unang bagay, ay magkaroon ng pagtitiis sa Diyos. Kung mayroon kayong totoo't, tunay na pananampalataya, magkakaroon kayo ng totoo't tunay na pagtitiis, dahil nagbubunga ang pananampalataya ng pagtitiis. Kapag may sasabihing anuman ang Diyos, sasampalatayanan n'yo ito. Ganoon mismo. Mayroon kayong pagtitiis.

234 Sasabihin, "Buweno, hiniling ko kagabi sa Kanya na pagalingin ako, at bakit ganoo't may sakit pa rin ako ngayong umaga." Oh, naku! Anong pagtitiis 'yan?

235 Nagsabi ang Diyos kay Abraham, at paglipas ng dalawampu't limang taon ay wala ni isa mang tanda. Pero

siya'y nananampalataya pa rin. Mapagtiis siya sa Diyos. Uh-huh.

236 Ilagay mo Siya sa tuwina sa unahan mo. Ilagay mo Siya sa unahan mo sa susunod na pagtawid. Hindi mo kasi Siya maaaring lampasan, kaya panatilihin mo Siya sa unahan mo. "Siya mismo ang nagsabi, at kaya naman mangyayari ito." Kita n'yo? Panatilihin mo Siya sa unahan mo. Siyanga.

237 Mayroong pagtitiis si Noe. Oo. Si Noe nga'y may tunay, na banal na pagtitiis. Sinabi ng Diyos, "Gugunawin Ko ang mundong ito sa pamamagitan ng ulan," at nangaral si Noe ng sandaan at dalawampung taon, pa. Napakaraming pagtitiis. Ni hamog ay walang nahulog mula sa Langit. Walang kahit na ano. Maalikabok pa rin tulad ng dati, sa loob ng sandaan at dalawampung taon, pero siya'y mapagtiis.

Hayan nga, na sinusubok ng Diyos ang pagtitiis n'yo. Siyanga. Sinusubok sila ng Diyos.

238 Pagkatapos Niyang sabihan si Noe, ngayon ang sabi Niya, "Noe, nais Kong mauna ka na't pumasok na sa daong. Papupuntahin Ko ang mga hayop diyan, at nais Kong—nais Kong pumasok ka na. Umakyat ka sa itaas, ngayon, para makadungaw ka sa labas, sa itaas na bintana. Ngayon, gusto Kong pumasok ka na riyan. Gusto Kong sabihin mo sa mga taong ito, 'Bukas, ang ipinapangaral ko sa loob ng sandaan at dalawampung taon, ay mangyayari na.' Sige, bumaba ka na roon at sabihin sa kanila."

239 Ano ang unang tanda? Pumasok si Noe sa daong. Wala pang ulan. Naghanda na si Noe, at isinuot na ang kapote, at lahat na, para makadungaw siya, paminsan-minsan. Naghanda na. Pero noong sumunod na araw . . .

240 Sa palagay ko marahil sinasabi-sabi niya sa pamilya niya, at sa mga manugang niyang babae at lahat sila roon, sabi, "Oh, naku! Bukas makikita n'yo ang isang bagay na hindi n'yo pa nakikita kailanman. Dahil, ang buong kalangitan, mangungulimlim ang buong 'yun. At kukulog at kikidlat. Ang malaking tabak ng Diyos ay guguhit sa kalangitan. Hahatulan Niya itong sambunton na mga makasalanan na tumanggi sa atin, sa loob ng sandaan at dalawampung taon na nagdaan. Magmatyag lang kayo at pagmasdan." Kita n'yo?

241 Yung ilan sa mga alanganing mananampalataya, alam n'yo, na lumiligid-ligid at di naman pumasok, alam n'yo. Kayo—kayo nga'y mayroon pa ring katulad nila, alam n'yo. Mangyari nga na sila'y—sila'y lumapit, nagsabi, "Buweno, baka tama 'yung matanda, kaya pumunta tayo at maghintay nang ilang araw, o maghintay nang ilang oras sa umaga, at tingnan."

242 Kinabukasan, sa halip na itim na ulap, heto ang araw na sumisikat gaya ng dati. Dumungaw si Noe. Ang sabi, "Uy, walang ulap."

243 May lalaki na pumaroon, sabi, “Ah, nakikilala ko na isa ka sa kanila. Kita mo, liligid-ligid ka rito.”

244 “Buweno, ipagpaumanhin mo, ginoo. Ha-ha. Marahil ako—ako—ako’y ano lang, alam mo na, nag-uusisa lang, alam mo. Parang ganoon, kita mo. Ha-ha-ha.”

245 Pero, si Noe, mayroon siyang pagtitiis. Sabi, “Kung di man ’yun dumating sa araw na ito, darating ’yun bukas.” Bakit? Sinabi kasi ng Diyos.

“Kailan Niya ’yun sinabi sa’yo, Noe?”

246 “Sandaan at dalawampung taon na ang nakalipas. Nakaabot na ako nang ganitong katagal, kaya naghihintay na lamang ako rito ngayon.” Nakita n’yo ’yun? Pagkaraan ng ilang panahon . . .

247 Nakita natin, nakaabot na nang ganito katagal ang Diyos, sa paghihintay sa Iglesya, rin, pero makakaabot at makakaabot Ito. Huwag kayong mag-alala. Ipinangako Niya Ito.

248 Naghihintay hanggang ngayon para sa isang pagkabuhay na mag-uli. Magkakaroon nga ng isa. Huwag kayong mag-alala. Ipinangako ito ng Diyos. Maghintay lang kayo nang may pagtitiis. Makatulog man kayo, hindi ’yun . . . Marahil makaidlip kayo bago ito mangyari, pero magigising kayo sa oras na ’yan. Ipinangako Niya ito, kita n’yo. Maidlip man, kita n’yo, sa tinatawag nating idlip ng kamatayan, alam n’yo. Yang tinatawag nating kamatayan, isa lamang maiksing pag-idlip, o pagtulog kay Cristo. Walang ganyang bagay na pagkamatay kay Cristo. Ang Buhay at kamatayan ay hindi umiiral nang magkasama. Kita n’yo? Naiidlip lang tayo, isang pag-idlip na di tayo maaaring tawagin ng mga kaibigan natin mula roon. Siya lamang ang Nag-iisang makakatawag. “Siya’y tatawag, at ako’y sasagot sa Kanya,” ang sabi ni Job. Natutulog si Job ngayon sa loob ng apat na libong taon na. Huwag kayong mag-alala. Siya’y—siya’y gigising. Huwag kayong mag-alala. Naghihintay pa rin siya.

249 Naghintay si Noe. Lumipas ang ikaapat na araw. Walang ulan. Ayos lang. Mangyayari’t mangyayari ito.

250 Para ko ngang nauulinigan si Gng. Noe na lumapit na’t nagsabi, “Tay, ikaw ba’y sigu- . . . ?”

“Huwag kang magsalita ng ganyan.”

251 Mayroon siyang pagtitiis, dahil mayroon siyang pananampalataya. Siyanga, po. Mayroon siyang kagalingan. Mayroon siyang kaalaman na tama ang Diyos. Mayroon siyang pagpipigil. Hindi siya nawalan ng pagtitimpi, na sasabihin, “Buweno, hindi ko na alam kung tungkol pa saan ito. Nawala ko nang lahat ang kasikatan ko roon.” Hindi, hindi. “Wala nang pakialam ang mga tao sa akin. Lalabas na lang ako roon at magsisimula na lang ako uli, nang panibago.” Hindi, hindi.

Mayroon siyang pagtitiis. Nangako ang Diyos. Gagawin ito ng Diyos. Gagawin ito ng Diyos, dahil sinabi mismo ng Diyos.

252 At nakikinita ko ang anak niya na lumalapit, magsasabi, "Tay, alam mo . . ." Hinahaplos niya ng kamay niya ang kanyang mahabang abuhing buhok, alam n'yo na. At siya ay daan-daang taong gulang na, alam n'yo, habang nakaupo roon. Sabi, "Alam ko pong isa na kayong matandang patriyarka. Mahal kita—mahal kita, tay. Pero posible po kayang nagkamali kayo nang kaunti?"

"Oh, hindi. Hindi."

"Bakit?"

"Sinabi ng Diyos!"

253 "Buweno, tatay, anim na araw na tayong narito. Nandito lang sa malaki't, lumang, tuyong daong na nakatengga lang dito. At napahiran ito ng alkitran, sa loob at labas. At ilang nagdaang taon din natin itong itinayo. At tumayo ka roon at nangaral, hanggang sa tumanda na't nakalbo ka na. At heto po kayo sa itaas dito ngayon, na nagsisikap pa ring mangusap nang *ganito-at-ganoong* bagay. At nagtatawanan ang mga tao, at nambabato sila ng bulok na kamatis at mga bagay-bagay sa tagiliran nito. Tingnan mo riyan kung anong ginagawa mo. Naku, nalalaman mo bang . . ."

"Maging matiisin ka, anak."

"Sigurado po ba kayo?"

"Uulan!"

Yung mga manugang niyang babae'y nagsasabi, "Tatay, nalalaman mo bang . . ."

"Uulan talaga!"

254 "Pero taon at taon na ang nagdaan, na naghihintay tayo. Matagal na tayong naghahanda. At sinabi mo sa amin na uulan, sanlinggo na ang nakakalipas. At narito lang tayo sa loob, at nakapinid ang lahat ng mga pintuan, at heto tayo na palakad-lakad dito sa loob, at nakakasunog pa rin ang araw gaya ng dati."

"Pero uulan at uulan nga!"

"Papaano mo pong alam?"

"Sinabi mismo ng Diyos!"

255 Ngayon kapag naging ganoon na kayo, idagdag n'yo ito. Pero kung hindi pa kayo ganoon, huwag—huwag n'yong tangkaing idagdag ito. Hindi uubra. Hindi ito uubra sa pagpapagaling. Hindi ito uubra sa anumang iba pa. Kita n'yo? Kinakailangan itong tumimpla sa parehong materyales na pagbubulkanisahan nito. Siyanga. Kailangang ganoon ang idaragdag. Pagtitiis sa pangako ng Diyos. Siyanga, po. Sinampalatayanan ito ni Noe. At naging mapagtiis siya sa Diyos, nang sandaan at dalawampung taon.

256 Si Moises, mayroon siyang pagtitiis sa Diyos. Siyanga, po. “Moises, narinig Ko ang daing ng Aking bayan. Nakita Ko ang kanilang paghihirap. Bababa Ako para iligtas sila. Akin kang isusugo roon.”

257 At ’yung munting interaksyon sa pagitan niya at ng Diyos, at pinakitaan siya ng Diyos ng Kanyang kaluwalhatian. Sabi, “Heto na ako.” Noong masaksihan niya mismo nang minsan ang kaluwalhatian ng Diyos, nakita n’yo, nagkaroon siya ng pananampalataya.

Sabi, “Ano ’yang nasa kamay mo, Moises?”

Sabi niya, “Isa pong tungkod.”

Sabi Niya, “Ihagis mo.”

Naging ahas ’yun. Sabi niya, “Oh, naku!” Bigla siyang. . .

258 Sabi, “Damputin mo, Moises. Kung kaya Kong gawin itong ahas, kaya Ko itong ibalik muli.”

259 Ah! Amen! Kung kaya akong bigyan ng Diyos ng natural na buhay, kaya Niya akong bigyan ng isang espirituwal na Buhay! Kung kaya akong bigyan ng Diyos ng unang kapanganakan, kaya Niya akong bigyan ng pangalawang Kapanganakan! Amen! Kung kaya *itong* pagalingin ng Diyos, sa pamamagitan ng Makalangit na pagpapagaling, kaya Niya itong ibangon mag-uli sa Kanyang ikaluluwalhati, sa huling araw. Siyanga.

260 “Maaari kong ihagis ang tungkod na ito at gawin itong ahas. Kaya ko itong ibalik sa isang tungkod. Dadamputin ito sa buntot.”

261 Umabot si Moises at dinampot ito. Hayun na nga ito, isang tungkod. Sinimulan niyang idagdag ang kaalaman doon. Kita n’yo?

“Anong mayroon sa kamay mo, ngayon, Moises?”

“Wala.”

“Ipasok mo sa iyong dibdib.”

262 “Sige po. Ano kayang. . .” Biglang namuti sa ketong. “Oh Panginoon, tingnan Mo po ang kamay ko!”

“Ibalik mo ito sa iyong dibdib, Moises.”

263 Ibinalik niya ito nang *paganoon*, bumalik sa pagiging. . . Sinimulan na niyang idagdag ang mga ’yun nang *paganito*, pagkatapos, kita n’yo. Siyanga, po.

264 Pumunta siya roon. At ’yung unang pakikitunggali. . . Pumunta na siya roon. Lumantad doon at nagsabi, “Sinabi ng Panginoong Diyos, ‘Itulot mong umalis ang Aking bayan.’ Faraon, nais kong ipabatid ito sa iyo. Naparito ako bilang isang kinatawan ng Diyos. Dapat kang sumunod sa akin.”

265 Sabi ng Faraon, “Susunod? Alam mo ba kung sino ako? Ako ang Faraon. Susundin kita, na isang alipin?”

266 Sabi, “Susundin mo ako, o mapapahamak ka. Susundin mo alinman dito na gusto mo.” Bakit? Alam niya ang sinasabi niya. May atas sa kanya. Naparoon siya. Nakausap niya ang Diyos. Mayroon siyang pananampalataya. Alam niya kung saan siya naparoon.

“Gusto mong sundin kita? Umalis ka rito!”

“Ipapakita ko sa’yo.”

“Pakitaan mo ako ng isang tanda.”

Inihagis niya ang tungkod; naging ahas.

267 “Aba,” sabi nito, “pipitsuging salamangka! Halika rito sandali. Halika, Janes, ikaw at si Jambres, ihagis n’yo ang mga tungkod n’yo.” Inihagis nila ang mga tungkod, naging ahas ang mga ’yun.

268 Sabi, “Ngayon, ikaw na pipitsugin, pupunta ka rito sa akin, na isang Egipcio, isang faraon ng Egipto. Tapos pupunta ka rito dala-dala ’yang kung anong pipitsugin mong salamangka, na kung anong panloloko,” alam n’yo, pagbabasa-ng-isip daw. Alam n’yo na ang ibig kong sabihin. Sana’y nababasa n’yo ito. “Mental na telepatiya o kung ano, kita n’yo na, naku, pumunta ka rito na dala-dala ang ganyan.” Sabi, “Buweno, kayang-kaya naming gawin ’yang parehong bagay na ginagawa mo.”

269 Anong ginawa ni Moises? Hindi niya sinabi, “Oh, G. Faraon, pasensya na—pasensya na, po. Magiging alipin mo na ako.” Hindi, nga.

270 Tumindig siya. Amen. Nanatili mismo roon. Sinabi ng Diyos, nang walang pag-aalinlangan sa puso niya, “Pumanatag ka lamang. May ipapakita Ako sa iyo.” Kapag ginawa mo na nang eksakto ang bagay na sinabi ng Diyos na gawin, na mistula bang may mali; tumindig ka, maging matiisin.

271 Sabi ni Moises, “Alam mo, noong naglagay ako sa pundasyong ’yun, may pagtitiis na nailagay roon, kaya maghihintay lamang ako’t titingnan kung ano ang gagawin ng Diyos.”

272 Naroon ang matatandang ahas sa lapag, gumagapang-gapang, sumisinghal, nagsisitsitan. Bigla-bigla na lang, gumanito ’yung ahas ni Moises, “Lunok, lunok, lunok,” at nilunok silang lahat. May pagtitiis kasi siya.

> Sila na naghihintay sa Panginoon, ay mangababagong-lakas
> Sila’y paiilanlang na may mga pakpak na gaya ng isang agila.

Tama ba? Kita n’yo? Oo.

> Sila’y tatakbo at di mahahapo, lalakad at di manghihina.

Kita n'yo, maghintay lang sa Panginoon. Magkaroon ng pagtitiis. Kita n'yo? Siyanga, po.

273 Pagkatapos ay ilalabas na ang Israel. Dumating ang matinding tunggalian, at naghintay si Moises.

274 Pagkatapos nakarating siya sa ilang. Nasa mga tatlo- o apat-na-araw lang na paglalakbay 'yun. Apatnapung milya lang mula sa kung saan siya tumawid, naroon lang mismo sa kabila kung saan sila muling tumawid. Pero, si Moises, sa ilang, ay naghintay nang apatnapung taon. Pagtitiis. Amen. Siyanga. Naghintay siya nang apatnapung taon. Oh! Siyanga, po.

275 At dapat tayong maging matiisin sa isa't isa, rin. Kita n'yo? Minsan. . . Tayo'y nagiging—tayo'y nagiging bugnutin sa isa't isa. Isipin natin na dapat tayong maging katulad ni Moises. May pagtitiis si Moises sa mga tao. Tingnan n'yo, 'yun ang naging dahilan kung bakit di sila makarating-rating. Kita n'yo? Haya't kapag sinisikap mong gumawa ng isang bagay. . .

276 Halimbawa na lang, sinikap kong iparating ang Mensaheng ito sa tabernakulo, para matiyak ang bawat miyembro ng tabernakulo na maging *Ganito*. Mahirap pong gawin. Sinikap kong magkaroon ng pagtitiis; tatlumpu't tatlong taon na ito ngayon. Kita n'yo? Dapat magtiis. Pinapagupitan pa rin ng mga kababaihan ang kanilang buhok, walang pagbabago. Pero magtiis lang. Kita n'yo? Magtiis lang. Maghintay. Kailangan 'yan. Kung wala ka pa nito, huwag mong subukang magtayo sa ibaba *rito*. Magkaroon ka dapat ng pagtitiis.

277 Maging nung isang beses, noong 'yung grupo ng mga suwail ay di na talaga makatiis, nabunsod nila si Moises na makagawa ng pagkakamali. Pero, sa kabila nun, noong dumating sa isang pagtutuos, napagod na ang Diyos sa ikinikilos ng mga tao. Sabi Niya, "Ihiwalay mo ang iyong sarili, Moises. Papatayin Ko ang buong grupo nila, at magsisimula nang panibago."

278 Inilagay niya ang sarili sa pagitan, at sinabi, "Diyos, huwag Mo pong gawin 'yan." Ano? Dahil sa pagtitiis niya sa mga tao na suwail laban sa kanya.

279 Iniisip ko nga kung magagawa kaya natin 'yun? Kung hindi, huwag mong tangkaing magtayo sa ibabaw *nito*, dahil di ito—di ito nagbabago, alam n'yo. Sa ganoong paraan nga ito ibinulkanisa sa una *rito*, at sa ganoong paraan dapat ang bawat isa nun na mabulkanisa. Kung hindi ka magiging ganoon, hindi ka makakarating sa katangkarang 'yun ng tahanan ng buhay na Diyos, kung wala kang pagtitiis, pagtitiis, sa isa't isa. Buweno.

280 May pagtitiis ang mga binatang Hebreo noon. Tunay, mayroon nga sila. Nangako ang Diyos sa kanila, sinabihan sila, "Huwag kayong yuyuko sa anumang imahe." Anupa't mayroon silang pagtitiis. Sabi, "Magagawa ng aming Diyos. Anupa't, kaya naman, hindi kami yuyuko sa inyong imahe." Pagtitiis, na nababatid ito, na ibabangon siya ng Diyos sa mga huling araw.

281 Ang buhay na ito rito’y di nakakahinayang, kung tutuusin. Kita n’yo? Ibabangon itong muli ng Diyos sa mga huling araw. Kaya pagdating sa pagyuko sa isang imahe, hinding-hindi natin gagawin ’yun. Ngayon, ibibigay natin kay Cesar ang para kay Cesar, pero, kapag nanghihimasok na si Cesar sa Diyos, ang Diyos ang dapat una.

282 “Sinabi ng Diyos, ‘Huwag kayong yuyuko sa imahe na ’yun.’ At hinding-hindi ko ’yun gagawin. Magagawa ng aming Diyos na iligtas kami. Kung di man Niya gawin, hinding-hindi pa rin ako luluhod sa imahe.”

Sabi, “Sige, hayan ang hurno.”

283 “Buweno,” sabi niya, “oh, siguro, baka uulan ngayong gabi’t apulahin ang lahat ng ’yun.” Siyanga’t di yumuko. May pagtitiis pa rin.

284 Kinaumagahan, noong dinala sila sa harap ng hukuman, nakaupo roon si Nabucodonosor. Sabi niya, “Sige, mga binata, nakahanda na ba kayong kilalanin ako bilang inyong hari?”

“Oo naman. Mabuhay ka magpakailanman, Oh hari.”

“Sige’t yumuko kayo ngayon sa aking imahe.”

“Oh, hindi.”

285 “Buweno, susunugin kayo sa apoy. Mga pantas pa naman kayo. Matatalino pa naman kayo. Malaki ang naging tulong n’yo sa amin. Naging pagpapala kayo sa aming kaharian. Hindi n’yo ba naiintindihan na ayaw kong gawin ito? Pero may—may proklamasyon na akong inilabas dito, at kinakailangan itong maipatupad. Ayaw ko kayong itapon dun. Oh, kabinataan, ano bang nangyayari sa inyo?”

286 “Alam ko pong mainam pakinggan. Pero, magagawa ng aming Diyos na kami’y iligtas. Kaya naman . . . ” May pagtitiis.

287 Nagsimula na silang lumakad sa tulay-tulayan. Tumingin ang isa sa isa pa. “Ayos lang. Ayos lang.” Mayroong pagtitiis. Humakbang ng isa, wala roon ang Diyos. Dalawang hakbang, wala Siya roon. Tatlong hakbang, apat na hakbang, limang hakbang, na nagpatuloy lang, wala pa rin Siya roon. At humakbang na siya mismo sa nagniningas na hurno. Mayroon silang pagtitiis. Pero naroon na Siya. Kita n’yo? Tumama sa kanila ang sapat lang na liyab, para masunog ’yung mga gapos sa kanilang mga kamay at paa. At pagkatapos noong makarating siya sa dulo nung hukay, naroon Siya. Kita n’yo? Mayroon nga silang pagtitiis.

288 Ganoon din si Daniel. Mayroong pagtitiis si Daniel. Siyanga. Hindi siya susuko. Hindi, po. Anong ginawa niya? Binuksan niya ang mga bintana’t nanalangin, ano’t anuman. Ganoon ang hinihiling ng Diyos. Mayroon siyang pagtitiis. Naghintay siya sa Diyos, yamang nalalaman na kayang tupdin ng Diyos ang

Kanyang Salita. Itinapon nila siya sa yungib ng mga leon, sabi, "Ipakakain ka namin sa mga leon."

289 Sabi niya, "Ayos lang 'yan." Mayroon siyang pagtitiis. Bakit? "Buweno, nakapaghintay ako nang ganitong kahabang panahon, sa Diyos. Kung kailangan kong maghintay nang kaunting libong taon pa, babangon akong muli sa huling araw. Kaya, may pagtitiis, maghintay."

290 May pagtitiis si Pablo. Tunay na mayroon nga siya. Tingnan n'yo kung anong kinailangang gawin ni Pablo. Grabeng pagtitiis!

291 Paano naman ang mga tao noong pentecostes? Hangga't may atas sa kanila, "Maghintay hanggang," kita n'yo, "maghintay hanggang sa kayo'y pagkalooban ng Kapangyarihan." Gaanong katagal? Wala silang tanong, "Gaanong katagal naman?" Ang natanggap lamang nilang sagot, "Maghintay hanggang sa."

292 Nagtungo sila roon at nagsabi, "Buweno, mga kasamahan, marahil labinlimang minuto mula ngayon sasaatin na ang Espiritu Santo at magkakaroon na tayo ng pagmiministeryo natin." Lumipas ang labinlimang minuto, walang kahit ano. Isang araw ang lumipas, wala; dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito.

293 Marahil nasabi ng ilan sa kanila, "Uy, sa palagay n'yo hindi kaya natanggap na natin Ito?"

"Hindi, hindi, hindi, hindi." Ganoon dapat. Hindi. Siyanga.

294 "Mabuting lumabas na kayo, mga kasama." Sabi ng diyablo, "Alam n'yo—alam n'yo—alam n'yo ba na nakamit n'yo na ang ibig n'yo. Sige na, simulan n'yo na ang inyong pagmiministeryo."

295 "Hindi, hindi, hindi. Wala pa Ito sa atin, ngayon. Dahil, sinabi Niya, 'Darating, ang bagay na mangyayari sa mga huling araw: Sa pamamagitan ng mga nauutal na labi at ng ibang wika'y magsasalita Ako sa bayang ito, at ito ang Kapahingahan na sinabi ko,' tingnan n'yo, sa Isaias 28:19." Sabi, "Ito na—ito na Ito, inyong—iyong matatanggap Ito kapag. . .Siyanga't, malalaman natin kapag dumating na Ito. Malalaman natin kapag dumating na Ito. Malalaman natin itong, 'Pangako ng Ama.'" Naghintay siya roon nang siyam na araw. At pagkatapos noong ikasampung araw, "Nanatili lang kami roon." Mayroon silang pagtitiis, na maghintay.

296 Ngayon, kung mayroon kang ganoong uri ng pagtitiis, matapos na pangakuan ka ng Diyos at makita mo ito sa Biblia, "Akin ito," pagkatapos nga'y maghintay. Pagkatapos, kung mayroon kang ganoong uri ng pagtitiis, idagdag mo ito sa iyong pananampalataya. Haya't nakikita n'yo na ba kung gaanong kataas na ang nararating n'yo ngayon? Paakyat na kayo *rito* ngayon. Sige. Bumibilis din ang ikot ng kamay ng orasan,

siyanga, hindi ba? Buweno. Sige. Idagdag n'yo ito sa inyong pananampalataya.

297 Inilalagay Siya sa tuwina sa unahan n'yo, inaalala, na Siya ang nangako. Hindi ako, ang nangako. Hindi si pastor, ang nangako, ang Kapatid nating Neville. Hindi iba pang ministro, ang nangako. Hindi kung sinong pari o papa. Hindi tao sa lupa. Ang Diyos ang nangako, at kayang tuparin ng Diyos ang lahat ng Kanyang ipinangako. Buweno. Kung may kamit kayong ganoong uri ng pananampalataya, na malamang ipinangako ito ng Diyos! Sabihin, "Kapatid na Branham, may sakit ako. Kailangang-kailangan ko ng kagalingan." Tanggapin mo ito. Kaloob ito na ibinigay sa iyo, siyanga, po, kung kaya mong sampalatayanan. "Buweno," sasabihin mo, "nananampalataya na po ako." Kung ganoon ay kalimutan mo na 'yun. Ganoon lang. Tapos na 'yun. Kita n'yo?

298 Maging matiisin, kung mayroon kayong pagtitiis. Kung wala, ibinubunsod mo lang sa pagkaguho ang Gusaling ito rito, kita n'yo. Pababagsakin lang nito ang iba pa nito, ng isang bagay na 'yun. Ganoon nga ang mangyayari. Huwag n'yo itong idaragdag, dahil, wawasakin nito ang gusali n'yo kung wala kayong pagtitiis, kung wala kayong kagalingan na idaragdag sa inyong pananampalataya na sinasabi n'yong mayroon kayo. At kung wala kayong anumang pananampalataya, at pipilitin n'yong maglagay ng kagalingan dito, sisirain lang nito ang pananampalataya n'yo. Kita n'yo? Sinasabi n'yo, "Buweno, ngayon, sandali lang. Baka naman pagkakamali lang ang lahat ng ito, siyanga. Baka ang Diyos ay hindi Diyos. Baka walang Diyos." Kita n'yo, babaliin nito ang buong ito. Kita n'yo?

299 Pero kung mayroon kayong tunay na pananampalataya, kung ganoon maglagay kayo ng tunay na kagalingan dito, pagkatapos ay tunay na kaalaman din, pagkatapos ay tunay na pagpipigil, pagkatapos ay tunay na pagtitiis. Kita n'yo? Umaakyat nang umaakyat na kayo. Buweno.

300 Panlima, idagdag ang kabanalan. Oh, grabe! Idadagdag ang kabanalan. Ano ba ang ibig sabihin ng kabanalan? Tumingin ako sa apat o limang diksyunaryo at hindi ko mahanap ang ibig sabihin nito. Paglaon, nakarating ako kina Kapatid na Jeffries doon, nahanap namin ito sa isang—sa isang diksyunaryo. Ang ibig sabihin ng *kabanalan* ay "maging tulad ng Diyos." Oh, grabe! Matapos n'yong magkaroon ng pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, ang kasunod nga'y maging tulad ng Diyos. Whew!

301 Sasabihin n'yo, "Hindi ko kayang gawin 'yan, Kapatid na Branham." Oh, oo, kaya n'yo.

302 Hayaan n'yong basahin ko lamang sa inyo ang ilang mga Kasulatan dito, pansumandali. Mateo 5:48. Kukunin lang natin ang isang ito at tingnan kung ano ito, Mateo 5:48, at titingnan

natin kung dapat ba kayong maging tulad ng Diyos. Alam n'yo bang sinasabi ng Biblia, "Kayo ay mga diyos." Sinabi ni Jesus. Bakit? Ang lahat ng katangian, ang lahat ng mga bagay na nasa Diyos, ay nasa inyo. Mateo 5:48, "Kayo nga'y. . . " si Jesus ang nagsasalita rito, sa banal na pagpapala.

> *Kayo nga'y* m-a-n-g-a-g-p-a-k-a-s-a-k-d-a-l, (Ano 'yun?) *mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama. . . sa kalangitan na sakdal.*

303 Nakarating muna kayo hanggang sa itaas na itaas *dito* ngayon, bago hingin sa inyo na gawin ito. Ang lahat ng mga bagay na 'yun ay kinakailangan munang maidagdag. Pagkatapos kapag nakarating na tayo rito sa itaas, Kanyang hinihiling ngayon sa inyo na maging sakdal, kabanalan, na mga anak na lalaki't mga anak babae ng Diyos. Siyanga. Napakarami ngang bagay ang mapapangusap ko sa bagay na 'yan!

304 Bumuklat tayo sa Mga Taga-Efeso 4, at alamin natin dito kung ano, sa Aklat ng Mga Taga-Efeso, haya't sinasabi nito ang tungkol sa bagay na ito, rin, tungkol sa kung papaano natin dapat—papaano natin dapat gawin. Mga Taga-Efeso, sa ika-4 na kabanata, haya't simulan natin sa ika-12 talata. Mga Taga-Efeso 4, sige't simulan natin sa ika-12 talata. Sige po. Simulan natin dito sa ika-11 talata.

> *At pinagkalooban niya ang mga iba, na maging mga apostol; at ang mga iba'y, propeta;. . .*

305 Natatandaan n'yo pa ba kagabi? Huwag n'yong susubukang kunin ang katungkulan ng ibang tao. Kita n'yo?

> *. . .at ang mga iba'y, evangelista; at ang mga iba'y, pastor. . .at* ang iba'y, *guro;*

306 "Sa ikasasakdal ba ng Diyos"? Ganoon ba ang mababasa rito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Sa ikasasakdal ng ano? ["Mga banal."] Sino ang mga banal? Ang mga pinaging banal. Amen. Ang mga nagsimula buhat sa ibaba *rito*.

> *. . .ikasasakdal ng mga banal, sa* gawaing *paglilingkod* (ang pagmiministeryo ni Jesus Cristo), *sa ikatitibay ng katawan ni Cristo* (sa ikatitibay, na itinatayo Ito, pagpapatibay): hanggang. . .

> *Hanggang sa abutin nating lahat* ang *pagkakaisa ng pananampalataya, at. . .pagkakilala sa Anak ng Dios,* at hanggang sa *lubos na paglaki ng tao, hanggang sa* katiyakan, (oh, grabe), sa *sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo:*

307 "Sakdal," kinakailangan ng kabanalan. Kinakailangan n'yong idagdag sa inyong pananampalataya, ang kabanalan. Kita n'yo, magsisimula kayo sa ibaba *rito*, sa kagalingan. Pagkatapos pupunta kayo sa kaalaman. Pagkatapos pupunta kayo sa pagpipigil. Pagkatapos pupunta kayo sa pagtitiis.

Ngayon nasa kabanalan na kayo. Kabanalan! Oh, grabe! Napakabilis ng oras natin. Sige't tingnan natin. Pero alam n'yo na kung anong ibig sabihin ng kabanalan. Inaawit-awit n'yo mismo ang awiting ito:

Maging tulad ni Jesus, maging tulad ni Jesus,
Sa lupa'y inaasam kong maging tulad Niya;
Sa buong lakbayin ng buhay mula daigdig hanggang Luwalhati
Tanging hinihiling ay maging katulad Niya.

308 Yan ang kabanalan. Noong hinampas Siya sa isang pisngi ng mukha, ibinaling Niya ang kabila. Noong pagsalitaan Siya nang magaspang, hindi Siya umimik. Hindi Siya gumanti. Kita n'yo? Banal, palaging inaasam ang isang bagay, "Lagi Kong ginagawa ang nakalulugod sa Ama." Kita n'yo? Siyanga, po. Lagi. Ganyan ang kabanalan. Kita n'yo?

309 Pagkatapos mong manggaling *dito*, tapos *dito*, tapos *dito*, tapos *dito*, tapos *dito*, tapos *dito*, ngayon nga'y parating ka na sa kapuspusan ng pangangatawan ngayon ng isang anak ng Diyos. Pero kailangan mong magkaroon *nito*, at saka ng lahat ng *ito*, at hindi ka nga makapagsisimula hanggang sa magkaroon ka muna *nito*.

310 Ngayon alalahanin n'yo 'yung itim na ibon na may mga balahibo ng pabo. Huwag n'yo siyang ialis sa isip n'yo. Kita n'yo? Huwag n'yong tangkaing idagdag ito hanggang sa kayo'y talagang maipanganak na muli. Dahil, kayo, hindi 'yun uubra, at hindi n'yo—hindi n'yo 'yun mapapagana sa ganang inyo. Makarating man 'yan *dito,* o *dito* sa dako rito, guguho't guguho ito sa kung saan.

311 Pero kapag nakarating na kayo *rito,* na isa nang tunay na ipinanganak na muling kalapati, mangyari ngang hindi na kayo magdadagdag ng anuman. Ito na ang daragdag sa inyo, kita n'yo, pataas nang pataas, buweno, papunta na sa kasakdalan. Sige.

312 Pagkatapos, pang-anim, idagdag natin, sinabi rito ng Biblia, ang pag-ibig sa kapatid. . .mabuting kalooban sa kapatid. Ngayon, maganda ang isang 'yan, dito mismo, ang ikaanim, ikapito. Buweno. Pagdaragdag ng mabuting kalooban sa kapatid. Sige. Kapag nakarating na tayo roon, mabuting kalooban sa kapatid, ilagay n'yo ang inyong sarili sa lugar niya, sa kalagayan. Ngayon sasabihin n'yo. . .

313 "Nagkasala ang kapatid ko sa akin," sabi ni Pedro. "Patatawarin ko ba siya," sabi niya, "nang pitong beses sa isang araw?"

Sabi Niya, "Dapat makapitumpung pito." Kita n'yo?

314 Mabuting kalooban sa kapatid. Ngayon, nakita n'yo, kapag wala sa tono ang isang kapatid, huwag kang mayamot sa kanya.

Kita n'yo? Huwag. Kita n'yo? Maging mabait ka sa kanya. Puntahan mo, ano't anuman.

315 May nagsabi, di pa katagalan, sabi, "Papaano mong mapapaniwalaan ang mga bagay na ito, at nagpupunta ka pa rin sa Assemblies of God, at sa Oneness, sa lahat ng iba pa?" Mangyari ngang ilagay mo, kita n'yo, ang mabuting kalooban sa kapatid. Kita n'yo? Kita n'yo? Umaasa, balang araw, kita n'yo; mapagtiis sa kanya, kita n'yo; may kahinahunan, mahaba ang pasensya sa kanya; kaalaman, na maunawaan ang paniniwala niya, tandaan n'yo, nasa puso niya ito, ganoon nga ito; kagalingan, sa iyong sarili, para ibunsod itong lumabas nang may kabaitan, kaamuan, sa kanya; kamit ang pananampalatayang balang araw ay aakayin Siya ng Diyos. Kita n'yo?

316 Mabuting kalooban, ang ikapitong bagay. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang pisara nang makapito—Pat.] Kita n'yo, ikapitong bagay. Kaya, ngayon, parating na kayo.

317 Ang kasunod na, pagkatapos, idagdag n'yo ang pag-ibig, na itinuturing na pagmamahal. Yun ang panakip na bato. Isa sa mga araw na ito, sa iglesya . . .

318 Ngayon, kung maaari, maipagbigay-alam nawa sa teyp, at kung saan pa, hindi ko ito itinuturo bilang doktrina, itong bagay na sasabihin ko ngayon. Anupa't gusto ko lang ipakita sa inyo 'yun, sa tulong ng Diyos, kung ano talaga ito, na, ang unang Biblia na isinulat kailanman ng Diyos ay ang Zodiac sa kalangitan. Nagsisimula ito sa birhen. Nagtatapos ito sa Leo na leon. At kapag dumako na ako roon sa Ikaanim at Ikapitong Tatak, malalaman n'yo, kapag nabuksan na ang iba pang Tatak na 'yun, ang posisyon ng Zodiac sa dakong 'yan ay cancer, ang pinagkrus na isda. At 'yan ang panahon ng cancer na kinabubuhayan natin sa panahon ngayon, na nahayag. At ang sumunod na bagay ay kinalagan ang Tatak, inihayag Nito ang Leo na leon, ang ikalawang Pagdating ni Cristo. Dumating Siya, noong una, sa birhen; darating Siya, susunod, na Leo na leon na. Tutugaygayin ko po ito sa . . .

319 Ngayon, hindi ko alam kung mayroon pang sapat na oras ako ngayong umaga. Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko, para ipakita sa inyo na ang mga baitang na ito'y nasa mga piramide, nang sadyang eksakto, ang ikalawang Biblia na isinulat ng Diyos. Isinulat ang mga ito ni Enoc, at inilagay ang mga ito sa piramide.

320 At ang ikatlo, siyanga't ganap ang Diyos sa ikatlo, ito nga yaong ginawa Niya ang Kanyang Sarili na Kanyang Salita.

321 Dito, ngayon, alalahanin n'yo, sa piramide . . . sa palagay ko marami sa inyo na mga sundalo't ganyan ay nakapunta na roon sa Egipto. Walang nakapatong na takip sa piramide. Hindi pa

nagkaroon kailanman. Yung—'yung Stone of Scone, at 'yung lahat ng iba pang mayroon sila, pero sa kabila nun . . .

322 Kung mayroon kayong papel na dolyar sa pitaka n'yo, tingnan n'yo 'yang papel na dolyar, at malalaman n'yo diyan, sa may kanan, mayroon itong agila na may watawat ng Amerika. At mababasa dun, ang sagisag "ng Estados Unidos." Sa kabila naman, may piramide, na may napakalaking panakip na bato at isang mata ng tao. Sinasabi dun, "Ang marilag na sagisag." Buweno, kung ito ang marilag na bansa, bakit hindi ang marilag na sagisag na ito ang ginawang sariling sagisag ng bansa? Ibinubunsod ng Diyos na magpatotoo ang mga ito, kahit saan malagay ang mga ito.

323 Kausap ko ang isang doktor minsan, at kinakastigo niya ako, tungkol sa Makalangit na pagpapagaling. Nakatayo kami sa kalye. Sabi niya, "G. Branham, nililito mo lang ang mga tao." Sabi, "Walang pagpapagaling, tanging sa pamamagitan lang ng mediko."

324 Mangyaring napalingon ako noon, nakita ko 'yung sagisag niya na nakadikit sa kotse, 'yung sagisag na ahas na nakapulupot sa isang tikin. Sabi ko, "Mabuti pang tuklapin mo na 'yang sagisag na 'yan sa kotse mo, kung ganoon, dahil 'yang sarili mong sagisag na 'yan ay nagpapatotoong ang Diyos ay Tagapagpagaling."

325 Pinaniniwalaan 'yan ng isang tunay na doktor. Sila 'yung mga pekeng doktor. Siyanga, po. Ahas na nasa tikin! Itinaas ni Moises noon ang ahas na nasa isang tikin. Sabi niya, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ng inyong karamdaman." At tumingin sila sa ahas na 'yun, para sa Makalangit na kagalingan. At sa kabila nun ay nagpapatotoo sila laban dito; gayong 'yung sarili nila mismong simbolo'y nagpapatotoo laban sa kanila. Whew!

326 Dito, ang bansa natin, sinasabi-sabi ang kung anu-anong bagay, at nililibak ang mga bagay na ito, samantalang ang sarili nilang pera, kanilang pananalapi, ay nagpapatotoong ang sagisag ng buong sansinukob ay ang Diyos. Nakikita n'yo ba 'yang matang 'yan na nasa ibabaw n'yan, diyan sa papel na dolyar? Yan ang marilag na sagisag.

327 Hindi 'yan kailanman nailagay sa ibabaw ng piramide. Hindi nila maunawaan kung bakit. Tinanggihan ang panakip na Bato, ang Ulo, si Cristo. Pero darating Ito, balang araw.

328 Ngayon, sa pagtatayo, ang kagalingan . . . Sa pagtatayo ng bantayog na ito, sa pagtatayo ng pangangatawang ito, kita n'yo, nagsisimula ito sa pundasyong bato; pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, mabuting kalooban sa kapatid. Ngayon anong ginagawa nito? Pagkatapos nga'y naghihintay sila para sa Pangulong Bato, ang pag-ibig, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. At Siya ang

kumukontrol, at Siya ang kalakasan ng bawat isa sa mga bagay na ito. Tama. Ganoon, nga.

329 *Dito* mismo, *dito* mismo, nakikita n'yo, mayroon ako ritong, pagitan, ang lahat ng mga gawa rito, at dito ay mayroong maliliit na sinag. Ano 'yun? Ang Espiritu Santo na bumababa, sa pamamagitan ni Cristo, kita n'yo. Espiritu Santo! Ang Espiritu Santo'y nasa ibabaw ng lahat ng *ito*, hinihinang ito na maglakip, na nagtatayo (ng ano?) isang sakdal na Iglesya, para patungan Ito ng Batong Panakip.

330 Ano nga uli ang ginawa rito? Nahayag ito sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, at pitong mensahero sa Iglesya.

331 Nagsimula *rito*. Saan unang itinatag ang Iglesya? Saan unang itinatag ang Iglesyang pentecostal? Tinatag ni San Pablo, sa Efeso, ang bituwin ng Kapanahunan ng Iglesya ng Efeso, Efeso.

332 Ang ikalawang kapanahunan ng Iglesya ay Smirna. "Kagalingan." Si Ireneo, ang dakilang lalaki na nanghawakan sa Ebanghelyo ni Pablo.

333 Ang sumunod na kapanahunan ng Iglesya ay Pergamo, si Martin. Si Martin ang dakilang lalaki na nanatili. Pablo, Ireneo, Martin.

334 Pagkatapos sa Tiatira'y dumating si Columba. Naaalala n'yo? Heto ito, nakaguhit mismo *riyan*. Columba. Pagkatapos ni Columba . . . Pumasok ang Madidilim na Panahon doon.

335 Pagkatapos ay dumating ang Sardis, na ang ibig sabihin ay *patay*. Si Luther. Hallelujah! Ano ang kasunod? Ano nang sumunod pagkatapos ng Sardis, ni Luther?

336 Pagkatapos ay dumating ang Filadelfia. "Kabanalan." Si Wesley, pagpapakabanal! "Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya," sabi ni Luther. Pagpapaging banal sa pamamagitan ni Wesley.

337 Pagkatapos ay dumating ang mabuting kalooban sa kapatid, sa pamamagitan ng Laodicea. At naniniwala tayong ang dakilang Mensahe ng ikalawang pagpapakita ni Elias, sa huling araw, ay lalaganap sa lupain.

338 Heto na, Pitong Kapanahunan ng Iglesya, pitong baitang. Ang pagtatayo ng Diyos sa Kanyang Iglesya, ay katulad ng isang taong nagiging isang indibiduwal, nagiging Siya Mismo. Ang kaluwalhatian, ang Kapangyarihan ng Diyos, ay bumababa sa pamamagitan *nito*, hinihinang Ito na maglakip. Kaya naman, ang mga Pentecostal na isinantabi ang Lutheran, isinantabi ang mga Wesleyan at mga bagay-bagay, haya't hindi alam kung ano ang pinagsasasabi nila. Nakita n'yo, nabuhay sila sa bahaging *ito* ng templo. Ganyan ang nangyayari, kaya may ilang tao na makakaakyat nang ganoong kataas at pagkatapos bumabagsak.

Pero may isang tunay na bahagi nun, na patuloy na itinatayo pataas ng gusaling 'yun. "Aking ipapanauli," sabi ng Panginoon.

339 Naalala n'yo ba 'yung *Ang Punongkahoy Na Nobya*? Naalala n'yo pa ba 'yung pangangaral ukol sa *Ang Punongkahoy Na Nobya*? Kinakain nila Ito, pero Kanya itong tinabas. Mayroon silang mga makadenominasyong sanga; pinutol Niya ang mga 'yun. Nagtayo sila ng panibagong iglesya, mga makadenominasyong sanga; pinutol Niya ito. Pero ang mismong puso ng Punongkahoy na 'yun ay patuloy na lumalago. "At sa gabi ay Magliliwanag." Kita n'yo? Sa oras na 'yan darating si Cristo, ang Espiritu Santo. Bababa si Jesus at ilalagay ang Kanyang Sarili sa Ulo ng Iglesya sa panahong 'yan, at Kanyang bubuhaying mag-uli ang Iglesyang ito, bilang Kanyang Sariling Katawan. *Naroon* ang Katawan.

340 At 'yung paraan na inaasahan sa atin ng Diyos bilang indibiduwal na lumago, ay 'yun ang paraan na pinalalago Niya ang Kanyang Iglesya. Bawat kapanahunan ng Iglesya, nabubuong isang malaking Iglesya Ito. Kita n'yo?

341 Hindi hiningi sa mga taong *ito* ang kung ano ang nasa mga taong *ito*. Hindi hiningi *rito* 'yung kung ano naman ang *narito*. Kita n'yo? Pero itinayo Niya ang Kanyang Iglesya sa parehong paraan. Itinayo Niya ang Kanyang—Kanyang Iglesya sa parehong paraan na itinatayo Niya ang Kanyang mga tao. Mangyari nga na sinasabi ni Pedro rito, una'y, pitong bagay: pananampalataya, kagalingan, (kita n'yo, papaakyat nang papaakyat), kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, pagmamahal sa kapatid, idagdag ang mabuting kalooban sa kapatid, at pagkatapos ang pag-ibig ng Diyos. Ang Espiritu Santo, si Cristo sa persona ng Espiritu Santo, ay bababa sa inyo, sa tunay na bautismo ng Espiritu Santo, at mayroon kayo ng lahat ng mga katangiang ito na natatakan sa inyo. Pagkatapos, mananahan na ang Diyos sa isang Tabernakulo, na tinawag na Gusali, ang buhay na Tabernakulo ng tahanan ng buhay na Diyos.

342 Kapag taglay na ng isang tao ang ganitong uri ng mga bagay, saka darating ang Espiritu Santo sa kanya. Kahit pa, makapagsalita ka ng iba't ibang wika, maaari kasing gaya-gayahin mo lang ang anumang kaloob na mayroon ang Diyos. Maaaring ganoon ang gawin mo. Pero hangga't pumasok sa iyo ang mga katangian *dito*, lisya ka pa rin sa totoo't, tunay na pundasyon ng pananampalataya. Pero kapag lumago ang mga katangiang ito, at idinagdag mo 'yun dun, hayan nga na magiging isa kang buhay na bantayog. Isa ka nang buhay, na gumagalaw na estatwa.

343 Pero, alam n'yo, ang—ang mga pagano, nagpapatirapa sila sa harapan ng isang imahen, haka-hakang diyos. At sa haka-hakang paraan ay naniniwala silang ang haka-hakang diyos daw

na 'yun ay nakikipag-usap pabalik sa kanila. Hetanismo 'yun. Romanismo 'yan. Yumuyuko sila sa harap ng lahat ng uri ng mga santo't lahat na ng iba pa. At mayroon silang Santa Cecelia, isang diyos ng bahay, at napakaraming iba't ibang bagay na gaya nun. Niyuyukuan nila, at talagang pinaniniwalaan 'yun sa paraan ng haka. Anong—anong tipo nga ito, ng tunay na buhay na Diyos.

344 Pero kapag tayo, hindi sa paraan ng haka, kundi magpapatirapa tayo sa harapan ng isang buhay na Diyos, isang buhay na kagalingan, isang buhay na kaalaman, isang buhay na pagtitiis, isang buhay na kabanalan, isang buhay na Kapangyarihang nagmumula sa isang buhay na Diyos, haya't ibubunsod nga n'yan na ang isang buhay na tao'y isang buhay na imahe sa katangkaran ng Diyos. Anong ginagawa ng taong ito? Ang ganoon ding mga bagay na ginawa ni Jesus noon; lumalakad nang pareho kung paano Siyang lumakad noon, ginagawa ang parehong mga bagay na ginawa Niya noon. Dahil, hindi ito haka-hakang bagay. May realidad na nagpapatunay.

345 Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Nakikita n'yo ba kung papaanong ang mga katangiang ito, ang mga materyales ukol sa pagtatayo, ay tumitipo sa mga mensahero ng Iglesya, sa mga kapanahunan ng Iglesya? Ngayon, isa sa mga araw na ito, kukunin natin ang bawat isa sa mga salitang ito, at pag-aaralan ang mga ito, at ipapakitang pinatutunayan nito ito. Nagkakalakip-lakip itong lahat. Tunay. Kita n'yo? Oh, grabe! Napakaganda nun, kita n'yo, na makita kung ano—kung ano ang ginagawa nito.

346 Ngayon, 'yun ang Bahay na pinapanahanan ng Diyos; hindi isang gusali na may malaking kampana sa tuktok nito, at isang mataas na tore. Kita n'yo? "Ngunit isang Katawan na ipinaghanda Mo sa Akin" isang Katawan na mapapanahanan ng Diyos, na makakalakad ang Diyos, na makakakita ang Diyos, na makapagsasalita ang Diyos, na makagagawa ang Diyos. Amen! Buhay na instrumento ng Diyos, ang Diyos na lumalakad sa dalawang paa, sa pamamagitan n'yo. Luwalhati! "Ang lakad ng isang matuwid ay Diyos ang nagtatag," Ang Diyos na naglalakad sa inyo. "Kayo'y mga sulat, na nababasa ng lahat ng mga tao." At kung ang Buhay na nakay Cristo ay nasa inyo, tataglayin n'yo ang Buhay na tinaglay ni Cristo.

347 Gaya ng parati ko nang sinasabi. Kumuha ka ng dagta mula sa isang puno ng melokoton, at kung magawa mo itong ilipat, sa pamamagitan ng pagsasalin, sa isang puno ng mansanas, mamumunga ang puno ng mansanas ng mga melokoton. Pihado. Siguradong mamumunga ito ng melokoton. Kahit ano pa ang itsura ng mga sanga, mayroon itong dagta ng puno ng mansanas sa loob, kita n'yo, o kung ano mang puno. Kita n'yo? Kunin n'yo ang buhay nito mula sa puno ng mansanas, sairin n'yo itong lahat, at salinan n'yo ito ng—ng dagta, at sairin 'yung mula

sa puno ng melokoton papunta sa puno ng mansanas. Anong mangyayari? Hindi na ito mamumunga ng mga melokoton. Kita n'yo? Hindi na, po. Hindi na. O kung ang buhay ng puno ng melokoton ay napunta sa puno ng mansanas, ang ibig kong sabihin, hindi na ito mamumunga ng mansanas. Mamumunga na ito ng mga melokoton, kita n'yo, kita n'yo, dahil mayroon na itong buhay roon.

348 Buweno, ipagpahalimbawa n'yo tayo, na walang anuman kundi baging na ligaw, matitigas ang ulo, at walang anumang mapapala sa atin, dahil mga patay tayong lahat sa kasalanan at mga pagsalangsang. At nasa ganitong mga kalagayan tayong lahat. At pagkatapos tayo, mismo, ay makakapagpatirapa mismo, at maisusuko ang mga sarili natin, hanggang sa kunin ng Diyos ang Kanyang pansaling tubo, ang Pangalan ni Jesus Cristo, dahil, "Walang ibang Pangalan sa ilalim ng Langit na sukat ikaliligtas ng tao," at isasalin ang Buhay ni Cristo sa atin. Pagkatapos nga'y magkakaroon na tayo ng *ganitong* uri ng pananampalataya, ang pananampalatayang taglay ni Cristo. At ang pananampalataya ni Cristo'y hindi nakabatay dun sa mga Fariseo, o sa mga Saduceo, o sa kanilang mga palayok, takuri, at kawali, at sa kanilang paghuhugas. Nakabatay ito sa Salita ng Diyos, amen, nang lubos, hanggang si Cristo na ang Salita, at ang Salita'y nagkatawang-tao. At kapag lubos na tayong nasalinan ng Kanyang Kapangyarihan, na mamamatay na tayo sa sarili nating pag-iisip, at ang ating pananampalataya ay maging tunay na pananampalataya na, hallelujah, mangyari nga na ang Buhay ni Cristo'y naisalin na sa atin. Magiging buhay na tayong mga nilalang sa Diyos, isang tahanan kung saan maipadadala ng Espiritu Santo ang maningning Niyang mga pagpapala roon, at tayo'y nasa pangangatawan na ni Cristo.

349 Sinabi ni Jesus, "Hindi ba't nasusulat? Hinatulan ninyo Ako, sa pagsasabing, 'Ako ang Anak ng Diyos.' Hindi ba't nasusulat, na, 'Kayo'y mga diyos.' Hindi ba't sinasabi ng mismong kautusan ninyo iyon?" Gaya ni Moises, gaya ni Elias, gaya ng mga propeta noon na namuhay nang napakalapit sa Diyos, hanggang sa sadyang isinasalin ng Diyos ang Kanyang Sarili sa kanila mismo. At nagsalita sila, hindi sa ganang sarili nila, kundi ang Diyos. "Huwag kayong mangamba kung ano ang dapat ninyong sabihin, sapagkat hindi kayo ang magsasalita. Ang Ama ito na tumatahan sa inyo; Siya ang magsasalita." Ang kanyang mga Salita'y hindi sa ganang sarili niya, dahil, ang kanyang buhay, patay na siya.

350 Kung patay ka na, aalisin n'yo ang dugo mula sa isang tao, ieembalsamo n'yo siya. Ang problema, marami sa kanila ang hindi naembalsamo. Kunin n'yo ang dugo mula sa tao, at siya ay mamamatay. Pagkatapos ang tanging magagawa n'yo ay magsalin muli ng panibagong dugo sa kanya; mabubuhay siyang muli. Inalis mo lang ang kanyang dugo.

351 At ngayon ipinasok na natin ang Dugo ni Jesus Cristo, kita n'yo, at nagbubunsod 'yun ng pananampalataya ni Jesus Cristo, ng kagalingan ni Jesus Cristo, ng kaalaman ni Jesus Cristo, ng pagpipigil ni Jesus Cristo, ng pagtitiis ni Jesus Cristo, ng kabanalan ni Jesus Cristo, ng mabuting kalooban ni Jesus Cristo sa mga kapatid, at ng pag-ibig ng Diyos, na si Jesus Cristo. Siya ang Ulo at kumukontrol sa inyo. At ang mga paa n'yo ang pundasyon, ang pananampalataya. Amen! Kinukontrol ng Ulo, kinukuha ang. . .?. . .Hayan nga. Hayan ang sakdal na tao ng Diyos, kapag taglay niya ang mga katangiang ito.

352 Sa kabilang banda, ang Diyos, nirerepresenta ang Kanyang Iglesya bilang isang Nobya, isang babae. Nirerepresenta ng Diyos ang Kanyang Iglesya bilang isang Nobya. At ang paraan na dinadala Niya ang bawat indibiduwal sa pagiging anak Niya, para mapabilang sa Nobyang 'yun, dinala rin Niya ang Nobya sa mga kapanahunang ito, [Tinapik ni Kapatid na Branham ang kanyang pisara nang pitong beses—Pat.] hanggang sa dalhin Niya itong isang ganap na Iglesya *rito*.

353 Gumagalaw ang mga paa ko. Bakit? Dahil sinasabi ng ulo ko. Ngayon, hindi ito makakagalaw na gaya ng kamay ko, dahil mga paa ko ito. Hindi kayang gawin ni Luther ang mga bagay na ginawa natin, maging ang Methodist, dahil iba sila. Kita n'yo? Gumagalaw ang mga paa dahil sinasabi ng ulo. At hindi kailanman sinasabi ng ulo, "Ngayon, mga paa, maging kamay ka. Tainga, maging mga mata ka naman." Kita n'yo?

354 Pero, sa bawat kapanahunan, inilagay ng Diyos ang mga bagay na ito sa Kanyang Iglesya, at itinulad ito sa pamamagitan ng pagpapakita na ang bawat indibiduwal ay mayroon nito, nagtataglay ng mga katangiang ito. At ang Katauhang *ito*, kapag nakumpleto na, siyanga't 'yan ang Iglesya ng Diyos na pupunta na sa Pag-agaw. At ang katauhang *ito*, at kapag nakumpleto na, ay isang lingkod ng Diyos, sa Iglesya ng Diyos, na pupunta sa Pag-agaw. Luwalhati! Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Hayan nga. Hayan ang buong bagay.

355 *Narito't* dumating ang isang tao, si Pablo, na inilalatag ang pundasyon. Sinimulang ibuhos *ito* ni Ireneo rito. Ibinuhos naman *ito* ng kasunod. Ibinuhos pagkatapos *ito* nung sumunod. Yung sumunod naman ay *iyon*, at *iyon*, at *iyon*, at patugaygay hanggang sa makarating sa huling kapanahunan. Pero ano nga ito? Ito'y iisang Espiritu.

356 Ang siya ring espiritu na nananahan sa akin, ay nagsasabi, "Mga kamay, abutin mo ang maletang 'yun." Sinasabi ng siya ring espiritu, "Mga paa, humakbang ka." Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin?

357 Kung ganoon, ang buong pangangatawan ng katauhan mo ay pinamamahalaan at kinukontrol ng mga bagay na ito, pero hindi

ito maaaring makontrol nang lubos hanggang ganap na taglay na nito ang mga katangiang ito.

358 Narinig n'yo na ba ito? Ngayon hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. At manatili mismong. . . Ilagay n'yo ito sa nakikinig n'yong tainga. Kita n'yo? Ang tibay ng isang kadena'y nasa pinakamahinang dugtungan nito. Siyanga. Hindi ito mas titibay pa kaysa sa pinakamahinang dugtungan nito.

359 Kahit gaano pang katibay binuo ang mga *ito*, o binuo *ito*; kung may mahina itong dugtungan, doon nga siya malalagot. At hindi ito mas titibay kaysa dun sa pinakamahinang dugtungan. [Tinutukoy ni Kapatid na Branham ang iginuhit niya sa pisara—Pat.] Ngayon kung mayroon ka, na sinasabi n'yong mayroon na kayong *ganito*, *ganito*, *ganito*, tapos wala ka naman *nito*, doon nga siya malalagot. Kung mayroon ka *nito*, at wala ka *nun*, malalagot siya mismo roon. Mayroon ka *nito*, at wala naman *nun*, malalagot mismo. *Ganito*, tapos wala namang *ganito*, malalagot ito. *Ganito*, at walang *ganito*, malalagot ito. Kita n'yo? At kung di kayo. . . Hindi kayo maaaring magkaroon *nito* nang wala *nito*.

360 Kaya kapag isinuko n'yo na ang buo n'yong pagkatao, saka nga bubuhos sa inyo ang Espiritu Santo, sa mga katangiang ito, pagkatapos nga'y magiging isa na kayong buhay na tabernakulo. Tapos mapapatingin ang mga tao't masasabi nila, "Ganyan ang isang taong puspos ng kagalingan, kaalaman (sinasampalatayanan niya ang Salita), pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, mabuting kalooban sa kapatid, puspos ng pag-ibig ng Espiritu Santo. Kita n'yo, hayun siya, lumalakad." Ano ito? Ang katauhan na matitingnan ng mga di-mananampalataya't masasabi nila, "Hayan ang isang Cristiano. Hayan ang isang lalaki, o isang babae, na alam kung anong sinasabi nila. Hindi ka pa nakakita ng isang mas mabait, mas kalugud-lugod, na mas banal na tao." Naselyuhan ka na. Nakikita ang selyo sa magkabilang panig. Ikaw man ay paalis o parating, makikita't makikita mo ang selyo sa tuwina. Hayan nga kayo. Kita n'yo? Kapag taglay *ito* ng isang lalaki o babae, saka mismo bababa ang Batong Panakip at seselyuhan sila tungo sa Kaharian ng Diyos, na 'yun ay ang Espiritu Santo.

361 Pagkatapos ang Salita, na nagmumula *Rito*, ay ihahayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng bawat isa sa mga nilalang na ito, kita n'yo, at gagawing Tabernakulo ng buhay na Diyos ang ganap na Pagkataong ito, na isang lumalakad, na buhay na ehemplo ng Cristianismo. Kung ano si Cristo, ganoon ang mga taong ito, dahil ang Buhay Niya ay narito. Sila'y nakay Cristo. At ang buhay nila ay patay na't natatago kay Cristo, sa pamamagitan ng Diyos, at sinelyuhan doon ng Espiritu Santo. Unang Mga Taga-Corinto 12. Siyanga. Kita n'yo? Itinuturing n'yo ang inyong sarili na patay na, kung ganoon kayo'y ipinanganak na sa pananampalataya. Pagkatapos ang

kagalingan at iba pang mga bagay ay idinadagdag sa inyo hanggang sa kayo'y maging isa nang sakdal, na buhay na larawan ng Diyos. Kamangha-mangha po ba?

362 At pagkatapos ang Diyos, sa pamamagitan nun, ay nagdala rin ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya, para ipakita ang pitong baitang na dinala Niya, sa pagbubuo ng Kanyang indibiduwal tungo sa Kanyang larawan, na nakapagtayo Siya ng isang ganap na Iglesya ukol sa Kanyang larawan. At sa pagkabuhay na maguli, ang buong Katawan na ito'y ibabangon para mamuhay na kasama Niya magpakailanman, dahil ito'y isang Nobya. Kita n'yo? Kaya nangyayari 'yun sa bawat kapanahunan, sa bawat kapanahunang dumarating.

363 At marami pa ang hinihingi, alalahanin n'yo. Naaalala n'yo 'yung sinabi ni Pablo rito sa Mga Hebreo 11? Hayaan n'yong basahin ko lamang ang isang bagay sa inyo bago tayo magtapos dito, pansumandali na lang. At pagkatapos inyong. . .Para ngang may kakaiba kayong mararamdaman kapag ako'y. . .sa tuwina, kapag binabasa ko ito. Kukunin ko lang po ang Mga Hebreo 11, at sisimulan ko sa ika-32 talata.

> Ano pa, *ano pa ang aking sasabihin? sapagka't kukulangin ako ng panahon kung sasaysayin ko* sa inyo *ang tungkol kay Gideon,. . .kay Barac, at. . . Samson, at. . .Jefte;. . .David. . .at kay Samuel,. . .sa mga propeta:*
>
> *Na ang mga ito sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng* pangako, *nangagtikom ng* bibig *ng mga leon,*
>
> *Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak,* at *nagsilakas sa kahinaan, naging mga makapangyarihan sa* paglipad, *nangagpaurong. . .ng mga hukbong taga ibang lupa.*
>
> *Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli: . . .ang iba'y* dumaan sa paghihirap, *sila'y* pinahirapan, *na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na maguli:*

364 Nasa bandang ibaba *rito*. Kita n'yo? [Tinutukoy ni Kapatid na Branham ang iginuhit niya sa pisara—Pat.] Buweno.

> *At ang iba'y nangagkaroon ng* mga pagsubok. . . *pagkalibak*. . .mga pagkahampas, *oo, bukod dito'y. . . mga tanikala. . .bilangguan naman:*
>
> *Sila'y pinagbabato, sila'y* pinaglagari, sila'y *pinagtutukso,* sila'y *pinagpapatay sa*. . .mga tabak: *sila'y nagsilakad na paroo't parito na may balat*

> *ng mga tupa't* balat ng kambing*; na mga salat,* at *nangapipighati,* at *tinatampalasan;*
>
> *(Na sa mga yaon* ay *hindi karapatdapat ang sanglibutan:)*. . .

365 Kita n'yo, sa panaklong diyan, mapapansin n'yo diyan sa inyong Biblia.

> . . .*na nangaliligaw sa mga ilang, at sa mga kabundukan, at sa mga yungib at sa mga lungga ng lupa.*
>
> . . .ang lahat ng mga ito, *nang sila'y mapatotohanan na dahil sa kanilang pananampalataya,*. . .

366 *Dito*! [Tinutukoy ni Kapatid na Branham ang iginuhit niya sa pisara—Pat.]

> . . .*mapatotohanan na dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi kinamtan ang pangako:* (Kita n'yo?)
>
> *Na ipinaghanda ng Dios ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upang sila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin.*

367 Nakukuha n'yo? Ang mga taong ito na namatay, *rito*, ay nakadepende't naghihintay sa atin. Kaya naman, kinakailangang makarating ang Iglesyang *ito* sa kasakdalan, para magdala ng pagkabuhay na mag-uli. At nasa ilalim sila, mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, naghihintay para sa Iglesyang ito na makarating sa Kanyang kasakdalan, sa panahon na darating na mismo si Cristo.

368 At ang Iglesyang ito, nakita n'yo, haya't papaliit nang papaliit, sa minorya. [Tinutukoy ni Kapatid na Branham ang kanyang iginuhit sa pisara—Pat.] Mas matalas pa kaysa riyan kung tutuusin, pero gusto ko lang isulat ang krus na 'yan diyan, kita n'yo. Umabot na ito sa tulis ng karayom. Hanggang sa, ang Iglesya, sa minorya, ay kinakailangang makarating sa isang kalagayan hanggang sa ito'y maging kaparehong uri na ng pagmiministeryo na iniwan *nito*, dahil, sa pagbabalik ng Pangulong Bato na ito. . .

369 Mayroon itong maliit na parang suksukan *dito*, kung saan ito papatong nang pirmi roon, sa regular na piramide. Hindi lamang ito isang takip na basta ipinatong lang sa ibabaw. May maliit na kabitan, at kinakailangan itong maipirmi roon, dahil nagpapakawala ito ng tubig.

At sa pagdating nito, kinakailangan mismong mahasa ang Iglesyang ito.

370 Ang lahat ng ito, itong iba pang mga bato sa piramide, ang mga ito'y nakalatag nang perpektong-perpekto hanggang sa di ka makasusuksok ng isang talim ng labaha sa pagitan ng mga ito,

samantalang tumitimbang ng tone-tonelada, na patong-patong dun. Kung papaano naipagpatong-patong pataas ang mga ’yun dun, hindi nila alam. Pero naitayo nga ang mga ito.

371 At sa itaas *dito*, kapag dumating na ng Panakip ng piramide, ang piramide mismo, ang Katawan ni Cristo’y kinakailangang mahasa. Hindi lamang kung anong kredo o doktrina, o bagay na iba pa na pinagdaanan natin. Kinakailangang maging ganap ito na maging katulad ni Cristo, hanggang sa, pagdating Niya, Siya at ang pagmiministeryong ’yun ay lalapat nang tugmang-tugma mismo. Kita n’yo? Tapos darating ang Pag-agaw, ang Pag-uwi.

372 Tingnan n’yo kung saan na tayo nabubuhay ngayon, sa Laodicea, kung saan ang iglesya ang pinakamasahol na kapanahunan ng iglesya na nagkaroon sila kailanman. Sa Biblia, nalaman natin, na ito ang tanging kapanahunan ng iglesya na ang Diyos ay nasa labas na ng iglesya, kumakatok, sinusubukang makabalik sa sarili Niyang gusali. Humantong sa punto na pinalabas na Siya ng mga kredo’t mga denominasyon sa sarili Niyang iglesya. “Narito, Ako’y nakatayo sa may pintuan na kumakatok. Kung nauuhaw ang sinuman at magbubukas ng pintuan, Ako’y papasok, kakaing kasalo niya.” Kita n’yo? Heto ito, sa kapanahunan ng iglesyang *ito*. Unti-unti nila Siyang initsa-puwera, hanggang sa *dito* nga’y tuluyan na nila Siyang napatalsik palabas. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan Dito.

373 Ngayon nakikita n’yo na sa panahong ito kung saan tayo patungo. Mangyari nga na sa pagtatapos ng Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea’y nagiging napakapormal na, hanggang sa ito at ang Katolisismo, na naghiwalay *rito* mismo, ay naglalakip na’t nagkakaisa bilang isang malaking iglesya. Haya’t may kapisanan na ng mga iglesya, kapareho na mismo ng Katolisismo.

374 Ang tanging pagkakaiba lang nila, kung mapapalampas lang nila ’yun, ay ’yung pagtanggap ng komunyon. Yung bagay lang na ’yun sa parokya, ang—ang—ang pumipigil sa pagkakaisa ng Katolisismo at Protestantismo, ’yan ngang pamamaraan ng komunyon. Sinasabi ng Katoliko, “Ito ang katawan.” At sinasabi naman ng Protestante, “Kumakatawan ito sa katawan.” Ginagawa itong misa ng Katoliko. Ang misa nga’y, sa ganyan, na tumatanggap sila ng komunyon, na umaasang patatawarin sila. Tinatanggap ito ng Protestante sa pamamagitan ng pananampalataya, na pinapasalamatan ang Diyos, sa komunyon, na pinatawad na sila. Sinasabi ng Protestante, “Pinatawad na kami.” Sinasabi ng Katoliko, “Umaasa kaming mapatawad kami.” Misa at komunyon. Tinatawag nila itong isang misa; tinatawag natin ito na isang komunyon. Ang misa’y umaasa na nawa mangyari. Ang komunyon naman ay pagkaalam na nangyari na, at

pinasasalamatan Siya para rito. Kita n'yo? At 'yun lang ang tanging bagay na di nila mapagkasunduan. Gagawin nila.

375 Oh, nakakabighani. Magbubuklod ito, para pairalin... Paiiralin nito—nito ang lahat ng...Buweno, sinabi ng Biblia, "At ibinigay ng hayop na ito ang kanilang kapangyarihan sa patotot," kita n'yo, pinagkaisa ang kanilang mga sarili. Kita n'yo? Sadyang eksakto sa sinabi ng Biblia na gagawin nila, ginagawa na nila ito ngayon. Nasa proseso na mismo, nitong sanlinggo lang na ito. Hindi sa mayroon akong anumang laban sa mga Katoliko, na kiling sa mga Protestante.

376 Kayong mga Methodist at mga Baptist, at marami sa inyo na Pentecostal, kapag ang mga iglesya n'yo ay nakisapi na mismo rito sa kapisanan ng mga iglesyang ito, kapag naitayo na nila 'yung malaking morge roon sa New York, ng kapisanan ng mga iglesya, na kagaya rito sa United Nations at mga ganoong bagay. Sinisikap nilang pagkaisahin ang lahat ng Protestantismo.

377 Ngayon, matalino ang mga Katoliko roon, at dadalhin, itong Pope John ikadalawampu't tatlo, o ikadalawampu't dalawa, kung ano man siya, tatangkain nga niya, sa isang mababa't, mapagpakumbabang paraan, na paglakipin ang lahat ng pananampalatayang Protestante at pananampalatayang Katoliko tungo sa isang pananampalataya, eksakto sa sinabi ng Biblia na gagawin nila. Hayan nga. At nahuhulog dito ang mga Protestante, buong kawil, tansi, at timbulan.

378 Bakit? Bakit? Dahil wala sila nitong mga bagay na *ito*. *Kaalaman*, "Ang Salita ay tama." *Pagtitiis*, "Silang naghihintay sa Panginoon." Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin?

379 Katulad nung sinabi ng obispo ng Methodist noong isang araw, noong ipinasa nila 'yun. At di 'yun lingid sa kaalaman ng sinuman, kung paano, kung anong naging inspirasyon nun, na nagpapasambit sila ng isang dasal sa simbahan, o sa paaralan. At gustong...Sa palagay ko isang aklat ng dasal 'yun ng Presbyterian, o iba marahil, at idinemanda ng mga magulang ang—ang—ang paaralan dahil ayaw nilang tanggapin itong dasal na ito sa paaralan. At itong obispo ng Methodist na ito'y isang matalinong matandang lalaki, tumayo siya't nagsabi, "Mali 'yan." Sabi, "Labag ito sa konstitusyon." Nahalata niya ang pahiwatig nito. Sabi niya, "Parang sa iglesya naming Methodist," sabi niya, "sa iglesya naming Methodist," sabi, "marami sa mga kapatiran namin ang pinagbubulong-bulungan ang tungkol sa iskandalo ng Hollywood, at pagkatapos siyamnapu't limang porsiyento naman sa kanila ang nagsisipunta pa rin para panoorin 'yun."

380 Anong nangyayari? Initsa-puwera nila *ito*. Ganoon mismo. Initsa-puwera nila 'yun.

381 Kausap ko rito mismo sa silid, noong isang araw, ang isang—isang—isang opisyal ng isa sa pinakamalaking iglesya

ng Methodist sa Falls City, isa sa pinaka-espirituwal na iglesyang Methodist na narito sa Falls City. Nagpapakita, na ang kapanahunan ng Methodist na sumunod sa ating kapanahunan doon, ay ang Pentecostal. At ang sabi niya, "Sa St. Louis, Missouri, nagsagawa sila ng isang pagsusuri, mga tatlo o apat na buwan na ang nakalipas, at nalaman." Marahil nakaupo ang lalaking 'yun dito ngayong umaga. Mangyari nga, na isa siyang kontratista na nagtatayo nito, nag-aayos ng gusaling ito para sa atin. Main Street Methodist, doon siya kabilang, kung saan si Kapatid na Lum at ang iba pa ay pastor. Mangyari nga na nalaman namin na, doon, na sa pagkakaalala ko'y higit pitumpung porsiyento ng mga Methodist sa isang pagsusuri na 'yun, na, haya't sa isang survey ng St. Louis, ipinapakita dun na higit pitumpung porsiyento ng Methodist ang naninigarilyo, at animnapu't walong porsiyento sa kanila ang umiinom ng inuming alkohol. Isang Methodist! At ang kakatwa pa, noong ilabas ang pagsusuri, o noong tinaya ang bahagdan sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan; ang kababaihan, ay pitumpu, higit pitumpu't kung ilang porsiyento, kontra sa halos limampung porsiyento sa kalalakihan. Mas maraming kababaihan ang naninigarilyo at umiinom kaysa kalalakihan. Pitumpung porsiyento, higit pitumpu't kung ilang porsiyento, na mas maraming kababaihan kaysa sa kalalakihan.

382 Ngayon paano kung dumako pa tayo sa Doktrina ng Biblia ukol sa pagsusuot ng shorts, at pagpapagupit ng buhok, at ganoong mga bagay, kita n'yo, na ukol sa kabanalan, mga kababaihan na nag-aangkin lang na maka-Diyos at banal? Paglalaro ng baraha't lahat na ng iba pa, mga tsismosa, matatabil, hindi kayang pigilan ang sarili nilang dila. Yung mismong dila'y kusang magsasalita't makikipagtsismisan, at kung saan-saan nakakarating. Paano naman sa kalalakihan? Paglalaro ng baraha, paglalaro ng golf, lumalabas na halos nakahubad na, ang suot ay maiiksi't mahahalay na damit, may kasamang mga babae na tumatambay roon. Hindi na nakapagtataka!

383 Nakita n'yo ba 'yung masamang pakana na ginawa doon sa mangangaral na 'yun, mangangaral sa bilangguan, kaninang umaga? Siyanga, po. Hindi ako naniniwalang nagkasala ang lalaking 'yun ng ganoon. Anong ginawa nito? Si Kapatid na . . . Hindi ko lang maisip 'yung kanyang . . . [May nagsasabi, "Dan Gilbert."—Pat.] Tama. Dan Gilbert, mangangaral sa bilangguan. Noong pumasok ang lalaking 'yun at pinatay si Dan, dito ilang buwan na ang nakalipas, at ngayon manganganak na ang maybahay niya. Mangyari nga, na patay na si Dan, hindi na sila makapagsasalin ng dugo sa sanggol ngayon. Sinasabi ng babae na ginahasa raw siya ni Dan, at 'yun daw sabi nung babae . . . "Anak 'yun ni Dan." Napakalaking . . . Hindi ako naniniwala roon kung papaanong di ako maniwala na ang isang—na ang

isang—isang uwak ay may balahibo ng kalapati. Hindi, talaga. Naniniwala akong isa itong kasinungalingan. Naniniwala akong isang tao ng Diyos si Dan Gilbert. At naniniwala akong isa 'yung pakana ng diyablo.

384 Katulad nung bagay na 'yun na tinatangkang ilagay sa mga dasal na 'yun. Yung matandang Methodist—Methodist na obispo'y may sapat na talino para mahalata 'yun. Kung kanya sana, kung naaprubahan 'yun, 'yun nga'y naimpluwesyahan lang ng iba pang bagay. Siyanga.

385 Katulad na lang ng problemang ito ng segregasyon doon sa Timog, ganoon din. Naniniwala akong dapat malaya ang mga tao. Naniniwala akong tumatayo ang bansang ito para sa kalayaan. Hindi ko sinisisi si G. Kennedy sa pagpapadala ng mga sundalo. Bagaman, hindi ako isang—isang "tagasuporta ng bagong panukala," at hindi ako Democrat. Hindi ako isang Republican. Isa akong Cristiano. Kaya ako'y . . . Pero hindi ako naniniwala sa ganoon. Hindi ako naniniwalang dapat ipagbili ng mga mamamayang itim ang kanilang karapatan ng kapanganakan sa ganoong bagay, rin naman. Hayan ang—ang partidong Republican. Ang dugo ni Abraham Lincoln ang nagpalaya sa mga mamamayan na 'yun dahil isa siyang lalaking maka-Diyos. Sa tingin ko dapat man lang silang manatili sa kanilang partido kung sila man ay boboto.

386 Pero sinasabi ko sa inyo ang isang bagay, naroon ang batang lalaking 'yun hindi lang dahil dun, ang kanilang mga paaralan. Isang mamamayan ang binatilyong 'yun. Isa siyang Amerikano. Ito'y kalayaan para sa lahat. Hindi dapat baguhin ng kulay ng isang tao ang kanyang pagkakaiba. Tayong lahat . . . "Ang Diyos," sabi, "sa isang tao, ay ginawa ang lahat ng dugo, lahat ng mga bansa." Iisa tayong lahat. Pero, ang batang 'yun, isa siyang sundalo. Isa siyang beterano. Ipinaglaban niya kung ano ang tama. May karapatan siyang pumasok sa paaralan. Siyanga. Pero marami naman siyang paaralan na mapapasukan.

387 Yun ang problema. Kung titingnan n'yo ang nasa likuran nito, siyanga't ang kasalukuyang-panahon na makadenominasyong bagay roon, ang nag-iimpluwensya rito. Bakit? Ibinabaling nila ang mga boto na 'yun ng mga itim mula Republican papunta sa Democrat, at ibinebenta nila ang mga karapatan nila dahil dito. Yan mismo ang katotohanan. Wala ang Espiritu Santo rito . . .

388 "Hayaang ang may karunungan." "Hayaang ang may kaalaman." Mismo. Parang itong iglesya, itong kasalukuyang panahon na ito, na ibinebenta ang sarili. Hindi n'yo ba nakikita kung ano ang mangyayari?

389 Wala akong pakialam kung nakateyp ito. Heto na. Uh-huh. Oo. Anong problema? Sinasabi dati ng matanda kong nanay, "Ibigay sa diyablo ang nararapat sa kanya."

390 May isang tao na gumawa ng tanging bagay na matino, ’yun ay si Castro sa dako roon. Siyanga, po. Nagpunta siya roon. At nasa kapitalista mismo ang lahat ang mga pananim na tubo’t lahat na. . . direktang nakakabit sa ginto ’yung pananalapi, katulad ng Estados Unidos. Anong ginawa niya? Binili niya ang lahat ng mga bono na ’yun. Lumakip ng salapi sa anumang paraan na magagawa niya. Anong ginawa niya pagkatapos? Pinalsipika niya ang pananalapi, at pinalitan ito. Agad na ibinalik ang mga ’yun. Yan nga ang tanging magagawa ng bansang ito.

391 Narinig n’yo ba ang *Life Line* noong isang umaga? Aba, alam n’yo, para bang nagbebenta ka ng bono sa ginto. Naibenta na ang mga bono. At ang kasalukuyang pamahalaang ito ngayon ay gumagastos ng salapi mula sa ano? Mula sa buwis na kokolektahin pa lang nila apatnapung taon mula ngayon. Tapos na siya. Ganyan mismo ang sinasabi ng *Life Line* sa Washington, DC, sa buong bansa. Mga buwis, ginagastos nila, at sinisikap bumili ng panlabas na. . . Buweno, parang ipinamimigay na lang nila. Hindi n’yo ba nakikita? Ganoon mismo ang kanilang—ang kanilang gagawin. Kita n’yo? Ano ito? Ngayon, kung babagsak ang bansang ito, ang tanging mangyayari nga rito ay talagang babagsak. Ang tanging sasapitin nga nito’y mababangkarote.

392 Ganoon na lang ang matinong magagawa, palitan ang pananalapi. Pero hindi nila gagawin ’yun, sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon. Pagmamay-ari ng iglesyang Romano Katoliko ang ginto ng mundo. At ang gagawin nila ay magbenta, “Ang mayayamang tao na ito,” at iba pa, “ng mundo,” gaya ng sabi ng Biblia. Anong gagawin nila, bago sila malugi, ang Brown And Williamson Tobacco Company, halos ang kabuoan nito ay Katoliko, siyanga, at ang lahat ng iba pang ito, anong gagawin nila? Tatanggapin nila ’yun, at kukunin nila ang salapi mula sa Roma, at pagkatapos nga’y ibinenta na niya ang mismong karapatan niya. Susuportahan siya ng Roma. Siyanga, po. Susuportahan niya ito. At napakarami nilang polisiya ngayon, nagbubunton nang nagbubunton, ipinapasok ang kanyang gabinete. Tingnan n’yo na lang kung ano ang hinihiling ni G. Kennedy.

393 At noong nakita n’yo ito, noong nakaraang araw, wala nang saysay pang bumoto kung ganoon. Ano pang silbi ng pagboto? Gayong, inilalathala nila ito sa diyaryo, at pinatunayan ito sa harap ng publiko, at tumatanggi silang gumawa ng anuman ukol dito. Gayong, pinatunayan na nilang ang mga makina sa pagboto sa buong bansa’y minanipula, na inihalal nila si G. Kennedy sa pamamagitan ng huwad na boto. Hindi ba’t sinasabi ng Biblia na papasok siya sa pamamagitan ng pandaraya? Talagang, isang huwad na boto. Ngayon, hindi ako laban sa partidong Democrat kung papaanong ganoon din ako sa partidong Republican, siyanga’t nagsasaysay lamang po ako ng mga katotohanan mula

sa Biblia. Ano pang silbi ng pagboto? Alam na nila kung sino ang mananalo roon.

394 Ilan sa inyo ang nakakaalala doon sa pagsasahimpapawid sa telebisyon kung saan may dalawang babaing kinapanayam? At ang sabi nung isa, "Iboboto ko si G. . . . " O, ang sabi nitong babaing Protestante, "Iboboto ko si G. Kennedy."

Sabi nila, "Bakit?"

395 Sabi, "Dahil sa tingin ko mas matalino siyang ginoo kaysa kay G. Nixon. Magiging mas mahusay siyang Presidente."

396 Pagkatapos sabi ng lalaki dun, "Sa isa namang babaing Katoliko. 'Sinong iboboto mo?'"

397 Sabi nito, "Isa akong Katoliko, isang Romano Katoliko, isang tapat na Katoliko." Sabi nito, "At iboboto ko si G. Nixon."

"Bakit?"

398 Sabi, "Dahil, sa tingin ko magiging mas mahusay na Presidente si G. Nixon dahil mas kabisado na niya ang mga bagay-bagay. Mas maalam siya ukol sa komunismo." Kasinungalingan ang sinasabi ng babaing 'yun.

399 Mayroon ako nitong *The*. . .'yung tinatawag nilang, *The Facts Of Our Faith*, ang pinaka respetadong aklat ng Katoliko na mabibili. At sinasabi dun, "Kung may Katolikong nasa listahan ng kandidato, na tumatakbo laban sa isang Protestante; kung boboto ang Katoliko para sa Protestante, ititiwalag sila sa samahan ng iglesyang Katoliko." Tama. "At kung may dalawang Katoliko na tatakbo para sa parehong katungkulan, pipiliin nila 'yung Katoliko na mas tapat sa 'inang simbahan' at 'yun ang iboboto nila."

400 Nakikita n'yo kung paano mismo 'yung pandarayang 'yun, kung anong tinatangka nilang gawin? Magpapamigay ng pera, na pambili. Bakit? Tinatangka nilang bangkarotehin ito. At ginawa na nila ito, at bangkarote na siya. At ano ito? Ukol nga sa pananalaping nakakabit nang direkta sa ginto. At ang iglesyang Katoliko, ang herarkiya ng iglesya, ang nagmamay-ari ng ginto ng mundo. [May isa na nagsasabi, "Sandaan at animnapu't walong bilyong dolyar."—Pat.] Sandaan at animnapu't walong bilyon. Hayan nga. Ibinabalik siya mismo sa pananalaping nakakabit nang direkta sa ginto, at inyo ngang mapanghahawakan ang mga pamamahay n'yo at mga bagay-bagay, pero pag-aari na kayo ng iglesyang Katoliko. Ang bansa'y pag-aari na ng iglesyang Katoliko. Nabihag ang buong bagay sa ganoong paraan, sa pamamagitan ng kanilang pananalapi. Hindi ba't binabanggit 'yun ng Biblia? Ganoon ang larawan na iginuguhit ng Biblia sa atin.

401 Ang sinisikap kong sabihin, kapatid, sa panahong ito. Sasabihin nila, "Magiging magandang iglesya ito. Pagbubuklurin nito ang Protestantismo." Maganda ito sa

natural na mata, pero ang kaalaman ng sanlibutang ito'y kamangmangan sa Diyos.

402 "At kinalugdan ng Diyos, sa pamamagitan ng—ng kahangalan ng pangangaral, na iligtas ang mga naliligaw," sa pamamagitan ng Banal na katungkulan, na itinalaga Niya sa Kanyang Iglesya, para itayo ang Iglesya sa mga espirituwal na katangiang ito at hindi sa anumang bagay na nauukol sa lupa.

403 Sinabi ni Pedro, "At dahil nakatakas na kayo sa kabulukan ng sanlibutan dahil sa masamang pagnanasa sa salapi, at pagnanasa sa karangyaan, at kagustuhan, at pagkain, at paginom ng alak, at masamang pagnanasa na mayroon tayo. Natakasan n'yo na 'yun. At ngayon ay itinatag kayo sa kabuhayan. Sinasabi ko ito sa Iglesya," sabi niya. Hayan nga. Binasa n'yo ba? Nakuha n'yo ba? Narinig n'yo ba ito noong basahin natin dito sa Ikalawang Pedro? Pakinggan n'yo mismo kung anong sinasabi niya rito, napakaganda ng pagkasulat nun dito, kung paano niya—paano niya sinabi ito. Sige. Pakinggan n'yo siya ngayon sa kanyang pananalita. Sige.

> Si Pedro, *Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesus Cristo, sa. . .nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Dios at Tagapagligtas na si Jesus Cristo:*
>
> *. . .kapayapaan ang—ang sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Dios at* kay *Jesus* Cristo *na Panginoon natin,*
>
> *Yamang—yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay. . .*

404 Sino ang magmamana ng lupa't lahat ng mga bagay? [May nagsasabi, "Mga banal."—Pat.] Tunay nga. "Nauukol. . ." Siyanga. Sige.

> *. . .na* nauukol *sa kabuhayan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya* na *tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian* sa kaluwalhatian:
>
> *Na dahil dito* ay *ipinagkaloob niya* sa atin *ang kaniyang mahahalaga. . .napakadakilang* pangako: *upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang* (Pakinggan n'yo 'yun.) *nasa sanglibutan dahil sa masamang pita.*

405 Pagnanasa sa salapi, pagnanasa sa malalaking bagay, pagnanasa sa kasikatan, ang mga bagay na ito'y patay na sa mananampalataya. Hindi natin alintana. Tolda man o dampa, bakit ako mababahala; sa mabuhay o mamatay, sa malubog o malunod? Ito yaong bagay na interesado ako, ang Kaharian ng Diyos. Mapanatili ko man ang aking tahanan, mapanatili ko man

ang aking pamilya, mapanatili ko man ang kung ano pa mang bagay, mabunsod nawa na mapanatili ko si Cristo, ang ating pag-asa ng Kaluwalhatian.

406 Itayo mo ako, Oh Panginoon, patungo sa *Ganito*. Maibunsod nawa na si Cristo ang maging Ulo ko, na gumagawa sa pamamagitan ko. Sa aking pundasyon, ang pananampalataya ko na nasa Kanya, maibunsod nawa na ang kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, at kagandahang-loob sa kapatid, ang kumilos sa akin, Oh Panginoon, 'yan ang aking dalangin. Wala akong pakialam; sa mamatay o mabuhay, sa malubog o malunod; may denominasyon, o walang denominasyon; may kaibigan o walang kaibigan. Maibunsod nawa na kumilos Iyon sa akin, maibunsod mismo na ang kagalingan ni Cristo, ang Kanyang kaalaman, ay dumaloy, para maituro ko ang mga 'yun.

407 "Sapagkat naglagay ang Diyos sa Iglesya, ng mga apostol, mga propeta, mga guro, mga pastor, at mga ebanghelista, lahat para sa pagpapasakdal at pagdadala ng lahat ng mga katangiang ito rito, para sa ikasasakdal ng Pagparito ng Anak ng Diyos." Ang bawat isa sa mga batong *ito* ay materyales sa Isang 'yun. *Ito* nga'y materyales Nito. Ang bawat isa sa mga katangiang ito ay Kanya, at bumubuhos ang mga ito mula sa Kanya, pababa sa pamamagitan nila. Amen.

408 Alas dose na. Saan lumipas ang lahat? Amen. Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Naniniwala ba kayo roon? ["Amen."] Makinig, munting anak.

409 Sinabi ni Kapatid na babaing Kidd, kaninang umaga, "Kapatid na Bill, hindi ko alam kung makikita pa kitang muli." Halos ikasawi ko 'yun. Kita n'yo? Naiisip niya na tumatanda na siya, at siya nga. Idinalangin ko sa Diyos na laanan pa siya at si Kapatid na lalaking Kidd, ng mahabang panahon.

410 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, di natin alam kung hanggang kailan natin makakapiling ang isa't isa. Hindi ko alam kung hanggang kailan ko kayo makakasama. Maaaring tawagin na ako ng Diyos palayo sa mundo. Maaaring tawagin Niya ako sa ibang larangan ng paglilingkod. Maaaring tawagin Niya kayo sa kung saan. Hindi natin alam. Pero, ating—ating kamtin mismo. Huwag nating hayaang lumampas ito sa atin. Kunin natin 'yun.

411 Hayan nga ito, sa Biblia. Heto ito, na humahambing sa lahat ng iba pa. At kung may oras lang sana ako para tugaygayin ito! Hindi mo nga magagawa nang isang araw. Alam n'yo 'yan. Pero, mapaglalakip-lakip natin ang buong bagay!

412 Tingnan n'yo, noong matapos natin ang mensaheng 'yun doon, nakita n'yo kung ano 'yung ginawa ng Espiritu Santo doon sa may dingding, hindi ba? Ilan ang nandito noon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Tunay nga! Bumaba

mismo, iginuhit ang parehong bagay, nung Anghel na 'yun ng Panginoon.

413 Kita n'yo, totoo ito. Huwag n'yong hahayaang makatakas ito sa inyo. Panghawakan n'yo ito, mga anak. Hawakan n'yo nang mainam. Tatandaan n'yo, idagdag n'yo sa inyong pananampalataya, ang kagalingan, kaalaman, pagtitiis!

414 Ngayon, heto, sa tingin ko dito ko lang naipatong 'yung kapirasong papel ko, kung di ko 'yun nahulog sa kung saan habang nangangaral ako kanina. Heto pala. Salamat, kapatid. Salamat, nang marami. Kung gusto n'yo pong—pong tingnan ito, at tingnan kung may bagay rito na maaari n'yong. . . Marahil medyo mas maayos na dibuho ito kaysa sa nakaguhit diyan, na mapagkokopyahan n'yo. Ipapaskil ko lamang ito rito, at maaari n'yo itong tingnan at—at imakinilya.

415 Gusto kong kunin n'yo ito at pag-aralan ito, at ihambing ito, at pagkatapos ay kumilos kayo ayon dito. Huwag n'yo lang pag-aralan ito, ihambing ito, haya't kumilos kayo ayon dito kapag gagawa kayo. Tanggapin n'yo ito nang taos-puso sa inyong sarili. Huwag n'yong sasabihin, "Buweno, nasiyahan ako sa pakikinig dito." Nasiyahan din, naman ako. Bagkus ang pakikinig dito, at pagkatapos ang tanggapin ito, ay magkaiba. Kita n'yo? Kita n'yo? Magkaiba ito. Kita n'yo?

416 Mayroong pitong kuwalipikasyon para maabot ang katangkaran ng Diyos. May Pitong Kapanahunan ng Iglesya, na dinala ng Diyos ang Iglesya sa kuwalipikasyong ito. At may pitong mensahero Siya para gawin ito. Mayroong pito, pito, pito. Kita n'yo? Ang bilang na pito ay—ay ang bilang ng kaganapan ng Diyos, at ang bilang na tatlo ay ang sakdal na bilang ng Diyos. Kaya, mayroong tatlo, at pitong tigatlo. Kaya, ayon sa matematika, ayon sa espirituwal, sa pamamagitan ng Salita, sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu Santo, ang lahat ng ito'y kinumpleto na ang bagay na magkakalakip. Pag-aralan natin ito.

417 Idagdag natin sa ating pananampalataya ang mga bagay na ito, kung ganoon, para makarating tayo sa ganap na pangangatawan ni Cristo; na pinagbubuklod-buklod ng banal na pag-ibig, pagkatakot sa Diyos, paggalang sa ating puso sa isa't isa, malalim na respeto sa isa't isa, kagandahang-loob sa mga kapatid na lalaki't babae, walang kabastusan kailanman, wala kundi pawang kalinisan ng pamumuhay na naaayon sa Espiritu Santo. Kita n'yo? Mamuhay nang sama-sama, maging Cristiano. Lumakad nang may pananampalataya. Hayaan n'yong dumaloy ang kagalingan ng Diyos sa inyo; hayaan ang kaalaman ng Diyos, pagdating sa tama at mali. Kapag nagpapakita ang diyablo ng isang bagay na hindi eksaktong naaayon sa Kasulatan, layuan n'yo ito. Siyanga.

418 Nakikinita ko nga ang mga apostol na hindi sila kumilos noon nang tulad natin. Pupunta sila, marahil mga kalalakihan na kaunti ang pananalita, hanggang sa tatayo sila sa pulpito. Papasok sila't isasagawa ang bagay na dapat nilang gawin, at lalabas na. Siyanga, po. May taglay silang kapangyarihan. Mayroon silang kagalingan. Wala silang pakikipagtalo sa mga tao. Alam nila kung saan sila nakatayo. Ganoon lang mismo. Alam nila kung sino ang sinasampalatayanan nila. Nagpatuloy sila sa paglalakad sa Espiritu. Ginagawa lamang. . .

419 Kagaya mismo ng sinabi ko noong isang gabi. Isang bahagyang pagtango, ganoon lamang ang kinailangang gawin ng Diyos, pagkatapos ay wala nang makakapigil sa kanila. Hindi sila nanguwestiyon at nag-aral, at nag-atubili at nag-alala na gaya ng ginagawa natin, na kung gagawin ba nila 'yung *ganito* o *ganoon*. Patuloy mismo sila na isinagawa 'yun, sa papaano mang paraan. Isang bahagyang tango lang mula sa Diyos, sapat na para magawa, agad-agad. Bakit? Papaano nila nalalaman na pagtango 'yun ng Diyos? Nasa kanila ang lahat ng mga katangiang ito rito, lahat ng mga kuwalipikasyong ito. At ang unang bahagyang pagtango ng Diyos ay maikukumpara sa bawat katiting *nito*, at sa Kanyang Salita. Batid nilang 'yun ang Salita ng Diyos, at humayo na sila. Hindi na kinailangang mangamba pa tungkol sa kung anong bagay. Kapag nagsalita ang Diyos, humahayo sila. Nagsasalita tayo. . .

420 Magsasalita ang Diyos sa atin, at sasabihin natin, "Buweno, magsisimula na kami. Titingnan namin kung kaya naming ipamuhay ang Buhay na ito." Malalaman mo na lang, mayroon nang tao na gagalitin ka. Buweno, sigurado, diyablo 'yun.

421 Dapat nakita n'yo siya na tinatangka akong pigilan sa pagtitipong ito ngayong umaga. Dapat na magkaroon kayo ng ganoon kung minsan. Oh, kaawaan! Kinakailangan kong makipaglaban sa tuwing babanggit ako ng isang pagtitipon. At kung mananalangin ako para sa isang maysakit, at may isang tao na naghihingalo't hindi pa ligtas, may tatlumpung tawag na papasok sa loob lang ng sampung minuto, na papasok mismo nang ganoong kabilis, para hadlangan ako rito. "Oh, Kapatid na Branaham, kailangan mong gawin *ito*." Pero may kaluluwa ngang nakataya. Siyanga. Oo.

422 Noong isang gabi, pinatawag ako sa isang lugar. Isang binata, kinausap ko siya rito sa anong-tawag-n'yo-rito, supermarket, ilang taon na ang nakalipas. Nalulong siya sa alak. Kilala ko 'yung binata, isang mabait na mabuting bata, pero isa siyang makasalanan. At mangyari nga na tumawag ang nanay niya. Sa tingin ko tinawagan niya si Doc nang ilang beses. Ako. . .Tumawag, at tinawagan nila si Billy, at—at sa wakas ay nakarating sa akin 'yung pasabi. At noong makarating sa akin 'yung pasabi, sa totoo lang, hindi pa ako nagkaroon ng ganoong

karaming pakikipaglaban sa buhay ko, para makapunta sa binatang 'yun.

423 At pagdating ko roon, hindi na ako makilala ng kaawa-awang binata. Naroon siya, nakahiga roon, na walang malay, at ganoon ang kalagayan. Sinisikap siyang tapikin ng kanyang tatay, at sinasabi, "Iho." At singkuwenta anyos na 'yung tatay, nasa singkuwenta'y uno na ang edad. At sabi, "Iho," *dito*, at "mahiga ka lang." At sinusubukan niyang bumangon. Yung nangangayayat niyang braso'y mga *ganoon* nang kanipis. Napakaraming kanser nung binata hanggang sa siya'y ubos na't tadtad na tadtad na mismo ng kanser. Lahat ng mga lamang-loob niya'y may kanser. Kahit 'yung dumadaloy na dugo niya'y kanser, lahat na. At naroon siya, sinusubukang bumangon, at ganoon ang kinasasadlakan.

424 Hinawakan ko siya sa kamay, sabi ko, "Woodrow, Woodrow, si Kapatid na Branham ito."

425 Sabi ng tatay niya, "Di mo ba nakikilala? Si Kapatid na Bill ito. Woodrow, si Kapatid na Bill ito."

Sabi niya, "Uh. Huh. Uh-uh-uh." Siya nga'y *gumaganoon*.

426 At tumingin ang tatay niya't ang sabi, "Billy, medyo huli ka na ng dating."

Sabi ko, "Hindi kailanman huli. Narito Siya." Nagkaroon lang ako ng pakikipaglaban.

427 At pagkatapos 'yung ibang kabinataan, ilan pang mga kabinataan, mga makasalanan, sila'y nakatayo roon, ilan sa mga kamag-anak niya. Sabi ko, "Nakita n'yo, mga iho, maghanda nga kayo, dahil hahantong din kayo sa ganitong kalagayan. Siguradong hahantong kayo sa ganito. Kita n'yo? Marahil hindi sa pamamagitan ng—ng kanser na ganito. Marahil humantong kayo sa iba, marahil mahandusay kayo sa highway, na halos mamatay na dahil sa lubhang pagdurugo, o kung ano. Hahantong at hahantong kayo sa ganito." Kinausap namin sila.

428 Hinihintay kong makita kung ano ang sasabihin ng Espiritu na gawin. Naghihintay. Tapos bigla na lang, naramdaman ko 'yung munting tango na 'yun. "Ipatong mo ang iyong mga kamay sa kanya."

429 Lumakad-lakad ako, nagsabi, "Iyuko n'yong lahat ang inyong mga ulo." Iniyuko nilang lahat ang kanilang mga ulo, dalawa o tatlong kabataan ang nandun.

430 Ipinatong ko ang mga kamay ko sa kanya. Sinabi ko, "Panginoong Diyos, ipahintulot Mo pong magkamalay ang binatang ito para malaman niya kung ano ang gagawin niya, bago niya kakaharapin ang bagay na ito. Mamamatay na siya. Ginapos siya ng diyablong ito, at siya'y papanaw na. At lulong siya sa pag-inom na umabot na sa puntong ikamamatay niya, at heto siya sa ganitong kalagayan. Dalangin ko po na mahabag

Ka sa kanya." At noong ipinanalangin ko siya, kinaumagahan nakaupo na siya, nakikipag-usap na sa kanyang tatay.

431 Si Busty Rogers, na . . . Tinawag nila ako rito sa ospital, di pa katagalan. Naroon ako noong araw na 'yun, katatapos ko lang mangaral noon sa Milltown kung saan gumaling ang munting si Georgie Carter. Naaalala n'yong lahat ito. At 'yun 'yung panahon dun noon na si Kapatid na Smith, isang mangangaral ng Methodist, siya'y nagsabi, "Ang sinuman na mabautismuhan kailanman, sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumabas kayo sa ilalim ng tolda ko," parang ganoon. Doon sa Totten Ford, nagdaraos ako ng pagtitipon doon. At, oh, talagang binatikos niya ako sa lahat na ng bagay na maiisip n'yo. Hindi ako kailanman umimik; nagpatuloy lang ako. May atas sa akin. Ipinakita ng Panginoon sa akin ang isang pangitain. May isang tupa roon, na nakatali sa isang lugar sa ilang. Naaalala n'yong lahat ang pangitain, lahat kayo. Sa palagay ko nga'y naaalala n'yo. Naaalala n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga. Buweno. Pagkatapos ay papunta na ako sa ilang doon, na hinahanap ito.

432 Nagpunta ako sa Totten Ford. Alam ni Kapatid na Wright diyan. Nagpunta kami, na hindi pa alam noon kung anong gagawin. Bumili ako ng maliit na kahong-entablado, sa halagang diyes sentimos. Balak kong pumunta roon, tatayo roon at mangangaral sa entablado na 'yun. Nabanggit niya na pupunta raw siya, sa ituktok ng burol, para makipagkalakalan. Sumama ako sa kanya. May isang malaki't lumang simbahan ng Baptist na nakatayo roon, walang laman. Sinabi ng Panginoon sa akin, "Huminto ka riyan."

433 Sabi ko, "Pababain mo na ako rito, Kapatid na Wright." Tumigil ako. Tumuloy na siya't bumalik.

434 Nagpunta ako roon, at hindi ko mabuksan ang pinto. Sabi ko, "Panginoon, kung narito Ka sa bagay na ito, na nais Mong pumasok ako sa simbahan, buksan Mo po ang pintuan para sa akin." Naupo ako roon at nagbubulay.

435 Narinig kong may paparating; lumapit, at sabi nung lalaki, "Kumusta po kayo? Napaghahalata ko," sabi, "gusto mo po bang pumasok sa simbahan?"

Sabi ko, "Opo, ginoo."

Sabi niya, "Dala ko rito ang susi."

436 Nagpasimula ng isang pagtitipon. Noong unang linggo, halos wala. Unang gabi, may kongregasyon na, si Kapatid na Wright at ang kanyang pamilya. Di n'yo namamalayan, sa pagtatapos ng sanlinggo, ni hindi na makatayo sa bakuran 'yung mga tao, halos. Sa kabila nun ay di pa rin dumating ang tinutukoy na tupang 'yun. Naligtas si Kapatid na Hall noong sandali na 'yun, na siyang pastor na ngayon doon, pati silang lahat. Hindi ko mahanap kung nasaan ang tinutukoy na tupang 'yun. Pagkaraan ng ilang panahon, mula sa Church of Christ, sa ibaba lamang ng

burol, 'yung munting babaing 'yun na siyam na taon at walong buwan na di makakilos, nakaratay siya roon. Naroon pala siya. Alam n'yo nang lahat 'yung kuwento. Siyanga, po.

437 At noong hapon na 'yun noong si Busty Rogers, napakalaki't matipunong beterano na nakatayo roon. . . Lumabas ako roon. At naroong nakatayo ang kongregasyon ni Kapatid na Smith para pagtawanan ako, tuyain ako, dahil sa pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus. Lumusong ako roon sa maputik na katubigan ng Totten Ford, kung saan mayroon silang. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . . sa sapa roon, at talagang umuugong nang napakalakas. Ilang diyakono ang kasama kong lumusong.

438 Sabi ko, "Nakatayo ako rito ngayong hapon bilang kumakatawan sa Banal na Kasulatan ng Diyos." Sabi ko, "Nabasa ko sa Biblia rito kung saan sinabi ni Pedro, 'Mangasisi, ang bawat isa sa inyo, magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan.'" Bumaling ako, ibinigay ang Aklat sa isa sa mga diyakono.

439 Lumakad doon, at sinabi ko, "Sinuman ang nagnanais, na nagsisisi sa kanyang kasalanan, ay nararapat lumapit." Lumusong na ako roon sa tubig. Sabi ko, "Para bang sa akin ay nakaupo ang mga Anghel sa bawat sanga ngayon, nakaantabay." Oh, grabe! Noong panahong 'yun mismo ay nagbabautismo ako ng mga dalawa o tatlo, tapos 'yung buong kongregasyon niya, 'yung mga kababaihan ay nakasuot pa ng pinong seda, ay nagsilusong sa tubig, nagsisigawan sa abot ng makakaya ng boses nila. Binautismuhan ko ang buong kongregasyon niya sa Pangalan ni Jesus Cristo. Alam n'yo mismo 'yun. Mayroon akong litrato nun. Nandiyan nga.

440 Ano 'yun? Nagdadagdag sa inyong kagalingan. Kita n'yo? Hayaan n'yo lang. Alam ng Diyos kung paano ito gagawin. Alam ng Diyos kung paano isasakatuparan ang mga bagay na ito. Hayaan n'yo silang sabi-sabihin kung anong gusto nila. Walang iibahin 'yun. Basta magpatuloy ka lang.

441 Nakatayo roon si Busty Rogers, noong makita niya 'yun, sabi niya, "Kung ganoon ay sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko." At lumusong siya roon sa tubig, suot ang magara niyang damit, at nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.

442 Mga tatlo o apat na taon na ang nakalipas, pinatawag nila ako rito sa ospital sa New Albany. Hayun siya, na naghihingalo, dahil sa kanser, sadyang kinain na siya. Tinaningan na siya ng mga doktor na hanggang kinaumagahan na lang siya, mabubuhay. Sabi, "Mamamatay na siya." Sabi, "Pumunta ka agad."

443 Tumuloy ako roon sa silid, noong nagpunta nga ako, para tumayo roon at manalangin. Sabi, "Billy, may isang bahaghari na nakapaikot sa sulok na 'yun sa banda roon."

444 At lumingon ako, para tingnan. Sabi ko, "Busty, isa itong tipan. Hindi ka mamamatay. Inililigtas ka ng tipan ng Dugo."

445 Ipinatong ko ang mga kamay ko sa kanya, sinabi, "Panginoong Diyos, mangyari po na ang pangitain na 'yun ay nagpapatunay na narito Ka mismo. Ang Iyong tipan ay, ganito, 'Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling kami.'" Pinatungan ko siya ng mga kamay, at gumaling siya roon. Pinauwi na siya.

446 At mga apat o limang taon ang lumipas, mga apat na taon, nangingisda na siya nang taas-baba sa ilog at lahat na, hayan nga. At kung nasaan dati 'yung kanser sa esopago ng tiyan, na nagkakalyo, mayroon nga roong malaking matigas na bukol. Yung mga doktor, 'yung mga beterano ng ospital, nagsasabi sila sa kanya na mayroon daw silang lunas sa pamamagitan ng cobalt na makakapagpaimpis nun, para mas maraming pagkain ang dumaan nang minsanan. Siya nga'y nahihirapan na magpababa ng maraming pagkain, kinakailangan niyang bagalan ang pagkain. Nagpunta siya para mapaayos na. Hindi ko alam na pumunta siya.

447 Pagkatapos noong maoperahan na nila siya, mangyari nga na kinombulsyon siya, at na-stroke siya. Naparalisa ang tagiliran niya pababa nang paganoon. At ang tanging bagay na nagagawa niya ay umiyak lang sa kalahati niya. At kinukuha niya 'yung lapis, nang *paganoon*, at gumanito, "uh, uh, uh." At pinilit niyang magsulat, na nanginginig nang *paganoon*, gamit ang maayos niyang kamay. Yung kaliwang tagiliran niya, ay naparalisa pababa. At sumulat siya, gamit ang kanyang kamay: "Nagliligtas si Jesus, taong 1900 at humigit-kumulang." Hindi nila maunawaan 'yun.

448 Kaya ngayon noong sabihin ng maybahay niya, "Kapatid na Branham, hindi ko alam ang ibig niyang sabihin dun."

449 Sabi ko, "Gng. Rogers, ang ibig niyang sabihin, 'yang 1900 at humigit-kumulang, 'yan 'yung naligtas siya at nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus sa dako roon. Yan ang resulta ngayon. Hindi siya takot na mamatay."

450 Sabi ko, "Panginoong Diyos, iligtas Mo po ang kanyang buhay. Idinadalangin ko ito, sa Pangalan ni Jesus, na iligtas Mo ang kanyang buhay." Pinatungan siya ng mga kamay. Iniwan na siya ng stroke. At tumigil ang kombulsyon. At bumangon siya sa pagkakaratay. At nakakatayo na siya ngayon, nakakapagpatotoo.

451 Idagdag n'yo sa inyong pananampalataya, ang kagalingan; idagdag n'yo sa inyong kagalingan, ang kaalaman; sa inyong kaalaman, pagpipigil; sa inyong pagpipigil, pagtitiis; sa inyong pagtitiis, kabanalan; sa inyong kabanalan, pagmamahal sa kapatid; sa inyong pagmamahal sa kapatid, ang Espiritu Santo, at darating na si Cristo. Dahil, sa ilalim lamang Niya. . .Ang

Espiritu Santo'y ang Espiritu ni Jesus Cristo sa Iglesya, para ipamalas ang mga katangiang 'yun. Oh, grabe!

Heto na, sangkapat na oras lampas ng alas dose na.

I love. . .I love Him
Because He first loved me

Sa ibaba *rito*, bago kayo naging anuman.

And purchased. . .(Anong ginawa Niya?). . .
my salvation
On Calvary's tree.

Papaano akong naging *ganito*? Dahil inibig Niya ako, nang una.

I love Him, I love Him
Because He first loved me (Yan ang dahilan.)
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

452 Nangangako ako, ngayong umaga, sa Kanya, nang buong puso ko, na, sa tulong Niya at sa biyaya Niya, dalangin ko na dudulog ako araw-araw, nang walang humpay, hanggang sa madama ko na dumadaloy ang bawat isa sa mga hinihinging ito sa maliit kong pangangatawan na ito, hanggang sa ako'y maging kahayagan mismo ng buhay na Cristo. Dahil, Siya'y naging kasalanang tulad ko, upang ako'y maging. . .maging katuwiran ng Diyos, tulad Niya. "Humalili Siya sa lugar ko; Panginoon, hayaan Mong kunin ko naman ang lugar Niya ngayon." Dahil, 'yun ang layunin ng pagkamatay Niya. Ilan ba ang mangangako ng ganoon ding bagay, sa biyaya ng Diyos? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon, at nakataas ang ating mga kamay.

I. . .

453 Ipinapangako ko po ito, Panginoon, ipinapangako ito ng iglesyang ito, "Ang ganap na katangkaran ni Jesus Cristo!"

Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

62-1014M Ang Katangkaran Ng Isang Taong Sakdal
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org